"Blue..." bulong ko, ang mga mata ko'y basa na naman nang kaunti. "Hanap ka ng daan palabas... pero sana wag na doon sa air vent, ha?"

Nag-ngiyaw lang siya—matinis ulit, parang tango... o parang pang-aasar.

Mahilig talaga ako sa mga pusa...

"Alam mo ba, Blue," bulong ko habang hinahaplos ang likod niya, "naalala ko nung maliit pa ako, nakapulot ako ng kuting sa labas ng bahay. Itim Naman Yun... Payat na payat, gusgusin, basa pa sa ulan. Inuwi ko siya, tinago sa kwarto ko, pinakain ko ng kanin at gatas. Sobrang saya ko nun...."

Tumingin ako kay Blue—nakadapa siya sa kama, ang mga mata'y nakapikit nang bahagya sa sarap ng haplos ko.

"Pero isang araw, nakita ni Kuya Zeke. Galit na galit siya. Sabi niya, 'Madumi 'yan, Athena! Gusgusin! May sakit pa yan, baka mahawa ka!' Pinatapon niya... dinala sa malayo. Umiiyak ako noon, pero wala akong magawa. Natural lang naman 'yon diba? Na maging gusgusin kapag walang nag-aalaga? Kapag nag-iisa?"

Tanging ngiyaw lang ang sinagot niya sa akin—mahinang-mahina, parang sympathy.

Napangiti ako—

Napatingin ako sa sarili ko sa maliit na salamin sa dingding. Gusot ang buhok, maputla ang mukha, Ang damit ko—bagong-bago pa naman galing kay Ate Maureen—pero pakiramdam ko... parang ako na 'yung kuting sa kwento ko dito.

"Gusgusin ba ako, Blue?" tanong ko, ang boses ko ay mahina na may halong biro.

Sumagot siya ng ngiyaw—matinis, parang "oo!"

"Grabe ka sa akin!! Gusto mo bang hindi kumain?!" kunwari lang na galit ko, hinampas ko nang mahina ang unan sa tabi niya. Tumalon siya nang bahagya, pero hindi tumakbo. Sa halip, sumampa ulit siya sa kandungan ko, sinubsob ang ulo sa tiyan ko.

Sumagot ulit siya ng ngiyaw—mas malambot ngayon, parang "hindi naman."

Napangiti ako ulit—totoo na ngayon.

"Salamat, Blue," bulong ko, niyakap ko siya nang mahina. "Kahit ikaw lang ang naniniwala sa akin... okay na ako."

At sa kwartong iyon— sa araw ng birthday ko na walang cake, walang kandila, walang kahit sino maliban sa amin—si blue Lang ang nagparamdam sakin na special ako .

At siguro...Kung aalagaan Namin ang isa't isa magiging maganda at maayos din kami.

Kahit sa ganitong paraan lang...pakiramdam ko Hindi ako nag iisa...

Si Elijah… lagi naman siyang umaalis. Nagpapakita lang siya kapag may kailangan siya sa akin—kapag gusto niya akong gamitin.
Iyon ang nasabi ko kay Blue, basag ang boses, habang pilit kong pinipigilan ang mga luhang nakaabang na Naman. Pero kahit anong pigil ko, tumulo pa rin ang mga iyon—tahimik, sunod-sunod, parang sanay na ring masaktan.

Parang ganito na lang lagi.

At sa tuwing umaalis siya, pakiramdam ko'y may parte na naman ng sarili ko ang iniiwan niyang wasak—pero kailangan ko pa ring pulutin mag-isa.

“Blue… pwede mo ba siyang kagatin para sa'kin?” bulong ko sa kuting na muli na namang nagngingiyaw sa harap ko.

Pinilit kong ngumiti, pero agad ding nabasag iyon ng panginginig ng labi ko.

“Kagatin mo siya, ha…” naiiyak kong sabi habang marahan ko siyang hinihimas.
Para bang sa kanya ko na lang kayang ilabas ang lahat ng hindi ko masabi.

“Kasi salbahe siya… bastos siya…” saglit akong napahinto, nilunok ang buo sa lalamunan ko.

“at saka… malupit siya.”

Tahimik lang si Blue, patuloy sa pagngiyaw—walang sagot, walang pangako. Pero kahit paano, mas ramdam ko pa ang presensya niya kaysa sa lalaking paulit-ulit akong iniiwan na parang gamit lang na pwedeng balikan kung kailan niya gusto.

Maghapon kaming magkasama ni Blue sa lugar na iyon—isang lugar na para sa iba'y tahanan, pero para sa akin ay isang malaking kulungan.

Malawak ito, parang isang maze na walang labasan. Halos kabisado na nga ni Blue ang bawat pasikot-sikot, bawat sulok na paulit-ulit kong tinatahak na parang multo.

Katulad ngayon, naglakad-lakad na naman kami. Nauuna siya palagi—maliit, mabilis, parang sanay na sa pag-iwan.

May nilusutan na naman siyang daan at, gaya ng dati, pinapasunod niya ako.

"Blue… hindi ako kasya diyan," mahina kong sabi.

Lumusot siya sa isang maliit na butas sa pader—isang siwang na kasya lang ang dalawang kamay ko. Sinubukan kong silipin, pero puro dilim lang ang bumungad.

Nagngiyaw siya.

"Blue…?" tawag ko.

Walang sagot.

Biglang sumikip ang dibdib ko.

"Blue!" halos hampasin ko na ng kamay ang pader kung saan siya dumaan. Nanginginig ang mga daliri ko habang pilit kong sinisilip ang butas, umaasang lilitaw siya kahit saglit lang.

Umiiyak akong naghintay. Ilang minuto ang lumipas—pero wala pa rin siya.

"Blue… naman," hikbi ko, halos hindi na mabuo ang boses ko.

"Ikaw na nga lang ang kasama ko… huwag mo naman akong iwanan…"

Pero katahimikan lang ang sumagot.
Napatingin ako sa gilid, kunot noo, nang mapansin ko ang isang batong nakapatong sa gilid—parang itinabi, parang may tinatago.

Akmang hahawakan ko iyon—
Nang biglang may humawak sa kamay ko.

Mahigpit. Malamig. Walang babala.
Napasinghap ako.

"Ano na namang ginagawa mo, Athena?"
Galit ang boses ni Elijah.
Pagtingin ko sa kanya, at ang mga mata niyang tila pagod pero mas lalong mapanganib. Parang masama ang timing ng paghinga ko sa mismong sandaling iyon.

Nanigas ang buong katawan ko sa higpit ng pagkakahawak niya. Parang isang maling galaw lang, at tuluyan na akong mababasag.

"Tinatanong kita," madiin niyang ulit, bahagyang hinihila pababa ang kamay ko. "Ano. Na. Naman. Ang.

Ginagawa. Mo.”

Hindi ako agad nakasagot. Nakatitig lang ako sa pader—doon sa maliit na butas na nilusutan ni Blue. Parang hinihigop ng dilim ang liwanag, parang sinasabi sa akin na wala na akong dapat hanapin pa.
“Si Blue…” paos kong sabi luhaan. “pumasok siya Diyan..”

Saglit siyang natahimik.

Akala ko may lalabas na galit. Sigaw. Paninisi. Pero imbes na iyon, isang mabigat na katahimikan ang bumagsak—mas nakakatakot kaysa sa sigaw.

“Pusa lang Yun... hayaan mo na..” malamig niyang sabi.
Isang simpleng linya. Pero parang sinampal ako.

“Hindi siya pusa lang,” nanginginig kong sagot bago ko pa napigilan ang sarili ko. “Siya na lang ang kasama ko dito eli—”
Bigla niyang hinigpitan ang hawak sa kamay ko.

Napasinghap ako sa sakit.

Inilalapit ang mukha niya sa akin. “Nandito ka dahil gusto ko. Nabubuhay ka dahil pinapayagan kita...gusto mo ng kasama...?.”ngumisi siya kalaunan...parang may naiisip na iba. At humawak pa sa pisngi ko..

“Kung gusto kong mawala ang pusa yun,” dagdag niya, malamig ang tinig, “mawawala Yun noon pa ..”
Napatigil ang pag-iyak ko. Hindi dahil tumigil ang sakit—kundi dahil natakot ako.

Dahan-dahan niyang binitawan ang kamay ko, pero mas nakakakaba ang sumunod niyang ginawa—itinukod niya ang palad niya sa pader, hinaharangan ang daan ko, ikinulong ako sa pagitan ng katawan niya at ng bato.

“Gusto mo siyang mahanap?” tanong niya, bahagyang nakangisi—isang ngiting walang init.

Tumango ako. Paulit-ulit. Parang bata. Parang wala nang natitirang dignidad.

“Sumunod ka,” utos niya.
At sa sandaling iyon, naintindihan ko—
Hindi lang ang lugar na ito ang kulungan... May Iba pang lugar sa likod Ng pader..

Chapter 20

Iniangat ni Elijah ang kamay niya at inilapat iyon sa batong kanina ko pa tinititigan. Isang ordinaryong bato—gasgas, marumi, parang bahagi lang ng pader. Pero nang pinihit niya iyon, may mababang tunog na umalingawngaw sa paligid.

Nanlaki ang mga mata ko.

Biglang umuga ang sahig sa ilalim ng paa namin. Dahan-dahan, tumaas ang pader sa tabi namin. May gumalaw na mga bakal sa loob—may kalansing—hanggang sa tuluyang bumukas ang isang makitid na daanan.

Isang secret passage.

Mula sa loob nito, may malamig na hangin na lumabas—may amoy ng alikabok at lumang bakal. Madilim. Masikip. Parang hindi ginawa para sa mga taong gustong makalabas, kundi para sa mga kailangang itago.

Napatras ako nang bahagya, ang likod ko'y sumagi pa sa dibdib niya.

“Ano… ano ’yan?” mahina kong tanong, pero parang nilamon lang ng dilim ang boses ko. Ang mga kamay ko'y nanginginig na, nakakapit sa damit ko na para bang may mahahawakan akong makakapagpigil sa akin.

“Shhh...,”

Tumingala ako sa kanya—ang mga mata nia'y madilim pa rin, pero may kung anong ningning roon na hindi ko maipaliwanag.

Dahil nasa unahan ako, Marahan niya akong itinulak palapit sa bukas na daanan—

“Diyan siya dumaan,” sabi niya, walang emosyon. “Kung papasok ka, makikita mo.”

Napatingin ako sa dilim. Sa makipot na lagusan na iyon— Ramdam ko ang lamig na kumakalat sa balat ko, ang amoy na lalong lumalakas—

“Blue…” pabulong kong tawag, ang pangalan niya'y nanginginig sa lalamunan ko, halos hindi lumabas. Nanginginig ang mga tuhod ko, ang mga paa ko'y parang nakadikit sa sahig, ayaw gumalaw.

Hindi ko alam kung alin ang mas kinatatakutan ko—ang pumasok sa daanang iyon na parang libingan, o ang maiwan sa likod... kasama niya.

At bago pa ako makapag-isip nang maayos, bago pa ako makapagmakaawa... itinulak niya ang likod ko pasulong—

“Lakad na.”

At pumasok kami sa isang lugar na hindi dapat nalalaman ng kahit sino—lalo na ng isang tulad ko.

Ang dilim ay agad na yumakap sa amin. Naririnig ko ang hininga ko—mabilis, malakas—

Hindi siya nagsalita ulit.

Pero ramdam ko siya—ang presensya niya na parang anino na nasa likod ko..

At habang papalapit kami sa kung saan man patungo 'tong lagusan na 'to... ang tanong ko lang sa isip ko:

Ano ang makikita ko sa dulo?

Si Blue ba... o isang bagay na hindi ko na dapat makita?..

Nang makarating Kami sa dulo..lumibot ang paningin ko..nagsalita Siya..

"Ang lugar na 'to…"Aniya.

“Bagong playground 'to ng kapatid ko,” sabi ni Elijah habang pinapadaan ang tingin sa paligid, ang boses niya'y walang emosyon, parang naglilibot lang sa isang ordinaryong kwarto.

Sumunod ang mga mata ko sa kanya—at doon ko nakita ang mga gamit. Hindi ko alam kung ano ang tawag sa iba: mga strap na bakal na nakakabit sa pader, mga chain na nakasabit sa kisame, mga instrumento na makintab pero nakakakilabot ang hugis. Alam ng katawan ko kung para saan sila—kusang sumikip ang dibdib ko, ang balat ko'y nagkaroon ng goosebumps kahit malamig na ang hangin.

“Ayaw na niya doon sa bodegang pinagdalhan ko sa'yo,” dagdag niya, may ngiting hindi umabot sa mga Mata..

Nanlamig ako—parang binuhusan ng yelo ang buong katawan ko.

Sa gitna ng silid, nandoon ang isang hospital bed. Malinis. Puting kumot, adjustable ang head at foot, may mga restraint sa gilid na bakal. Tahimik. Pero mas nakakatakot kaysa sa kahit anong maruming kulungan na nakita ko na.

“A-ano ba… ang kapatid mo?” tanong ko, pilit pinatatatag ang boses kahit nanginginig na ang loob ko, ang mga kamay ko'y nakakuyom na sa gilid ko.

“May… may sakit ba siya sa utak?” maingat kong dugtong—takot na takot akong mali ang masabi, na baka maging dahilan 'yon para...

Hindi siya sumagot.

Nakatitig lang siya sa akin, parang binabasa ang bawat iniisip ko, bawat takot na sumasagi sa mukha ko. Ang mga mata niya'y madilim, walang kislap, na para bang wala siyang nararamdaman.

“K-kaya pala…” nasabi ko na lang, desperado lang na may masabi. Kahit ano. Kahit mali. Para may tunog sa katahimikan na 'to na nakakabaliw.

Biglang kumunot ang noo niya—malalim, na para bang may sinabi akong labis na mali.

Sa isang iglap, naglakad siya ng mabilis naramdaman ko na lang ang kamay niya sa leeg ko.

Mahigpit.

Napasinghap ako habang halos mapaangat ang mga paa ko sa sahig—ang mga daliri niya'y nakasakal sa leeg ko, sapat na para hindi ako makahinga nang maayos. Nanlabo ang paningin ko, parang lumiit ang mundo sa paligid..

“E-Elijah…” hirap kong sambit, pilit humahawak sa braso niya, ang mga kuko ko'y nakakapit na sa balat niya, pero hindi siya natinag.

“Kaya ano?” ulit niya, mababa ang boses, mapanganib na mapanganib, na para bang bawat salita ay babala. “Tapusin mo.”

Hindi ako makasagot—

Pumikit ako, kusa—ayokong makita ang mga mata niyang nanlilisik sa galit. Ayokong makita kung gaano siya kaseryoso, kung gaano siya kawalang-awang gawin ang anumang nasa isip niya.

Pero maya-maya, itinagilid niya ang ulo ko—marahas pero controlled.

Napadilat ako sa gulat nang maramdaman ko ang paglanghap niya sa leeg ko—malalim, mabagal, na para bang inaamoy ang takot ko.

Ang lapit niya. Masyadong malapit. Ang hininga niya'y mainit sa balat ko.

“Ang bango mo naman…” bulong niya, ang boses niya'y biglang nagbago—mababa, paos, puno ng ibang uri ng gutom.

Nanlamig ang buong katawan ko—pero sa ibang dahilan ngayon.

“Elijah!” napasigaw ako—

Pero huli na.

Binuhat na niya ako—at inihiga sa hospital bed. Lumangitngit iyon sa ilalim ng katawan ko—isang tunog na hinding-hindi ko makakalimutan..

At doon, sa gitna ng malamig na silid at mga bagay na hindi dapat nandoon—mga strap na nakahanda, mga instrumento na nakasabit—naintindihan ko.

Ang kapatid niya ay Hindi ordinaryo...Baka pati siya ay ganun din.

Ito ang bagong "playground" nila.

At ako... ang bagong laruan ni Elijah.

Wala akong kontrol sa kung anong susunod.

Natakot ako bigla sa gagawin niya—ang mga mata niya'y madilim pa rin, ang kamay niya'y nakalahad na sa strap ng hospital bed, na para bang anumang segundo ay ikakabit na niya 'yon sa pulsuhan ko. Ang dibdib ko'y mabilis ang tibok, ang mga kamay ko'y nakakuyom na sa gilid ng kama, handa na sa kung ano mang susunod.

Maya-maya pa, napatingin siya sa paanan niya—si Blue umaangil. Kinakamot nito ang sapatos niya, ang maliit na paa ay paulit-ulit na sumasampal sa leather, ang balahibo'y nakatayo, ang ngiyaw niya'y

matinis na matinis, na para bang sinasabi niya Kay Elijah na "*Huwag mo siyang Saktan ako ang harapin mo!"*

Parang pinagtatanggol ako ngayon ng maliit na kuting—ang katawan niya'y maliit lang, pero ang tapang niya'y parang leon na handang lumaban para sa akin.

Akmang sisipain 'yon ni elijah—ang paa ni Elijah ay umangat nang bahagya—ng sumigaw ako.

"Huwag!!" malakas, matinis, puno ng takot at galit na hindi ko inaasahan sa sarili ko.

Mabilis akong umalis sa kama—halos gumapang na ako pababa—at niyakap ang kuting na nasa dibdib ko na ngayon. Mainit si Blue, nanginginig nang bahagya, pero ang ngiyaw niya'y hindi tumigil, parang sinasabi niyang "*Nandito ako, hindi ka na mag-isa."*

Nakatitig sa akin si Elijah—matagal, walang kurap. Ang mga mata niya'y naningkit saglit, parang nagugulat... o naiinis? Hindi ko mabasa. Ang panga niya'y igting pa rin, pero ang kamay niya'y bumaba na, hindi na itinuloy ang sipa.

Saka siya bumuntong-hininga—malalim, mabigat, na para bang pinipigilan ang isang bagay sa loob niya.

"Let's go," aya niya, ang boses mababa pero hindi na galit. Nagpatiuna na siyang lumabas—pabalik sa makipot na daanan na pinasukan namin, ang mga hakbang niya'y mabigat ulit sa concrete floor.

Sumunod ako—niyakap pa rin si Blue sa dibdib ko, ang maliit niyang puso'y mabilis Din ang tibok laban sa akin.

naglalakad kami pabalik sa dilim ng lagusan—ang secret passage na 'yon na nagiging mas claustrophobic sa bawat hakbang—

Hindi niya pa ako pinapatay.

Hindi niya ako tuluyang... Ginawan ng masama kanina.

Dahil sa isang maliit na kuting na handang lumaban para sa akin.

At si Elijah... siguro, sa unang pagkakataon, nagdalawang-isip siya.

Kahit sandali lang.

Nang makalabas na kami, dumiretso kami sa kwarto niya—ang kamay niya ay nasa baywang ko, hinahawakan nang mahigpit.

Pasimple kong binitawan si Blue—hinayaan ko siyang tumalon sa sahig at tumakbo sa ilalim ng cabinet. Pinalayo ko siya. Ayokong makita niya ang balak na gawin sa akin ni Elijah. Ayokong marinig niya ang mga ungol ko, ang mga hikbi ko, o kung ano man ang mangyayari mamaya. Sapat na ang ginawa niya kanina—pinagtanggol niya ako. Ngayon, ako naman ang magpoprotekta sa kanya.

Pagkapasok, nagulat pa ako nang makita ang isang pink na gown sa ibabaw ng kama niya. Hindi basta pink—ito yung uri ng pale blush pink na ginagamit sa mga debut, flowing chiffon na may layers sa laylayan, off-shoulder ang design na may delicate lace sleeves at sweetheart neckline, may mataas na slit sa gilid para sa legs, at may train pa sa likod na hindi masyadong mahaba pero eleganteng-elegante. May beadings pa sa bodice na parang stars, sparkling kahit sa dim light ng kwarto. Pang-debut

talaga—parang galing sa isang fairy tale na 18th birthday ball, yung tipong isinusuot ng debutante habang nagwa-waltz sa ilalim ng chandelier.

Nakatitig lang ako roon, hindi makagalaw.

"Wear that," utos niya, walang bakas ng lambot. "I'll give you 20 minutes to prepare."

Hindi siya ngumiti. Hindi siya tumingin sa mga mata ko nang matagal. Diretso lang ang titig niya sa gown, na para bang iniisip na niya ako na suot 'yon...

Saka siya lumabas ng kwarto—

Naiwan akong nakatayo roon—

Chapter 21

Mabilis akong kumilos—naligo muna ako nang mabilisan, hinayaan ang mainit na tubig na maghugas ng lahat ng alikabok at takot na nararamdaman ko pa rin mula sa "playground" na 'yon. Pagkatapos, hinubad ko ang damit ko at isinuot ang lace underwear na kasama Doon sa gown na nakalatag—manipis, itim, nakakakaba sa pakiramdam—tapos ang pink na gown.

Sa una, nahirapan pa ako. Ang zipper sa likod ay matigas abutin, ang tela ay dumudulas sa balat ko, at ang slit sa gilid ay mataas na mataas na halos nakikita ang garter. Pero dahil pursigido ako—at excited, sa wakas, dahil ngayon lang sa buhay ko makakasuot ng ganito—isinuot ko 'yon nang maayos.

Perfect siya sa katawan kong balingkinitan—yumakap ang chiffon sa bewang ko, ang off-shoulder ay nagpapakita ng balikat ko nang elegante, ang layers sa laylayan ay dumadaloy nang maganda kapag gumalaw ako. Ang beadings sa bodice ay kumikinang kahit sa dim light, na para bang may sariling buhay.

"Ang ganda...!!" bulalas ko nang mapatingin sa salamin—hindi ko mapigilan ang ngiti, ang mga mata ko'y nagniningning sa sarili kong reflection. Para akong debutante talaga—prinsesa sa isang ball na hindi ko inexpect.

Nagulat pa ako nang may nagbukas ng pinto at pumasok si Ate Maureen—may dala siyang maliit na pouch na puno ng makeup, ang ngiti niya'y malapad na malapad.

"Wow!!! Ang pretty naman!" puri niya agad, ang mga mata niya'y nagniningning habang pinapasadahan ako mula ulo hanggang paa. "Halika, ayaw sana ni Elijah lagyan ka nito, kaso pinilit ko. Maganda kaya pag nakamake-up din!"

Napapangiti ako—sa unang pagkakataon ngayong araw, totoong ngiti. Pinaharap niya ako sa salamin at inayusan nang mabilisan: light foundation para pantay ang kulay, blush para may glow ang pisngi, eyeliner at mascara, at soft pink lipstick na match sa gown. Hindi heavy—natural lang, pero enhancing.

Dahil mainipin daw si Elijah at baka maging killjoy sa party ko binilisan na ni ate Maureen..

Nang matapos, pinaharap niya ako ulit sa salamin.

Halos matulala ako.

Di ko alam na may igaganda pa pala ako—ang mukha ko'y fresh, glowing, ang mga mata ko'y parang may sariling liwanag, ang gown ay perfect na perfect sa akin. Para akong... ibang Tao..

"Ay! Girl, ang perfect mo kaya na-obsessed sa'yo si Elijah eh," aniya na tumatawa, hinahaplos ang buhok ko na inayos niya... Clip sa dulo at hinayaang nakalugay.

Napatingin ako rito—seryoso na ngayon.

"Obsessed?" tanong ko, ang boses ko ay mahina, pero may curiosity.

Tumango siya, ngumiti—may halong lungkot doon, pero may encouragement din.

"Kaya nga andito ka ngayon eh... Sakyan mo na lang siya. Malay mo, mainlove na talaga sa'yo nang todo."

Hindi ako sumagot agad. Nakatingin lang ako sa salamin—sa sarili ko na maganda ngayon, sa gown na pang-debut, sa makeup na nagpapaganda sa akin.

Obsessed.

Oo, alam ko 'yon.

Pero mainlove?

"Imposibleng mainlove siya sa'kin..." ani ko sa isip, habang nakatitig pa rin sa salamin. "Kaya ako nandito dahil sa katawan ko... Hindi pa niya ako napagsasawaan...Baka pag tapos na siya sakin gawin niya din Yung ginawa niya Doon sa nakita Kong sinaksak niya..."

Naluha ako sa isipin 'yon—pero pinigil ko bago pa makita ni Ate Maureen. Bakit ba kasi umaasa pa ako? Obsessed nga siya... pero sa katawan ko lang. Sa pwede niyang gawin sa akin. Sa control na mayroon siya kapag hinahawakan niya ako. Hindi sa akin bilang tao. Hindi sa Athena na mahilig sa pusa, na natatakot sa dilim, na nangangarap pa rin ng normal na buhay.

Maya-maya, may inabot si Ate Maureen sa'kin—isang pares ng sandals na may 3-inch heels, kulay puti na may manipis na strap at kaunting sparkle na match sa beadings ng gown. Simple pero eleganteng-elegante, pang-debut talaga.

"Ayan..." sabi niya, ngumiti nang malapad habang inilalagay sa paa ko. "Sakto lang sa'yo. Magka-size lang pala tayo ng paa!"

Tumingin ako sa paa ko—tama nga, perfect fit. Ang heels ay nagpapahaba sa legs ko, nagpapaganda sa posture ko.

Napangiti ako nang tipid— masaya sa maliit na bagay na 'yon. "Salamat, Ate..." bulong ko, ang boses ko ay mahina pa rin.

Ngumiti siya ulit, hinaplos ang balikat ko. "Perfect ka na. Ready ka na for your debut." Tumayo siya, kinuha ang pouch niya.

Lumabas kami—hawak ang kamay ko..
Ang reflection ko... maganda. Prinsesa. Debutante.

Pero sa loob... gusgusin pa rin ang pakiramdam ko.

Hawak niya ako sa kamay ko, malambot pero firm, na para bang alam niyang kailangan ko ng suporta para hindi matapilok sa heels na suot ko.

"Relax ka lang," bulong ni Maureen sa akin, ngumiti nang palihim habang naglalakad kami.

"Ang ganda mo talaga. Siguradong mawawala ang sungit niya kapag nakita ka niya ng ganito."

Hindi ako sumagot. Nakatingin lang ako sa harap—ang corridor ay dim pa rin, pero may mga maliit na light na nakasabit na parang stars, na para bang sinadya para sa "debut" na 'to. Ang gown ko'y dumadaloy sa bawat hakbang ko,
ang heels ay tumutunog sa concrete,

"Ready ka na?" tanong niya, habang papalapit kami sa malaking pinto sa dulo ng corridor.

Hindi ako sumagot. Tumango lang ako—pilit.

Nang binuksan ni Maureen ang malaking pinto sa dulo ng corridor, nanlaki ang mga mata ko.
Hindi ko inexpect 'to.

Sa loob ng malawak na kwarto—na ngayon ay may makeshift na "ballroom" setup: dim lights na parang candle glow, maliit na round table sa gitna na may white tablecloth, at soft music na nagpe-play mula sa hidden speaker (isang slow waltz na pamilyar sa mga debut)—nakatayo ang limang lalaki.
Limang lalaki... na bawat isa'y may hawak na tig-isang red rose. Long-stemmed, sariwa, na para bang kakapitas lang.

Kilala ko ang dalawang lalaki—si Borgs at si Alex—na nakaupo sa kaliwa, parehong nakangiti nang palihim habang hawak ang tig-isang red rose. Si Borgs, yung laging may mapang-asar na ngisi... si Alex, yung nakakita ng butterfly ko..

Pero yung dalawang katabi ni Elijah...
Yung isa, alam kong kapatid niya. Magkamukha talaga—parehong matangkad, parehong Gwapo, parehong madilim ang mga mata na parang walang emosyon. Pero mas bata Kay elijah nang kaunti, may ngisi na nagbibigay ng mas mapanganib na vibe. Nakatayo siya sa kanan ni Elijah, hawak ang rose na parang napipilitan lang, at ang titig niya sa akin ay parang sinusuri kung karapat-dapat ba talaga ako...

Yung isa naman... yung may hazel eyes.
Hindi ko siya kilala,

pero... grabe.

Siya talaga ang pinakagwapo sa lahat para sakin.

Chapter 22

Napatitig ako doon...

Doon sa hazel eyes na mga mata niya—yung uri ng kulay na parang honey sa ilalim ng liwanag, may gold flecks na kumikinang tuwing gumagalaw siya. Hindi ko mapigilan. Sa limang lalaki, siya ang pinakanag-stand out para sakin—hindi lang sa gwapo,

kundi sa paraan ng pagngiti niya na parang kahit paano may bait din siyang itinatago..

Napansin kong napapakamot siya sa ulo, napapangisi nang bahagya—parang nahihiya, o natutuwa sa titig ko. Ang ngisi niya'y hindi katulad ng sa iba; may lambing doon, may charm na nakakakaba sa tiyan ko...panay pa Ang sulyap niya Kay elijah na lalong dumidilim Ang tingin..

Biglang nawala ang ingay sa paligid ko—ang music,
tanging ang tibok ng puso ko lang ang naririnig ko.

Nag-umpisa na ang debut ko...

Si Maureen sa tabi ko ay marahang hinila ako pasulong parang siya Yung nag organized talaga Ng lahat Ng nito—parang escort sa tunay na debut—

Pero unang lumapit—yung may hazel eyes—Inilahad niya ang rose niya sa akin, ang ngiti niya'y lumapad pa.

"Happy 18th, beautiful," sabi niya, ang boses niya'y malalim lalaking lalaki pero may lambot na hindi katulad ng kay Elijah. Ang kamay niya'y bahagyang mainit nang hawakan ko ang rose—

"Salamat..." bulong ko, ang mukha ko'y namumula na naman, hindi ko mapigilan ang ngiti ko—maliit, pero totoo.

Sumunod si Borgs—mapang-asar ang ngisi, "Finally legal age, kana ha?"

Sumunod

Si Alex—seryoso, inabot ang rose nang walang salita, pero ang titig niya'y puno ng kung ano na hindi ko maipaliwanag.

Sumunod pa

Yung kapatid ni Elijah—si Elion—iniabot lang rose nang walang ngiti, pero tumango siya nang bahagya, Saka mabilis na tumalikod.

At Ang huli... si Elijah.

Lumapit siya—malapit na malapit—ang rose niya'y inilahad sa akin, pero ang kamay niya'y dumulas sa baywang ko, hinila ako palapit sa kanya.

"Happy birthday, Athena," bulong niya, ang boses mababa at possessive, ang mga labi niya'y malapit sa tenga ko."Hindi ko gusto ang paraan mo ng pagtitig kay Alessandro, Athena..."

Napatingin ako sa kanya—

Natigilan ako. Mababa ang boses ni Elijah, malamig, pero may galit na hindi niya itinago—yung uri ng galit na alam kong maaaring sumabog anumang segundo.

Nakatayo pa rin kami, ang rose niya ay nasa kamay ko na, pero bigla niyang hinigpitan ang hawak sa baywang ko—masakit na halos—mapadaing ako.

"P-pasensya na..." bulong ko, ibinaba ko ang mga mata ko, halos hindi marinig ang boses ko. "Hindi ko sinasadya..." Sabi ko nalang para matapos na ito..

Mas hinigpitan pa niya ang hawak sa baywang ko—

"Athena," bulong niya sa tenga ko, mainit ang hininga niya sa balat ko, "your eyes stay on me. You're mine. Don't ever forget that."

Mabilis akong tumango—hindi ko na kayang magsalita, ang puso ko'y mabilis na mabilis ang tibok habang hinintay ang susunod na mangyayari. Pumailanlang ang sweet song—yung uri ng slow waltz na parang galing sa lumang debut video, malambot ang melody, na para bang sinadya para sa akin.

Siya ang first dance ko.

Si Elijah.

Hinila niya ako palapit—ang isang kamay niya'y nasa baywang ko, ang isa'y hawak ang kamay ko nang mahigpit. Nakakailang—ang titig niya'y hindi umaalis sa akin, ang katawan niya'y malapit na malapit, at ang galit kanina ay naroon pa rin sa mga mata niya, pero halo na ng ibang bagay. Possession. Pride. Parang proud siya..

Pero inaamin ko... masaya ako. Kasi naranasan ko ito. Ang maging debutante. Ang makasayaw sa gown ko, sa heels ko, sa harap ng mga roses. Kahit limang lalaki lang, kahit sa Lugar na to... naranasan ko.

Gumalaw kami—slow, controlled ang steps niya, Ako naman, sinusubukan lang sumunod, ang mga paa ko'y natatakot na madapa, pero ang hawak niya'y sapat na para gabayan ako.

Maya-maya, lumapit yung susunod na isasayaw ako—si Alessandro, yung hazel eyes, na may ngiti na handa na. Inilahad niya ang kamay niya, pero...

Hindi ako binitawan ni Elijah.

Ang hawak niya sa baywang ko ay humigpit pa lalo—babala na malinaw. Napatingin ang lahat—si Borgs, si Alex, at si Alessandro—pero nakuha naman nila agad ang gusto niya. Walang nagsalita. Tumango lang si Alessandro, bumalik sa upuan niya na may maliit na ngiti pa rin, na para bang natutuwa sa possessiveness ni Elijah.

Kaya ang-ending... siya lang ang nakasayaw ko.

Siya lang ang humawak sa akin. Siya lang ang hinayaan kong gabayan ako sa buong song—paulit-ulit, hanggang matapos ang music.

Lumipas ang oras.

Nasa gilid na ako ngayon, nakaupo sa isang maliit na table, habang inaabutan sa ilalim si Blue ng pagkain niya—maliit na piraso ng steak na kinuha ko sa plate ko. Nasa ilalim kasi siya ng mesa ko, tahimik na kumakain..

Ang mga lalaki... nag-sama-sama sa isang table para mag-inuman. Whiskey, beer, kwentuhan na malakas ang tawa minsan, pero ang titig nila'y paminsan-minsan ay dumudulas sa akin.

Ang kasama ko sa table si Ate Maureen—siya lang ang babae rito maliban sa akin. Ngumiti siya sa akin, inabot ang isang slice ng cake.

"Kumain ka pa," sabi niya, ang boses niya'y malambot. "Special 'to eh. Birthday mo."

Napangiti ako—pilit, pero totoo. "Salamat, Ate..."

Pero sa loob ko... halo-halo pa rin. Masaya ako sa debut na 'to—sa gown, sa dance, sa cake.

At si Elijah... nakatitig pa rin sa akin ang baso niya'y hawak nang mahigpit.

Hindi pa tapos ang gabi.

At alam ko... kapag umuwi na ang iba, ako ulit ang susunod niyang "dance."

Sa kwarto niya.

Nang wala nang ibang makakakita.

Lumipas Ang ilang minuto.

Bigayan ng regalo...

Nakaupo ako sa gitna ng table,

Una si Ate Maureen—lumapit siya sa akin na may maliit na box na may ribbon. Binuksan ko... lingerie. Manipis na red lace, bra at panty set na sobrang sexy, na halos namula ako nang husto nang makita.

"A-ano to!!," nahihiya Ako at agad na itinabi yun.. ang grupo ay natawa nang mahina.

"Salamat, Ate..." sabi ko, nangingiting nahihiya, habang itinatago agad sa box.

Si Borgs naman—iniabot ang isang malaking stuffed toy, isang teddy bear na kulay brown, malambot at malaki. "Para may kayakap ka kapag wala si elijah,"
pang-aasar niya, at ang lahat ay natawa ulit.

Niyakap ko 'yon agad—malambot, comforting. "Salamat..." sabi ko, totoong ngiti na.

Si Alex—iniabot ang isang pillow, heart-shaped, may embroidery na "Hug this when sad."

"Pag malungkot ka daw, yakapin mo lang 'yan at sasaya ka na," sabi niya, seryoso ang mukha pero may halong corny.

Kinatawa 'yon ng grupo—malakas pa nga, si Borgs pa ang unang humagalpak. "Corny mo, pre!" sigaw niya. Napangiti ako—corny nga, pero sweet. "Salamat, Alex..." sabi ko..

Si Alessandro ang sumunod—lumapit siya na may maliit na velvet box. Pagbukas ko... isang necklace. Gold chain na may diamond pendant na heart-shaped, mamahalin na mamahalin, sparkling sa dim light. Nanlaki ang mga mata ko—hindi ko inexpect.

"Happy birthday," sabi niya, ang hazel eyes niya'y nakatitig sa akin nang may lambot, ang ngiti niya'y maliit pero genuine.

"Salamat..." bulong ko, Hindi ko alam na galante siya... ang puso ko'y mabilis ang tibok habang isinuot ko 'yon—perfect sa neckline ng gown ko.

Sumunod si Elion—yung kapatid ni Elijah—wala siyang dala. Kinantyawan pa siya ng mga kasama.

"Wala man lang, pre?!" sigaw ni Alessandro. "Kuripot!" dagdag pa niya. Napailing siya, pero may maliit na ngiti sa labi.

"Hindi ko alam na kailangan pala ng regalo. Ang sabi lang, pumunta." Heto, iniabot niya sa'kin ang isang maliit na knife na natutupi—sharp, compact, pang-self defense.

Sabay baling kay Elijah na napapailing. "Pang-protection mo," sabi niya, seryoso.

"Salamat..." sabi ko, natatakot pero appreciative.

At huli... si Elijah.

May dinukot siya sa bulsa—isang maliit na black box. Walang ribbon, simple lang. Pagbukas ko... isang singsing. Platinum band na may single diamond sa gitna, eleganteng-elegante, pero may halong... permanence.

Isinuot niya sa'kin nang walang sinasabi—diretso sa ring finger ng right hand ko Ang mga daliri niya'y mainit sa kamay ko, ang titig niya'y direkta sa mga mata ko.

Walang "happy birthday." Walang explanation.

Umuupo lang siya ulit pero sa tabi ko na, ang braso niya'y nakapatong na sa sandalan ng upuan ko, possessive.

At ang grupo... natahimik saglit, tapos may maliit na palakpakan at tawa.
Pero ako... nakatitig lang sa singsing.

Regalo niya.

Na para bang... promise.

O lock.

At sa debut ko na 'to... alam ko na.

Hindi na ako makakatakas pa.

Sa kanya..

Chapter 23????

Nagpatuloy ang party—ang mga lalaki ay nag-iinuman na lang, ang tawa nila'y lumalakas nang kaunti sa bawat shot, pero ang titig nila'y paminsan-minsan pa rin napupunta sa akin..Lalo na Yung alex..
Pwera lang Kay Elion na Hindi na Ako tinignan pa, si alessandro friendly smile naman .... Si Elijah ay nakaupo pa rin sa gitna, ang baso niya'y hawak nang mahigpit, pero hindi na siya nagsalita. Alam ko... naghihintay lang siya.

Maya-maya, tumayo ako—maingat, para hindi madapa sa heels—saka nagpaalam kay Ate Maureen.

"Ate, pupunta na ako sa kwarto... pagod na ako," bulong ko sa kanya, ang boses ko ay mahina pero totoo. Hindi na ako nakapagpaalam sa mga lalaki—

Hindi ko na kayang harapin ang malagkit na titig na ngayon nung alex, o ang malamig na tingin ni Elijah.

Bitbit ko lang ang mga regalo—ang teddy bear, ang pillow, ang box ng lingerie, ang necklace, ang knife, at ang singsing na inilagay niya sa daliri ko—saka naglakad palabas.

Hindi na Ako lumingon. Pero ramdam ko... sumusunod ang mga mata niya sa akin.

Pagpasok ko sa kwarto ko, inilagay ko agad ang malaking teddy bear sa kama—malambot, malaki, parang yakap na hindi ko kailangang mag-alala. At bumagsak ako doon—kahit suot ko pa ang pink na gown, ang heels, ang lahat—humiga ako nang diretso, ang likod ko'y sumubsob sa mattress, ang mga mata ko'y nakapikit nang bahagya.

Napansin kong humiga din si Blue sa tabi ko—ang maliit niyang katawan ay nakadapa, ang tiyan niya'y malaki na sa kabusugan mula sa mga piraso ng pagkain na binigay ko sa kanya sa ilalim ng mesa kanina. ang mga mata'y nakapikit na rin.

"Blue..." bulong ko, habang nakayakap sa teddy bear nang mahigpit.

"Ang saya-saya ko ngayon..."

Totoo 'yon. Kahit sa lugar na ito, kahit bihag pa rin ako, naranasan ko ang debut. May gown ako, may roses, may cake, may mga regalo, may sayaw. May mga taong "nagsalubong" sa akin na parang birthday girl talaga ako.

May Ate Maureen na nag-ayos sa akin, may teddy bear na yakap, may necklace na sparkling, may singsing na... kahit ano pa man ang ibig sabihin nun ang saya ko.

"Salamat, Blue," dagdag ko, hinaplos ang likod niya. "Kahit ikaw lang ang nakakaalam kung gaano kasaya ang feeling ko ngayon... Nakikinig ka."

Ngumiyaw siya—malambot, comforting.

At sa kwarto ko—sa katahimikan na 'to, sa gabi ng birthday ko—humiga ako nang ganun, suot pa ang gown, yakap ang teddy, kasama si Blue.

Masaya ako.

Minuto lang ang lumipas nang biglang bumukas ang pinto.

Napatingin ako doon—halos mapaatras ako sa kama, yakap ko pa rin ang malaking stuffed toy na parang sandata ko laban sa kung ano mang darating. Ang puso ko'y biglang tumalon, ang mga kamay ko'y humigpit sa teddy bear.

Si Elijah.

Pula na ang mukha niya dahil sa tama ng alak—ang mga mata niya'y madilim, puno ng kung anong halo ng galit at pagnanasa na hindi ko na mabasa.

Napansin ko agad ang masamang titig niya doon sa yakap kong stuffed toy—parang nakita niya itong karibal. Nilock niya ang pinto nang malakas, walang salita, at sa harap ko mismo... naghubad siya.

Tahimik lang akong napayuko— Alam ko kung ano ang susunod. Gagamitin na naman niya ako. Tulad kagabi.

Hinila niya ang stuffed toy na yakap ko—malakas, mabilis—at ibinato sa kung saan, parang naiinis na hindi ko mawari.

Ang malambot na teddy ay tumama sa pader at nahulog sa sahig nang walang ingay. Parang... Nag seselos ba Siya? Pero bakit? Bakit sa isang laruan?

Ayun na naman—ang lantad niyang pagkalalaki na tayong-tayo, matigas at handa na. Akala ko hihilain niya ako, tulad ng dati—hihilain sa braso ko, ihihiga, at wala nang tanong.

Pero hindi.

Humiga siya sa tabi ko—ang katawan niya'y malapit na malapit, ang init niya'y dumikit sa balat ko..

"Ikaw ang gumalaw ngayon," utos niya

Napakunot ang noo ko—gulat, hindi makapaniwala.

"Move," utos niya pa, Nang Hindi ako kumibo..

"H-hindi ako marunong, Elijah..." bulong ko, Hindi ko talaga alam. Hindi ko pa nagagawa 'to nang ako ang mag-umpisa. Laging siya ang may kontrol. Lagi siya ang gumagalaw.

"Igguide kita," sagot niya..tumango nalang ako at sumunod Dito..

"Elijah... maghuhubad muna ako sandali," sabi ko rito, ang hawakan na niya ako sa bewang..ang boses ko'y nanginginig dahil sa nerbiyos at sa init na kumakalat sa katawan ko. Naka-gown pa ako—ang pink na chiffon na dumadaloy sa balat ko, ang lace sleeves na nakabalot sa balikat ko.

Tumango Lang Siya..

Ang mga mata niya'y madilim habang tinitingnan akong Naghuhubad..

Nang matapos alanganin pa akong lumapit Dito..

Ang isang kamay niya'y humawak sa balakang ko para gabayan ako papunta sa ibabaw niya...

At nang maramdaman ko ang ulo niya sa bukana ko—mainit, matigas, handa—nagsimula na akong

gumalaw.

Dahan-dahan.

Nanginginig.

Pero sumusunod.

Ilang minuto pa, pareho na kaming pawisan... habang gumigiling ako sa ibabaw niya.

Madali lang pala...

"Shit!" anas niya nang bigla akong manginig—sa grabeng sensasyon na sumabog sa akin. Halos magsara ang mga hita ko kahit nasa loob ko pa siya,
ang mga daliri ko'y nakakuyom sa dibdib niya para sa suporta.

Napansin ko ang pagngisi niya—at mahinang tapik sa pwetan ko, sapat lang para mapasinghap ako.

Nang hihina akong sumubsob sa kanya—ang ulo ko'y nasa leeg niya, ang hininga ko'y mabilis—maya-maya pa ay inangat niya ako ng bahagya para makagalaw Siya.. pababa-pataas, mabilis na mabilis, hindi pa siya tapos.

Ang mga kamay niya'y humigpit sa pwetan ko para gabayan ako nang mas mabilis. Ilang galaw pa...

Sumabog siya sa loob ko—mainit na mainit, malapot, marami—ramdam ko ang bawat pulso niya habang nilalabas niya lahat sa akin.

Humihingal kami pareho, pawisan, basa, magkadikit pa rin.

At habang nakaupo pa rin ako sa ibabaw niya, nanginginig pa rin ang mga hita ko..

Bumulong siya...

"Happy birthday again... my Athena."

Ramdam ko ang mahigpit niyang yakap—at ang pagdampi ng halik niya sa noo ko.

Malambot 'yon, halos hindi ko inexpect. Hindi katulad ng mga halik niya dati na puno ng gigil.

Ito... iba. Parang pahinga. Parang "okay na" na hindi niya sinasabi nang malakas.

Matagal kami sa ganung posisyon—magkayakap lang. Ang katawan ko ay nakadagan pa rin sa kanya ...

Hindi na siya nagsalita pa ulit.. hanggang sa maramdaman ko ang pagkakatulog niya. Ang mga braso niya'y nanatiling nakayakap sa akin, hindi lumuluwag kahit na tulog na.

At ako...

Hindi ko alam kung bakit, pero unti-unting nawawala ang takot ko.
Ang puso ko'y bumagal na rin ang tibok. Ang init niya, ang tigas niya, ang amoy niya lahat 'yon ay naging... komportable. Parang unan na hindi ko inexpect na magiging ligtas.

Maya-maya, napapikit na rin ako.
Hanggang sa makatulog na lang ako sa yakap niya.

Chapter 24

Kinabukasan...

Si Blue ay nasa paanan ng kama,
Nakatitig sa akin na parang nagtatanong kung okay lang ako..

Narinig ko ang mga yapak sa labas— Bumukas ang pinto, at pumasok si Elijah. Suot na niya ang jacket niya, may backpack sa balikat, mukha seryoso at walang emosyon.

"Aalis ako," sabi niya nang walang paligoy-ligoy.

"Mawawala ako ng ilang araw."
Natigilan ako. Parang binuhusan ako ng malamig na tubig.

"Saan ka pupunta?" tanong ko, ang boses ko'y mahina, natatakot maiwan mag isa.

Hindi siya sumagot agad. Tumingin lang siya sa akin nang matagal, na para bang iniisip kung dapat bang sabihin.

"Pwede ba akong sumama?" tanong ko ulit, tumayo ako sa kama kahit nakatapis Lang ng kumot.

"Elijah... sama mo na ako. Natatakot ako dito mag-isa..."

Umiling siya—matigas, walang pag-aalinlangan.

May inabot siyang papel sa akin—maliit na card na may code na nakasulat.

"Key password ng kwarto ko," sabi niya, ang boses ay malamig pero may halong concern na hindi niya sinasadyang ipakita.

"Maraming stocks doon. Puno ang freezer at refrigerator. May pagkain para sa ilang linggo pa."

Itinuro niya rin sa akin kung paano gamitin ang induction cooker doon—simple lang: on/off, temperature dial, timer. Parang tinuturuan niya ako mag-survive nang wala siya.

"Sama mo na lang ako, Elijah..." naiiyak kong sabi, ang luha ko'y tumutulo na naman.

"Natatakot ako dito mag-isa... please..."
Umiling ulit siya—mas matigas pa. Tumingin siya sa akin nang isang beses pa, ang mga mata niya'y madilim pero may kung anong lungkot na hindi niya sinabi.

Hindi siya nagsalita.

Tumalikod na lang siya.

At umalis na ng kwarto.

Naiwan akong nakatayo roon, hawak ang papel na may password. Si Blue ay tumalon sa kama at sumubsob sa paa ko, nagngiyaw nang mahina na parang sinasabi niyang "Nandito ako."

Lumipas ang halos mag dadalawang linggo .

Ang sabi niyang ilang araw lang... naging isang linggo na mahigit.

Umiiyak ako habang nakaupo sa sahig ng kwarto ni Elijah, nakatingin kay Blue na nakaupo lang sa harap ko, ang maliit niyang ulo ay nakatihaya na parang naiintindihan niya ang lahat. Ang kwarto ay tahimik—walang ingay maliban sa mahinang ronron ni blue at sa hikbi ko na hindi ko na mapigilan.

"Sabi niya ilang araw, Blue... bakit wala pa rin siya?" bulong ko, ang luha ko'y tumutulo sa sahig. "Pati si Ate Maureen hindi na nagpupunta. Buti nalang marami tayong stocks... pero... nalulungkot ako, Blue. Sobrang lungkot."

Si Blue ay lumapit lang, sinubsob ang ulo sa hita ko, na parang sinasabing "Nandito ako."

Maya-maya, nakarinig ako ng ingay mula sa labas— Tumayo ako agad, ang puso ko'y biglang tumalon sa pag-asa. Patakbo akong lumabas ng kwarto, handa na sanang salubungin si Elijah..

Pero nang buksan ko ang pinto ng corridor... si Alex 'yon.

Mag-isa.

Pumasok siya nang walang imik, ang mga mata niya'y diretso sa akin, walang ngiti na dati niyang ipinapakita.

Bigla akong napaatras— biglang sumama ang kutob ko... Parang may mali. Parang hindi siya dapat nandito nang mag-isa.

Patakbo akong pumasok ulit sa kwarto ni Elijah, sinara ang pinto nang mabilis at nilock—ang mga kamay ko'y nanginginig habang pinipihit ang lock. Ramdam ko na narinig 'yon ni Alex, kaya patakbo itong dumiretso sa kwarto.

"Athena..." tawag niya sa labas, ang boses niya'y kalmado pero may kakaibang tono na hindi ko gusto.

Hindi ako sumagot. Tahimik lang akong nakatayo sa likod ng pinto, ang likod ko'y nakadikit sa Bakal na pinto, ang hininga ko'y pinipigilan. Si Blue ay sumunod sa akin, nagtatago sa paa ko.

"Buksan mo ang pinto, Athena. May pinabibigay si Elijah," sabi niya ulit, ang boses niya'y mas malakas na ngayon. "Hindi pa kasi siya makakauwi..."

Napansin kong pilit niyang binubuksan ang pinto—naririnig ko ang pagkalikot ng doorknob, ang pag-dial niya sa keypad sa labas—puro maling password, paulit-ulit, parang nanghuhula ng code..

Nakaramdam ako ng panganib—malamig na pawis ang tumakbo sa likod ko. Bakit siya nandito? Bakit mag-isa? At bakit... parang hindi siya papayag na umalis nang walang nakukuha?

"Athena...?" tawag niya ulit, ang boses niya'y mas malapit na sa pinto.

Hindi ako sumagot. Nagtatago lang ako sa likod ng pinto, ang mga kamay ko'y nakakuyom sa damit ko, ang luha ko'y tumutulo na naman.

"Buksan mo ang pinto, Athena. Hindi naman kita sasaktan..." sabi niya, ang tono niya'y parang pang-aalo pero may kakaibang himig na nakakakilabot. "Good boy kaya ako... hindi katulad kay Elijah."

"U-umalis ka na, Alex..." sigaw ko, pilit pinapalakasin ang boses ko kahit nanginginig. "Tatawagan ko si Elijah... kapag di ka pa umalis..."

Pagsisinungaling ko—kunwari may phone akong hawak, kahit wala. Wala akong phone. Wala akong paraan para tawagan siya. Pero kailangan kong magkalakas ng loob.

Narinig ko ang tawa niya sa labas—malakas, mapang-uyam, na parang alam niyang hindi totoo ang sinabi ko.

Tapos... malakas na sipa sa pinto.

Isang beses.

Dalawa.

Tatlo.

Tuloy-tuloy.

Napasigaw ako—matinis, puno ng takot—at napaatras ako hanggang sa likod ng kwarto, ang likod ko'y sumagi sa pader. Si Blue ay tumakbo sa ilalim ng kama, ang maliit niyang katawan ay nanginginig.

Ang pinto... Alam Kong hindi naman niya masisira, pero ramdam ko ang bawat impact. Ang lock ay matibay... double double pa ..pero natatakot parin ako...

"Athena!" sigaw niya ulit, ang boses niya'y hindi na kalmado. "Buksan mo na! Hindi kita sasaktan... promise!"

"Kuya Alex... umalis ka na!!!"
Sigaw ko ulit, ang boses ko'y halos pumutok sa takot at galit na halo-halo. Ang likod ko'y nakadikit pa rin sa pinto, ang mga kamay ko'y nanginginig habang tinitignan ang singsing sa daliri ko na parang kinukuhaan ko ng lakas ngayon.

"Ano bang kailangan mo!!!"

Tahimik saglit sa labas. Walang sagot. Tapos... narinig ko ang tawa niya—malamig, mapang-uyam, na parang natutuwa siya sa reaksyon ko.

"Patingin lang ako ng butterfly mo, Athena..."

Nanlaki ang mga mata ko. Kinilabutan ako nang todo—ang dugo ko'y parang nagyelo sa katawan.

Alam ko ang tinutukoy niya. Yung nakita niya na hindi dapat niya makita.

Biglang nawala ang ingay sa labas. Walang sipa pa. Walang pagkalikot sa doorknob. Parang... umalis na siya..

Pero hindi ako naniniwala.

Tahimik na tahimik ako, nakikinig sa bawat tunog. Si Blue ay nagtatago pa rin sa ilalim ng kama, ang

maliit niyang katawan ay nanginginig. Ang kwarto ay biglang naging mas maliit, mas masikip, parang ang hangin ay hindi na makapasok.

Naalala ko ang knife—yung maliit na foldable na binigay ni Elion, yung kapatid ni Elijah. Buti nalang lagi ko itong dala. Mabilis kong kinuha 'yon—ang metal ay malamig sa palad ko, pero ang hawak ko'y mahigpit. Hindi ako marunong gumamit nito nang maayos, pero sapat na para maging sandata kung sakali.

Nakaupo ako sa sahig, ang likod ko'y nakadikit pa rin sa pinto, ang knife ay hawak nang mahigpit.

Ang mga luha ko'y tumutulo pa rin, pero hindi na ako umiiyak nang malakas. Pilit kong pinipigilan ang hininga ko, nakikinig... naghihintay.

Chapter 25

Ilang minuto pa ang lumipas, wala na talagang ingay.

Tahimik na tahimik sa labas—walang yapak, walang pagkalikot, walang sipa. Parang umalis na talaga si Alex. Pero hindi ako gumalaw. Nanatili akong nakaupo sa sahig, sa likod, sa pinto, hawak ang foldable knife na binigay ni Elion, ang mga mata ko'y nakatitig sa doorknob na parang anumang segundo ay magbubukas ulit 'yon.

Tapos... narinig ko ang pagtawag.

"Athena..."

Pero hindi na boses ni Alex.

Iba na. Pamilyar.

"Athena... si Elion 'to."

Sa sandaling 'yon, parang nabunutan ako ng tinik sa dibdib. Mabilis akong tumayo—ang mga tuhod ko'y nanghihina pa rin sa takot—at binuksan ang pinto nang walang pag-aalinlangan. Hindi ko na iniisip ang panganib.

Pagbukas ng pinto, nakita ko siya nakatayo sa tapat ng kwarto—may dala siyang paper bag... iniabot niya sa akin agad.

"Pinabibigay ng Kuya ko," malamig niyang sabi niya..

Kumunot ang noo niya nang makita ang nanginginig kong kamay habang tinatanggap ko ang paper bag. Hindi ko napigilan—bigla akong kumapit sa mga damit niya, ang mga daliri ko'y nakabaon sa jacket niya na parang takot na baka umalis Siya.

"T-tulungan mo ako... may... may—"

"Shhh..." pigil niya sa pagsasalita ko, ang isang kamay niya'y lumapat sa balikat ko nang mahinahon pero matatag. Maging siya ay nakikiramdam...

Napatango ako—nanginginig pa rin ang buong katawan ko. Ramdam ko ang tensyon sa hangin, parang may nanonood sa amin.

"Pumasok ka sa loob at mag-lock," utos niya, ang boses niya'y mababa pero may awtoridad.

Mabilis kong sinunod—pumasok ako ulit sa kwarto, sinara ang pinto, at nilock nang mabuti. Pero bago 'yon, nakita ko siyang may nilabas na patalim mula sa baywang niya—mas malaki kaysa sa akin, mas matalim. Tumalikod siya at naglakad patungo sa ibang bahagi ng corridor, ang hakbang niya'y tahimik pero determinado.

Agad akong nagsara ng pinto—naka-lock na, pero nanatili akong nakatayo roon, nakikinig. Si Blue ay lumabas na mula sa ilalim ng kama at sumampa sa paa ko..

Pero hindi pa.

Ramdam ko pa rin ang panganib.

Si Elion... nasa labas pa rin, naghahanap, nagbabantay.

At ako... sa loob, hawak ang knife sa kamay..

Hindi ko alam kung ano ang nangyayari sa labas.

Pero mayamaya kumatok ulit siya...

"Lumabas ka na diyan..." aniya, nakasimangot, ang boses niya'y mababa pero puno ng inis.

Sumunod ka sa'kin. Yun lang ang sinabi niya at nagpatiuna na palabas ng lugar na 'yon...siguro wala siyang nakita at iniisip na nagsinungaling Lang ako..

Agad kong binitbit si Blue—ang maliit niyang katawan ay nanginginig pa rin sa takot—at sumunod ako sa kanya. Pero nang makita ni Elion si Blue sa mga braso ko, agad niyang kinuha ito at inihagis sa gilid—hindi malakas, pero sapat para iparating na hindi pwedeng sumama si Blue.

"Iwanan mo na 'yan," sabi niya, walang emosyon sa boses. "Ayaw ng mommy namin ng pusa."

Naguguluhan man ako, sumunod na lang ako. Hindi ko na nagawang magprotesta. Si Blue... naiwan sa sahig, nakatitig sa akin na parang nagmamakaawa, pero wala akong magawa.

Paglabas, sumakay kami ng kotse—halos mahigit isang oras din ang biyahe bago marating namin ang mansion ng pamilya niya. Malaki, maganda, may gate na mataas at hardin na maayos, pero sa akin... parang kulungan pa rin.

"Baba," utos ni Elion nang makarating. Agad akong sumunod, ang mga paa ko'y nanghihina pa rin sa takot kanina.

Sa entrance, nakita ko ang isang lalaking may edad na pero matikas pa rin—nakita ko na siya dati. Siya ang daddy nila. Nakatingin siya sa akin nang walang emosyon.

Tapos mayamaya lumabas ang isang may edad ding babae—ang mommy nila..

"Pasok ka, neng," sabi niya, ang boses niya'y malambot, masarap sa tenga naalala ko tuloy ang mommy Ko..

"Huwag kang mahiya. Si Elijah nasa kwarto lang... Nagpapahinga...Gusto mong puntahan?"

Nakaramdam ako ng tampo—bigla. Andito na pala siya sa kanila... pero bakit hindi man lang niya ako pinuntahan doon? Bakit iniwan niya ako ng mahigit isang linggo?

Tsk... bakit mo siya dinala dito, Elion!" rinig ko ang pamilyar na boses na tila nagagalit dahil andun ako. Napalingon ako—nakita ko siyang pababa ng hagdan.

Si Elijah.

Malamig ang titig na ibinigay niya sakin.

Hindi sumagot si Elion. Nilagpasan lang niya si Elijah at umakyat sa itaas, walang salitang iniwan.

Naiiritang hinila ako ni Elijah papasok ulit sa kotse—malakas ang hawak sa braso ko, sapat para masaktan nang kaunti.

"Eli—"

"Shhh..." pigil niya sa sasabihin ko Sana..

Gusto ko sanang magsumbong tungkol kanina—Pero parang ayaw niya akong marinig magsalita. Parang ayaw niyang marinig ang kahit ano mula sa akin.

Tumahimik na lang ako, sumunod sa kanya papasok na sana sa kotse.

"Elijah, pakainin mo muna 'yan si Athena," komento ng ina niya mula sa entrance, ang boses niya'y may halong pag-aalala.

Ngunit hindi kumibo si Elijah. Gusto-gusto na talaga niyang ibalik ako sa lugar na 'yon—sa bunker, sa kwarto niya, sa malamig na lugar na 'yon.

Hinila niya ako papasok sa kotse, isinara ang pinto nang malakas, at umandar agad. Walang salita. Walang paliwanag.

Ako... nakaupo lang sa passenger seat, ang mga kamay ko'y nakakuyom sa lap ko, ang luha ko'y tumutulo na naman nang tahimik.

Lumipas lang ang sandali, nakarating na ulit kami doon...

Ang kotse ay pumasok sa hidden entrance ng bunker— madilim, tahimik, walang buhay maliban sa mahinang hum ng generator sa ilalim. Bumaba si Elijah nang walang salita, hinila ako palabas nang mahigpit sa braso, at naglakad papasok sa corridor nang mabilis. Hindi niya ako tiningnan. Hindi niya ako kinakausap. Parang galit pa rin siya Dahil nakalabas ako ng lugar na Yun..

Pumasok siya sa loob ng kwarto niya—nang walang paalam. Naiwan ako sa corridor, nakatayo lang doon, ang mga paa ko'y parang nakadikit sa sahig. Hindi ko alam kung susunod ako sa kanya o babalik na sa sariling kwarto ko. Ang isip ko'y gulong-gulo: galit ba siya, iniwan na nga niya ako ng mahigit isang linggo..

Patalikod na ako—sisimulan ko nang maglakad pabalik sa kwarto ko, ang mga hakbang ko'y mabigat—nang bigla.... naramdaman ko ang paghila sa akin pabalik.

Malakas. Sabik.

Si Elijah.

Hinila niya ako papasok sa kwarto niya, sinara ang pinto nang malakas, at agad na idinikit ang mga labi niya sa akin. Matagal. Nakakalunod. Ang halik niya'y puno ng gutom, ng galit na hindi niya sinabi, ng pangungulila na hindi niya inamin.

Hinayaan ko lang siya.

Hinayaan ko siyang halikan ako nang ganun—malalim, marahas pero may lambot na unti-unting

lumalabas. Hinayaan ko siyang itulak ako sa pader, ang hininga niya'y mainit sa leeg ko habang bumaba ang mga halik niya roon.

Baka... pag pinagbigyan ko siya, hindi na niya ako iiwanan mag-isa dito.

Baka... kapag hinayaan ko siyang gamitin ako ulit, hindi na siya aalis nang matagal.

Kasi natatakot ako.

Natatakot akong mag-isa ulit.

Natatakot akong umalis siya at Baka Hindi na bumalik..

Pero mayamaya, may kumatok...

"Elijah, andito na sila Maureen at Borgs... Mag-uumpisa na daw ang meeting," sabi ng boses mula sa labas—pamilyar, malamig .

Mahigpit akong napahawak sa damit niya—ang mga daliri ko'y nakakuyom sa tela ng shirt niya na parang takot na baka mawala siya ulit. Halos kumunot ang noo niya nang mapansin na parang takot na takot ako, ang mga mata ko'y basa na naman, ang hininga ko'y mabilis. Pero... tinanggal niya ang kamay ko sa damit niya. Dahan-dahan .

"Babalik ako. Dito ka lang," aniya..

Pagbukas niya ng pinto, nakita ko agad si Alex—nakatayo doon, nakangisi lang sa akin. Yung ngisi na hindi na friendly, yung may lalim na nakakakilabot. Hindi siya nagsalita, pero ang titig niya... parang may sinasabi ..

Gusto ko siyang isumbong.

Gusto kong sabihin kay Elijah..

Pero hindi ko magawa.

Baka hindi ako paniwalain ni Elijah.

Lalo pa at mas matagal niyang kilala si Alex kaysa sa akin. Si Alex ang kaibigan niya mula pa noon, ang isa sa "grupo" niya, ang taong kasama niya sa mga trabaho..

Kaya tumahimik ako.

Tumango lang ako nang mahina, ang mga mata ko'y nakayuko na lang sa sahig habang lumalabas si Elijah. Narinig ko ang pagkasara ng pinto, ang mga yapak nila palayo, ang mahinang usapan sa corridor—

Naiwan ako sa kwarto niya—mag-isa ulit.

Si Blue ay lumabas mula sa ilalim ng kama, sumampa sa paa ko..

"Hi, blue ..Nandito na ulit ako."

Chapter 26

Lumipas ang linggo at maraming buwan na ganun lagi...

Umaalis si Elijah na iiwan ako ng ilang linggo—minsan tatlo, minsan higit pa. Walang paalam na maayos, basta bigla nalang siyang nawawala..pag ganun madalas akong magkulong sa kwarto niya.. Pero kahit paano... nawala na ang takot ko. Hindi na ako umiiyak tuwing aalis siya. Hindi na ako natatakot na baka hindi na siya bumalik. Sanay na ako. Sanay na sa katahimikan ng kwarto, sa pusa na kasama ko, sa stocks ng pagkain sa freezer, sa pagbibilang ng araw sa pader gamit ang maliit na marker na nakuha ko sa drawer niya.

Kahit madalas nahuhuli ko pa rin si Alex na malagkit ang tingin—sa corridor, sa meeting room kapag Nandito sila—hindi ko na ito pinapansin. Hindi ko na siya kinakausap. Hindi ko na siya tinitingnan nang matagal. Pinipilit kong kalimutan ang gabing yun...

Dahil alam ko... kung sasabihin ko kay Elijah, baka hindi siya maniwala. Baka mas maniwala pa siya kay Alex. Baka sabihin niyang "gumagawa Lang ako ng kwento.. " Kaya mas mabuti nang huwag sabihin. Mas mabuti nang magpanggap na wala lang 'yon.

"Blue... tingin mo uuwi siya ngayon?" tanong ko sa kanya habang hinahaplos ang likod niya. Lumaki na siya ng kunti—mas malakas ang katawan, mas makapal ang balahibo, mas madalas ang ronron niya. Siya na ang tanging kasama ko tuwing wala si Elijah. Siya ang nakikinig sa kwento ko, sa iyak ko, sa tawa ko kapag may naaalala akong masaya.

Si Blue ay tumingin lang sa akin, ang mga mata niyang asul ay kalmado..

Napangiti ako nang tipid. "Tumataba na talaga ako, Blue.." Sabi ko pa sa kanya, habang tumitingin sa salamin. Sumisikip na ang mga shorts ko sa bewang at hita—hindi na kasing-luwag dati. Tumataba na ako. Dahil sa pagkain na stocks dito, dahil sa walang ginagawa kundi maghintay, magluto, maglinis, at matulog.

Ang mukha ko'y mas bilog na rin, ang pisngi ko'y may kaunting kulay. Hindi na ako gusgusin na kuting. Pero... parang hindi na rin ako ang dating Athena.

"Pero okay lang 'yon, diba?" bulong ko sa kanya, hinila ko siya sa kandungan ko. "Basta nandito ka... at babantayan mo ako, blue..."

Nagngiyaw siya nang malakas, sinubsob ang ulo sa tiyan ko.

Isang umaga...

Mabilis akong kumaripas papuntang banyo at sumuka nang sumuka—paulit-ulit, hanggang sa wala nang laman ang tiyan ko. Ang lasa ng pait ay nanatili sa bibig ko, ang ulo ko ay umiikot-ikot, at ang mga tuhod ko'y nanghihina na halos hindi ako makatayo.

Hinang-hina akong napaupo sa gilid ng banyo, ang likod ko'y nakadikit sa malamig na tiles. Pawis ang noo ko, basa ang mukha ko sa luha at pawis na halo-halo.

Si Blue agad ang lumapit sa akin—ang maliit niyang katawan ay dumikit sa paa ko, ang ulo niya'y dinudunggol ang tiyan ko nang paulit-ulit, na parang may nararamdaman siya roon na hindi ko pa naiintindihan.

"Okay lang ako, Blue..." sabi ko, pilit nakangiti kahit ang boses ko'y mahina at basag. "Baka may nakain lang ako..."

Hindi ko na maitanggi sa sarili ko.

" Kaya siguro isang beses na lang siya pumunta dito sa loob ng isang linggo..." bulong ko sa kanya, habang hinahaplos ang likod niya. "Kasi tumataba na ako, Blue... kailangan ko na talaga mag-diet."

Napaupo ako, hindi na muna ako kakain ng maraming Kanin Ngayon.., ang kamay ko'y kusang napahawak sa tiyan ko—sa bahagi na dinudunggol ni Blue kanina.

Lumalaki ang tiyan ko... di kaya may sakit ako, Blue? Naiiyak kong tanong sa pusa, habang nakaupo pa rin ako sa gilid ng banyo, ang mga kamay ko'y nakahawak sa tiyan na ngayon ay bahagyang may umbok na.

Si Blue ay sumubsob lang ulit sa tiyan ko, ronron nang mahina na." Pero ang luha ko'y tumutulo na rin.

Agad akong napatayo nang may pumasok—ang pinto ng kwarto ay bumukas nang malakas. Ngumiti ako nang makitang si Elijah 'yon. May bitbit siyang pasalubong—maliit na paper bag mula sa isang bakery sa labas, amoy fresh bread at asukal..pasalubong niya matapos ang dalawang linggong pagkawala..

"Anong ginagawa mo diyan?" puna niya sa akin nang maabutan akong nakaupo pa rin sa banyo, ang mukha ko'y basa pa sa pawis at luha.

"Ahmm... w-wala..." sagot ko, mabilis na tumayo at pinunasan ang mukha ko gamit ang likod ng kamay. Pilit akong ngumiti, pero ramdam ko ang kaba sa dibdib ko.

Tumingin lang siya sa akin—matagal. Pinasadahan niya ang katawan ko mula ulo hanggang paa, ang mga mata niya'y dumudulas sa tiyan ko na ngayon ay halos hindi na maitago ng suot kong loose shirt. Naiilang ako sa paraan ng pagtitig niya—hindi galit, hindi rin pagnanasa.. Parang... Iba.

Siguro napansin niya ang pananaba ko at hindi na ako nakakaakit sa paningin niya... *pag ganun ba, possible bang palayain na niya ako?*

Ang isip ko'y biglang napuno ng tanong na 'yon. Baka... baka kapag hindi na ako kaakit akit sa kanya palalayain na niya ako.. Baka isipin niyang "hindi na ako katulad ng dati." Baka... baka palayain na niya ako. Ibalik sa mundo sa labas. Iwan na ako nang tuluyan.

Pero bakit... bakit parang masakit 'yung ideya na 'yon?

Lumapit siya. Inilagay niya ang paper bag sa sink, saka hinawakan ang pisngi ko nang mahinahon, pinataas ang mukha ko para magkatitigan kami.

"May masakit ba?" tanong niya, ang boses niya'y mababa pero may concern na hindi niya madalas ipakita.

Umiling ako—mabilis, pilit.

"W-wala... baka... baka nakakain lang ako."

Pero ang mga mata niya... alam kong hindi siya naniniwala. Dumako ang tingin niya ulit sa tiyan ko—matagal. Tapos, dahan-dahan niyang hinawakan 'yon. Ang palad niya'y mainit sa balat ko, kahit sa

ibabaw ng tela..matagal niyang hinaplos Yun..

Tapos tumingin ulit sa akin...

"May gusto ka bang kainin?" tanong niya sa akin, ang boses niya'y malambing—yung uri na hindi ko inaasahan mula sa kanya pagkatapos ng lahat ng nangyari.

Natigilan ako.

Nakatingin lang ako sa kanya, ang mga mata nanlalaki pa rin sa gulat.

Ang kamay niya ay nasa tiyan ko pa rin, dumudulas nang mahinahon na parang natatakot siyang masaktan ako..

"Um... G-gusto ko ng hilaw na mangga...nung nakaraan ko pa gustong kumain nun Elijah..?" sagot ko sa wakas, ang boses ko'y mahina, parang bata na natatakot na baka mali ang maisagot.

Ngumiti siya—maliit lang..

"Sige. Saglit Lang bibili ako... Hintayin mo nalang ako dito.."

Hindi niya inalis agad ang kamay niya sa tiyan ko. Hinaplos niya pa 'yon nang mahinahon..

Tumayo siya, pero bago lumabas ng banyo, yumuko siya at hinalikan ang noo ko..

"Dito ka lang muna."

At lumabas siya—
Naiwan ako roon...naglakad ako palapit sa kama...at umupo ...nakangiti na dahil makakakain na ako ng hilaw na mangga...na nung nakaraang buwan ko pa gustong kainin..

Chapter 27

Halos kalahating oras din bago siya makabalik.

Bumukas ang pinto at pumasok si Elijah na may dalang plastic bag mula sa labas. Hilaw na mangga ang agad na nakita ko doon— Ngumiti ako nang bahagya, pero nang makita ko ang isa pang bagay na inilabas niya sa bulsa niya, isang bote ng gamot..at iniabot sakin...nag alinlangan Naman akong abutin Yun, binuksan ko at inamoy Yun... pula ang tablets sa loob, at may amoy na kalawang na agad na sumalpok sa ilong ko..

"Inumin mo Yan.." utos niya nang walang paliwanag..

"W-wala naman akong sakit, Elijah..." tanggi ko, Hindi dahil ayaw kong uminom—kundi dahil sa baho ng gamot na 'yon. Parang bakal na kalawang, nakakasuka pa lalo.

Akmang kukunin ko na ang mangga para balatan—gusto kong iwasan ang usapin tungkol sa gamot kaso— hindi niya ibinigay agad.

"Uminom ka muna nito," ulit niya, ang tono'y mas matigas na..parang galit..

"Ang baho niyan, Elijah... ayoko..."

Kumuha siya Ng isang tableta..at tubig..

"Buksan mo ang bibig mo," utos niya, lumapit na siya nang todo.

Umiling ako—paulit-ulit. Simula pa noong bata ako, hirap talaga akong painumin ng gamot. Si Kuya Zeke lang ang nakakapagpainom sa akin noon—kailangan pa siyang tawagin ni Mommy sa itaas para makainom ako. Isang titig lang niya, takot na takot na ako. Pero ngayon... walang Kuya Zeke. Walang Mommy. Si Elijah lang.

"Dalian mo na, Athena... inumin mo na 'to." Naiirita na niyang Sabi..

Umiling ulit ako at tinalikuran siya. Narinig ko ang mahinang mura niya—"Fuck..."—dahilan para maiyak ako nang sunod-sunod. hindi ko na mapigilan.

"Inom..." utos niya ulit, hinila ako pabalik sa harap niya.

"Ayoko nga! Bakit ang kulit mo!!!!" sigaw ko—sa unang pagkakataon, nasigawan ko siya. Kasunod ang pag-iyak ko nang malakas, hindi na makontrol.

Tumitig lang siya sa akin—matagal, walang salita. Ang mga mata niya'y madilim pa rin, pero wala Namang galit. Parang... nagulat pa.

Bumuntong-hininga siya—malalim, mabigat.

"K-kailangan mo 'to..." paliwanag niya sa wakas, ang boses niya'y mas malambot na ngayon. "...para diyan sa tiyan mo."

Napatingin ako sa tiyan ko—ang bahagyang umbok na hindi ko na maitago.

Napatingin ako sa kanya—napapakamot siya sa ulo, parang nahihiya o hindi alam kung paano ipaliwanag.

"B-bakit? Doctor ka ba?" tanong ko, ang luha ko'y tumigil saglit sa gulat. "Diba nga sabi ko, taba lang 'to..."

Tumingin siya sa akin nang matagal—walang ngiti, pero walang galit na naman.

"Uminom ka na nito, Athena..."

Umiling pa rin ako—paulit-ulit, ang mga luha ko ay muling tumulo sa pisngi ko. Hindi ko alam kung bakit, pero ang amoy ng gamot na 'yon ay parang nagpapalala ng lahat ng takot ko. Parang hindi lang gamot 'yon. Parang... desisyon na hindi pa ako handa.

"Diba gusto mo ako palaging nandito...?" tanong niya, ang boses niya'y biglang lumambot, halos bulong na. Nagpatigil 'yon ng pag-iyak ko. Napatingin ako sa kanya—ang mga mata niya'y hindi na galit, hindi na malamig. May kung anong lambing doon na hindi ko inaasahan.

Marahang akong tumango—oo, gusto ko. Gusto ko siyang nandito lagi. Gusto ko siyang mag stay Dito ng matagal. Gusto ko... 'yung Elijah na yakap-yakap ako sa kagabi....gusto ko Nang may kausap..

"Uminom ka nito... para araw-araw na akong uuwi."

Pinunasan ko ang luha ko gamit ang likod ng kamay. Napatingin ako sa maliit na pula na tablet sa palad niya. Ang totoo... wala talaga akong idea kung anong nangyayari sa katawan ko.

Seventeen lang ako nang mapunta sa kanya. Strict ang parents at mga kapatid ko noon Kaya nga ako naglayas—bahay at school lang talaga ako. Sa school, exclusive na puro babae lang... walang lalaki. Bilang lang ang mga kaibigan ko, at kahit sila, inosente pag dating sa usaping sex. Walang sex ed na totoo, walang usapin tungkol sa katawan, sa posibilidad na... magbuntis. Lahat ng alam ko, galing lang sa tsismis ng mga kaklase...Ang alam ko pa noon, kapag hinalikan ka ng lalaki, mababuntis ka na agad. O kaya naman, kapag hinawakan lang ang kamay mo, mababuntis ka na rin. Pero si Elijah... higit pa doon ang pinaranas niya sa akin.

Kaya ngayon... natatakot ako. Hindi ko alam kung ano 'tong tablet na 'to. Hindi ko alam kung bakit kailangan ko 'yon. Pero ang sinabi niya—"para araw-araw na daw siyang uuwi"—'yon lang ang maintindihan ko..

Kung iinom ako nito... babalik siya araw-araw.

Hindi na ako mag-iisa.

Hindi na ako maghihintay nang matagal.

Kaya... dahan-dahan kong Inilapit sa bibig ko yun.

Saglit na nagpigil ng hininga para hindi ko mapansin ang baho. Nilunok ko nang diretso, kahit nakakasuka pa rin. Tapos iniabot niya ang tubig saka ako uminum..

Matapos nun... hinila niya ako palapit sa kanya. NiYakap nang mahigpit, ang baba niya'y nasa ibabaw

ng ulo ko.

"Sorry, Athena..." bulong niya.

"Araw-araw na ako uuwi mula ngayon..
Pangako yan."

Naiyak ako ulit—pero hindi na sa takot.

Kundi sa tuwa.

Tara, ipagbabalat kita ng mangga, sabi niya at hinila ako sa tabi niya. Tahimik lang akong nakatingin sa kanya.... Ang mga kamay niya ay maingat na nagbabalat..

Gusto kong mag-usap kami. Tungkol sa mga bagay-bagay lang. Tungkol sa amin. Tungkol sa Kung kelan niya ako pauuwiin..

Pero nahihiya ako mag-open o mauna. Baka hindi naman siya sumagot. Baka magalit ulit siya. Baka... magbago ang mood niya.

"E-Elijah..." simula ko, halos bulong.

"Ikaw ang panganay sa inyo?"
Matagal siyang hindi sumagot. Nakatingin lang siya sa mangga na binabalatan niya..

Maya-maya, maliit na ngiti ang lumitaw sa labi niya—yung ngiti na bihira kong makita..

"Oo.."sagot niya..

"Ako Naman ang pinakabunso sa amin..". sabi ko naman kahit hindi naman niya tinatanong. Parang gusto ko lang magsalita, punan ang katahimikan. Napakagat ako sa labi at yumuko, pero agad napatingin sa kanya nang magsalita siya ulit.

"Alam ko," sagot niya sa sinabi ko kanina. Walang tanong. Walang pagdududa. Parang matagal na niyang alam.

"Alam ko ang lahat sa'yo, Athena."

"Ha?" naguguluhan kong tanong, ang mga mata ko'y nanlaki.

"Ano... anong alam mo?"

Tumingin siya sa akin nang diretso—

"Basta... Alam ko ang Lahat sayo."

"Paano?" Curious na tanong ko parin..

Ngumiti ulit siya—

Hindi siya nagpaliwanag nang higit pa. Hinila niya lang ako palapit, iniabot ang mangga na nabalatan na niya, at hinawakan ang kamay ko..

"Kain kana."

Tapos, hinawakan niya ang tiyan ko ulit.

"Kain na kayo.."

Chapter 28

Pero ang pangako niya... hindi naman natupad.

Umaalis pa rin siya. Madalas. Parang sa loob ng isang linggo, dalawang beses lang siyang nandito. Minsan, isang gabi lang siya natutulog sa tabi ko, tapos kinabukasan... wala na ulit. Walang paalam na maayos..

"Aalis ka na naman..." sabi ko rito isang umaga, habang nakaupo ako sa gilid ng kama, ang mga kamay ko'y nakahawak sa tiyan na ngayon ay halos mabigat at malaki na. Ang boses ko'y mahina, pero puno ng sakit na hindi ko na maitatago pa.

"Babalik ako agad," sagot niya, ang tono niya ay parang routine nalang. Parang sinasabi lang 'yon para matapos na ang usapan.

Hindi na ako naniniwala sa "babalik agad" niya. Ilang beses na niyang sinabi 'yan—mga sampu, baka higit pa—pero ang "agad" niya ay laging nagiging isang linggo mahigit. Napayuko ako, napasapo sa tiyan ko. Alam ko na kung bakit lumalaki 'to. Alam ko na kung bakit ako sumusuka noon tuwing umaga, bakit sumisikip ang mga damit ko, bakit ako laging pagod kahit wala akong ginagawa.

Buntis ako.

Pero hindi man lang niya ako madala sa doctor.

May doctor Naman na nagpupunta rito—kaibigan niya. Anak daw ni doc Martin Yung family doctor nila dati...

Katulad ngayon umuwi Siya..

Kanina Lang magkayakap Kami sa kama..tahimik Lang siya...

tahimik Lang niyang hinahaplos ang buhok ko.

Tapos ngayon aalis na Naman siya.

"Elijah..."

Pigil ko sa braso niya, Ang mga daliri ko'y nanginginig, nakakapit nang mahigpit sa tela ng jacket niya..

Tumingin siya sa akin—matagal, walang salita. Ang mga mata niya'y madilim pa rin, pero may kung anong biglang sumilip doon... gulat? Lungkot? Hindi ko mabasa.

Umiiyak akong nakipagtitigan sa kanya, ang luha ko'y tumutulo nang sunod-sunod sa pisngi ko,

"A-ano lang ba ako sa'yo, Elijah?" Sa wakas naitanong ko din yun, ang boses ko'y basag na basag.

"Ano bang lugar ko sa'yo?"
Hindi siya sumagot agad. Nakatingin lang siya sa akin..

"Kasi kung wala... kung napipilitan ka na lang umuwi dito dahil buntis ako..." patuloy ko, ang kamay ko'y napahawak sa tiyan ko nang walang malay, habang ang luha ko'y hindi tumitigil.

"Pwede bang... pagkatapos nito... pauwiin mo na lang ako? Please..."

Umiling siya... lumapit sa akin. Niyakap niya ako nang mahigpit, ang mga braso niya'y parang bakal na yumakap sa katawan ko, hindi ko na maigalaw.

"Athena... mahalaga ka sa'kin," bulong niya sa tenga ko, "Kaya nga kita itinatago dito..."

Hindi ko alam kung kikilabutan ako o ano ang mararamdaman ko. Ang pagmamahal niya...

nakakasakal.

Nakakatakot.

Parang hawla na hindi ko makita ang labas, pero nararamdaman ko ang bigat ng bawat bar.

"Kaya ka nga nandito... kasi sa'kin ka lang, Athena..."

Umiling ako..naaalala ko sila mommy at daddy..

"May magulang Din ako elijah...katulad mo..."

"Siguro Kaya Mahalaga ako sa'yo kasi napupunan ko ang pangangailangan mo bilang lalaki pero ... ganun lang ba 'yon? Umiiyak kong tanong dito, ang boses ko'y basag na basag..

Umiling siya—

"Mahalaga ka sa'kin kasi..." itinapat niya ang kamay ko sa dibdib niya, sa lugar kung saan nararamdaman ko ang tibok ng puso niya. Mabilis, malakas..

"Sabi nito," aniya, ang boses niya ay mababa Lang..

Hinila ko ang kamay ko—bigla, malakas. Umiling ako nang paulit-ulit.

"Hindi pagmamahal 'yan, Elijah..."

"Kung mahal mo talaga ako... diba dapat ibalik mo na ako sa pamilya ko? Diba dapat hindi mo ako kinukulong dito at babalikan lang kung kelan mo gusto?"

Tahimik siya.

Walang sagot.

Ang mga mata niya'y nakatitig lang sa akin—madilim, puno ng kung anong emosyon na hindi ko mabasa. Parang may sinasabi ang mga mata niya na hindi niya kayang sabihin nang malakas.

"A-ang sakit mo namang magmahal..." Sabi ko dito Habang umatras, pero marahan niya akong hinila at niyakap..

Walang salita..

Walang sorry..

Tahimik Lang itong nakayakap sakin..

At sa katahimikan ng kwarto na 'yon, sa gitna ng yakap niya, naramdaman ko ang bigat ng katotohanan.

Hindi niya talaga ako Kayang bitawan.

Third Person POV

Dumukot si Elijah ng cellphone mula sa bulsa niya habang yakap pa rin niya nang mahigpit si Athena.

Tinawagan niya si maureen.

"Kayo na lang ang pumunta rito," sabi niya sa linya, ang boses ay mababa at matigas. "Maureen, di na ako matutuloy." Pinatay niya ang tawag nang walang paghihintay ng sagot, at ibinalik ang cellphone sa bulsa.

Yakap pa rin niya si Athena—na tahimik paring lumuluha...ang yakap Niya malambot na ngayon ang hawak, hindi na possessive tulad kanina. Dahan-dahan niyang inihiga ito sa kama, inayos ang unan sa likod ng ulo nito, at hinila ang kumot para takpan ang katawan na nanginginig pa rin sa iyak at pagod.

"Matulog ka muna," bulong niya, hinaplos ang buhok nito nang marahan. Hindi na siya nagsalita pa. Nanatili lang siyang nakaupo sa gilid ng kama hanggang sa pumikit nang tuluyan ang mga mata ni Athena, hanggang sa pantay na ang paghinga nito.

Sa labas ng kwarto, nasa corridor na sila Maureen, Alex, at Borgs, tahimik na nag-uusap ang tatlo.

Nang lumabas si Elijah tumahimik sila..

"Last na muna 'tong mission," sabi ni Elijah, ang boses ay walang pag-aalinlangan. "Pass muna ako."

Tumango si Maureen—alam niya ang dahilan. Hindi na kailangang sabihin pa.

"Ilang months na ba?" tanong ni Alex, may ngisi sa labi..

"8," sagot ni Elijah, ang mata ay nakatuon sa pintong nakasara Kung nasaan si athena.

"Malapit na pala," sabi ni Borgs na may maliit na ngiti. "Congrats, Elijah. Magiging daddy ka na."

Tahimik lang si Elijah—walang ngiti, walang sagot. Pero ang mga mata niya... may kung anong lambot Doon..

"Saan siya manganganak?" tanong ni maureen, ang boses ay seryoso na. "Don't tell me dito, Elijah. Maawa ka naman."

Hindi agad sumagot si Elijah. Tumingin siya sa sahig..

"Hindi siya pwede sa ospital," sabi niya sa wakas,

"Alam niyo naman na pinaghahanap siya."

Tahimik ang tatlo. Alam nila ang dahilan.

"Anong plano mo?" tanong ni Maureen, ang tono ay may pag-aala para Kay Athena.. babae din siya at ramdam niya ang hirap para Kay Athena lalo na at madalas pa itong iwanan ni elijah....

Kung gusto mo, pwede naman akong magpaiwan dito para bantayan at may makausap din si Athena... suggestion ni Alex, ang boses niya'y kalmado pero may halong motibo.

Tahimik na nag-isip si Elijah. Ang mga mata niya'y nakatitig sa sahig, habang pinoproseso ang sinabi. Hindi basta-basta ang trabaho nila ngayon—ang target ay mataas ang seguridad, maraming mata sa labas, at siya mismo ang gustong humarap at tumapos dito. Ayon na rin sa nag-uutos sa kanila—walang ibang pwede kundi siya.

Hindi pwedeng si Alex ang pumalit, dahil alam nilang pareho na hindi sapat ang kakayahan nito para sa ganitong klase ng misyon. Kailangan niya talagang umalis.

Bumuntong-hininga siya nang malalim.

Saka marahang tumango.

"Sige," sabi niya..

Tumango si Alex—tila natuwa pa. "Copy. Huwag Kang mag alala Elijah... Hindi ko siya pababayaan."

Tumingin si Elijah sa pinto ng kwarto kung saan natutulog pa rin si Athena. Ang mga mata niya'y may kung anong lungkot na hindi niya sinabi nang malakas.

Chapter 29

Aalis na muna ako... saglit lang 'to, Athena. Pagbalik ko, hindi na ako aalis ulit," sabi ni Elijah, ang boses niya'y mababa pero may pangako na pilit niyang pinatibay.

Nakatingin si Athena kay Alex-kabado, natatakot. Ang mga mata niya'y nanlalaki, puno ng takot na hindi niya maitago.

Umiling siya nang bahagya..

"Elijah... please, wag mo ako iwan..." bulong niya, ang boses ay nanginginig, ang luha'y tumutulo na naman sa pisngi niya. Takot na takot siyang nakatingin kay Alex, na parang alam niya ang panganib na dala nito.

Napatingin si Elijah kay Alex-at doon niya napansin ang maliit na pag-iling ni Athena.

Hindi niya ipinahalata, pero ang mga mata niya'y naningkit nang bahagya. May kutob na sumilip sa dibdib niya-

Parang may mali.

May nangyari na hindi niya alam.

"Don't worry... babalik ako agad, huh?" sabi niya ulit, pilit na ngumingiti para pakalmahin si Athena.

Pero ang ngiti niya'y hindi umabot sa mga mata.

Umiiyak lang si Athena-takot na takot, hindi na makapagsalita. Ang mga kamay niya'y nakakuyom sa laylayan ng damit..

"Elijah, let's go," tawag ni Maureen mula sa corridor, nakangiti pero may urgency sa tono. "Bye na muna, Athena ha... hiramin ko muna si Elijah."

Hindi nakasagot si Athena. Luhaan lang siya, at mabilis niyang isinara ang pinto ng kwarto ni Elijah-kahit kalalabas Lang ni Elijah sa kwarto. .

Ang pintong 'yon ay sumara nang malakas, ang lock ay nag-click nang mabilis..

Kumuyom ang kamao ni Elijah..

Parang may kutob na sumabog sa dibdib niya. Parang may nangyari na hindi niya alam.

Napatitig siya kay Alex-napansin niya ang maliit na pagngisi nito, yung ngisi na hindi na friendly, yung may lalim na nakakakilabot..habang nakatitig sa kwarto Kong nasaan si Athena..

Alam niyang kailangan na niyang umalis Pero nang makita niya ang takot na 'yon sa mga mata ni Athena-bigla na lang nawala ang lahat ng plano sa isip niya.

Bigla siyang tumigil sa paglalakad papunta sa labas.

Tumingin siya kay Alex-nakaupo pa rin sa corridor, nakangisi pa rin nang palihim-pero ang ngisi na 'yon ay biglang nawala nang makita niya ang pagbabago sa mukha ni Elijah.

Sa isang iglap, sinunggaban ni Elijah si Alex.

Hawak niya ang kwelyo nito nang mahigpit, hinila pataas mula sa upuan, at itinulak sa pader nang malakas tumama ang likod ni Alex sa pader. Ang mga mata ni Elijah ay nandidilim-puno ng galit na hindi na niya itinago, ang ugat sa leeg at braso ay lumitaw sa tensyon.

"Anong problema, Alex?" tanong niya, ang boses ay mababa, mapanganib, halos bulong pero puno ng pagbabanta.

"Anong ginawa mo? Bakit takot na takot si Athena sa'yo?"

Nabigla si Alex-hindi makapagsalita agad. Ang ngisi niya ay nawala, pinalitan ng gulat at bahagyang takot.

Ang mga kamay niya ay umangat para tanggalin ang hawak ni Elijah, pero hindi niya magawa. Ang lakas ni Elijah ay hindi basta-basta.

"E-Elijah... ano ba-" simula ni Alex, pero hindi niya natapos.

Inaawat na siya ni Maureen at Borgs.
"Elijah!" sigaw ni Maureen, mabilis na lumapit at hinawakan ang braso ni Elijah.

"Huwag kang ganyan-may lakad pa tayo."

Si Borgs naman ay tumayo sa pagitan nila, ang kamay ay nakataas para pakalmahin Siya..

Pero hindi gumagalaw si Elijah. Ang mga mata niya ay nakatitig pa rin kay Alex, parang hayop na handang sumugod.

"Sabihin mo sa akin ngayon," sabi niya, ang boses ay mas mababa pa, mas mapanganib.

"Ano'ng ginawa mo Kay Athena?"

Tahimik ang corridor-walang ingay maliban sa mabigat na hininga ni Elijah..

Si Alex ay napalunok-ang pawis ay tumulo sa noo niya.

"Elijah... Wala ako-"

"Huwag kang magsinungaling," putol ni Elijah, hinigpitan pa ang hawak sa kwelyo.

"Nakita ko ang takot niya. Nakita ko kung paano siya umiling nang makita ka. Kaya sabihin mo sa akin ngayon..tangina mo. Papatayin Kita." Gigil na Sabi ni Elijah..

Napatitig si Maureen kay Borgs-pareho silang natakot din ...alam nila na kapag ganito na si Elijah, hindi na siya mapipigilan nang madali.

Sakto namang may dumating...

"Elijah!" sigaw ni Alessandro, mabilis na lumapit at sinubukang awatin si Elijah. Hinawakan niya ang braso nito, pilit na pinipigilan ang paghila pa lalo ni Elijah sa kwelyo ni Alex.

"Tama na, pare! Si Alex Yan, ka team mo..."

Pero hindi parin binibitawan ni Elijah si Alex. Ang mga daliri niya'y nakabaon pa rin sa tela ng kwelyo, ang mukha niya'y malapit na malapit sa mukha nito, ang mga mata ay Nandidilim..

"Answer me," ulit niya, ang boses ay mababa pero puno ng lamig na nakakapanginig.

"Anong ginawa mo sa kanya habang wala ako? Bakit natatakot siya nang ganun sa'yo?"

Si Alex ay napalunok-ang pawis ay tumulo na sa noo niya, umiling...

"E-Elijah... wala 'yon, pare," sabi niya, ang boses ay nanginginig. "Ganun Lang siguro pag bu-"

"Ganun lang?" putol ni Elijah, hinigpitan pa ang hawak. Ang braso niya'y nanginginig na sa galit na pinipigilan.

"Tama na, Elijah!" sabi ni Maureen, hinila ang braso ni Elijah nang mas malakas..pero ayaw magpatinag.. "May lakad pa tayo! May target pa! Hindi 'to ang oras!"

Pero hindi gumagalaw si Elijah. Ang mga mata niya ay nakatitig pa rin kay Alex, parang handa na siyang saktan ito kung hindi Ito sasagot.

Si Alex ay napalunok ulit-ang mukha niya'y maputla na.

"Hindi ko... hindi ko siya sinaktan Elijah," sabi niya sa wakas, ang boses ay mahina.

"Wala akong ginawa sa kanya, Wala 'yon, pare.."

Pero ang mga mata ni Elijah ay hindi naniniwala. Ang kutob niya ay hindi nawawala.

"Elijah... pag-usapan niyo nalang ito mamaya. May misyon pa tayo..."

Dahan-dahan niyang binawi ang kamay sa kwelyo ni Alex-pero hindi niya binitawan nang tuluyan. Hinila pa niya ito nang bahagya palapit.

"Umayos ka..." bulong niya, ang boses ay mababa at puno ng babala.

Binitawan niya si Alex-malakas na itinulak pa pababa sa upuan. Si Alex ay natumba nang bahagya, napahawak sa pader para hindi tuluyang mahulog.

Tumingin si Elijah kay Alessandro, tumango parang may pahiwatig naunawaan Naman Yun ni alessandro at tumango din-

Tumingin ulit siya kay Alex-ang mga mata ay madilim pa rin..bago umalis..

Chapter 30

Umiiyak pa rin ako, nakikiramdam sa labas... natatakot na baka kumatok na naman si Alex, o baka hulaan niya ang password ng kwarto ni Elijah at mabuksan niya 'to.

Ang mga kamay ko'y nanginginig habang bitbit ko pa rin ang maliit na knife na binigay ni Elion—ang metal ay malamig sa palad ko, pero ang hawak ko'y mahigpit na parang tanging sandata ko 'to laban sa takot na sumasakal sa dibdib ko.

Halos sumakit ang tiyan ko sa sobrang takot—ramdam ko ang pag-igting doon, parang ang baby ay natatakot din. Pero nang may kumatok...at tumawag sa pangalan ko..

Hindi boses ni Alex 'yon.

Boses 'yon ni Alessandro—yung kaibigan ni Elijah na may hazel eyes, yung nagbigay ng necklace sa akin noong debut ko.

"Athena... ako 'to," sabi niya mula sa labas..

Dahan-dahan kong binuksan ang pinto—nanginginig pa rin ang mga kamay ko—pero nang makita ko siya, napansin niya agad ang luhaan kong mga mata. May dumaan na awa o lungkot sa hazel eyes niya, saglit lang, pero kitang-kita ko 'yon.

Mabilis akong sumilip sa likod niya.

Doon... nakita ko si Alex.

Nakaupo sa corridor, pero nakatali siya ng lubid sa mga kamay at paa. May takip sa bibig niya—duct tape—ang mukha niya'y maputla, may pasa sa pisngi, at ang damit niya'y gusot at medyo marumi na parang nakipagsuntukan kanina.

Napatingin ako kay Alessandro—nakangisi na siya, pero hindi 'yung nakakatakot na ngisi. Yung ngisi na may halong "ayos lang 'yan." Tapos sa itsura niya—medyo magulo at gusot ang damit, may bahid ng dugo sa manggas, pero hindi siya mukhang nasaktan nang grabe.

"Ayos ka lang?" tanong niya pa, ang boses ay malambot na ngayon.

Marahan akong tumango—hindi ako makapagsalita agad. Niluwagan ko ang pinto para makapasok siya. Pumasok naman siya, lumibot ang tingin sa kwarto, parang sinusuri kung safe ba. Nilapitan pa siya ni Blue—lumapit ang pusa sa paa niya, tumingala.

Napangiti ako nang buhatin niya si Blue at himasin ang likod nito.

"Ang cute naman ng bodyguard mo," sabi niya pa, tumatawa nang mahina habang hinahaplos ang pusa. Si Blue ay nag ngiyaw Lang nang malakas, parang natutuwa rin sa kanya.

Napatingin ako sa kanya—gulat, pagkalito, pero may pasasalamat na unti-unting lumalabas sa dibdib ko.

Lumapit siya nang bahagya—hindi masyadong malapit para Hindi ako matakot...

"Si Elijah na ang bahala sa gagong yun pag uwi niya." Paliwanag niya, parang sinasabi na hindi siya basta-basta gumagawa ng masama.

"Tinali ko lang. Para hindi na makalapit ulit sayo hangga't hindi pa bumabalik si Elijah."

Napatingin ako sa corridor—si Alex ay nakaupo pa rin doon, nakatali, nakatingin sa amin na may galit sa mata pero walang magawa.

"Salamat..." bulong ko, ang luha ko'y tumulo ulit, pero ngayon... hindi na sa takot lang. May pasasalamat na rin.

Ngumiti si Alessandro—maliit, pero totoo.

"Wag kang mag-alala," sabi niya. "Nandito ako hangga't wala si Elijah. Hindi kita pababayaan...Hindi ako aalis.. Kaya makakahinga kana ng maayos.."

Umupo siya sa sofa sa kwarto ni Elijah—relaxed ang postura, pero ramdam ko ang pag-iingat niya sa bawat galaw. Ang mga hazel eyes niya ay dumaan sa akin, sa tiyan ko na ngayon ay halos hindi na maitago ng loose shirt na suot ko.

"Laki na ng tiyan mo ah... malapit ka na palang manganak," sabi niya, ang boses ay malambot, may halong pagkamangha at pag-aalala.

Umupo naman ako sa tapat niya—sa maliit na upuan sa kabilang gilid ng kwarto. Nakaramdam ako ng tuwa kahit paano... may makakausap ako ngayon. Matagal-tagal na rin akong mag-isa rito, bukod kay Blue. Ang pakiramdam na may taong nakikinig, kahit hindi si Elijah... sapat na 'yon para makahinga ako nang maluwag kahit saglit.

"Oo nga eh..." sagot ko, hinaplos ang tiyan ko nang walang malay. "Feeling ko... malapit na talaga."

Ngumiti siya—yung ngiti na hindi mapang-uyam, hindi mapanganib. Yung tunay na ngiti na may init.

"May pangalan na ba ang baby niyo ni Elijah?" tanong niya, ang tono ay curious pero hindi mapilit.

Feeling ko gusto niya lang talaga ako kausapin... parang libangin. Nakakatuwa. Napakaswerte ng asawa niya kung ganito siya ka-gentle sa iba.

"W-wala pa eh..." malungkot kong sagot, ibinaba ang tingin sa tiyan ko. "Hindi pa rin namin alam kung ano ang gender. Hindi naman ako dinadala ni Elijah sa ospital para magpa-ultrasound..."
Tahimik siya saglit—parang pinoproseso ang sinabi ko. Napansin ko ang bahagyang pagkunot ng noo niya, pero hindi na siya nag komento..

Napabuntong-hininga lang siya nang mahina.

"Hindi tama 'yon," sabi niya, parang sa sarili lang. "Kailangan mong makita nang maayos ang baby. Kailangan mong malaman kung lalaki o babae... para makapaghanda kayo."

Napatingin ako sa kanya—

"Pero... paano? Hindi naman ako nilalabas ni Elijah. Matagal na ako dito..."
Malungkot kong Sabi..

Tumingin siya sa akin nang matagal—may awa Doon pero wala siyang magawa..

"Hayaan mo kakausapin ko Siya.." Sabi niya..

"A-ang bait mo naman..." sabi ko nalang, ang boses ko'y mahina pero may tunay na pasasalamat na lumabas sa dibdib ko. Hindi ko inexpect na maririnig ko 'to mula sa isa sa mga kaibigan ni Elijah—lalo na sa kanya, si Alessandro, na parang laging may kakaibang init sa mga mata.

Ngumiti siya..

"Hindi naman..." sagot niya, saka tumitig sa akin nang diretso.

"Ayoko lang talaga sa lahat ay may babaeng nahihirapan o nasasaktan. May kapatid kasi akong babae... at may ina din ako."

Tahimik ako saglit—naramdaman ko ang biglang pagbigat ng mga salita niya. Hindi siya nagsasalita para magpakabait o magpa-impress.

Parang... totoo lang. Galing sa puso. Galing sa karanasan.

Ang Ganda naman ng pagpapalaki sa kanya ng ina niya kung ganun..

Napatingin ako sa tiyan ko—ang baby na lumalaki doon, na hindi ko pa man lang nakikita nang malinaw sa ultrasound.

"Salamat..." bulong ko ulit, ang luha ko'y bumalik pero hindi na sa takot. Sa... pagpapasalamat.

"Salamat kasi... nandito ka. Kahit hindi mo naman ako kilala nang matagal."
Ngumiti ulit siya—mas malapad ngayon.
"Kilala na kita, Athena," sabi niya, ang tono'y malambot pero may kumpiyansa.

"Ikaw 'yung babaeng ikinulong ng baliw kong kaibigan... hindi mo deserve 'tong ganito.... Pasensya na Athena gusto kitang tulungan pero Baka patayin naman ako ng magkapatid...."natatawa niyang Sabi at napapailing..

Napalunok ako. Ang mga salita niya'y tumama nang diretso sa puso ko.

Chapter 31

"Maniwala ka, Elijah!! Wala talaga akong ginawa kay Athena!!"

Iyak na sigaw ni Alex, ang boses niya'y basag na basag sa sakit at takot. Duguan na siya—ang mga kamay niya'y naka-tali paitaas, nakasabit sa pipe sa kisame ng malayong kwarto, malayo sa kwarto ni Athena. Ang mukha niya'y halos hindi na makilala: namaga ang mata, duguan ang ilong at labi, may hiwa sa pisngi na dumudugo pa rin. Ilang beses na siyang nahimatay kanina, pero nang magising ay ganun pa rin ang ayos—duguan, nakabitin..

Sa gilid nakatayo lang si Elijah, naninigarilyo nang tahimik. Ang usok ay umiikot-ikot sa paligid niya habang ang mga mata niya'y madilim pa rin, puno ng galit na hindi na niya maitago. Duguan ang kanyang mga kamay— mula sa sugat ni Alex dahil kanina pa niya ito pinapahirapan ng suntok.

Walang salita.

Walang tanong.

Suntok lang.

Paulit-ulit.

Hanggang sa mawalan ng malay si Alex. Tapos hinintay ulit niyang magising... para magpatuloy.

Sa loob ng kwarto niya, natutulog na si Athena—payapa na ang mukha, pero may bakas pa rin ng luha sa pisngi. Hindi niya alam ang nangyayari sa labas.

Nang makatulog si Athena kanina, lumabas si Alessandro para dalhin si Alex sa malayong kwarto—malayo sa kwarto kung saan natutulog si Athena ngayon. Doon itinali ang kamay paitaas, Para pag-uwi ni Elijah... siya mismo ang magpapahirap dito.

Ngayon Kitang-kita ni Elijah kung paano matakot si Athena noong araw na pinuntahan ito ni Alex—ayon na rin sa nakikita niyang replay sa footage ng CCTV ng kwarto niya.

Sa sobrang busy niya noon, hindi niya na-check agad ang mga recordings. Pero nang makita niya ang footage... nang makita niya kung paano sinipa ni Alex ang pinto, kung paano pilit na binuksan ang lock, kung paano tumingin ito kay Athena nang may masamang hangarin... nanginig siya sa galit.

Naninigarilyo pa rin si Elijah. Ang usok ay umiikot sa paligid niya habang ang mga mata ay nakatitig kay Alex na halos hindi na makagalaw.

"Pinagkakatiwalaan pa Naman Kita....tsk sayang.." malamig na sabi ni Elijah napapailing..

Si Alex Naman ay nahihirapan ng huminga—duguan ang bibig, namamaga ang mukha. Pero natatakot na talaga siya. Alam niyang tutuluyan talaga Siya ni Elijah.

"W-wala... wala Naman akong ginawa sa kanya ..." bulong niya, pero ang boses ay halos hindi na lumalabas. "Nag... nagtanong lang ako kung okay lang siya... promise..."

Tumawa si Elijah—mapang uyam na tawa.

Hindi na nagsalita pa..

Nanlalaki nalang ang mga mata ni alex, parang alam na niya kung ano ang susunod.

Tahimik ang kwarto—walang ingay maliban sa mabigat na hininga ni Alex at sa mahinang tik-tak ng orasan sa pader.

Pinaikot ni Elijah ang hawak na patalim—

sanay na sanay...

Walang emosyon sa mukha niya, walang galit na nakikita sa labas, pero ang mga mata niya...nanlilisik, nanlalaki nang dahan-dahan habang ginagawa niya 'yon. Walang sabi-sabi, isinaksak niya iyon kay Alex—paulit-ulit, malalim, walang pag-aalinlangan.

Ang bawat saksak ay may tunog na basa at mabigat—parang hiwa sa laman na hindi na maibabalik pa. Si Alex ay natulala na lang, namatay nang dilat ang mga mata, ang bibig ay nakabuka pa sa huling hinga na hindi na nailabas. Walang sigaw. Walang laban. Parang bigla na lang siyang nawalan ng buhay habang nakatitig pa rin kay Elijah, parang hindi niya inexpect na ganito ang katapusan niya.

Sa huling saksak, idiniin pa ni Elijah ang patalim—at pataas na parang hiniwa hanggang dibdib. Ang dugo ay dumaloy nang mabilis, bumubuhos sa sahig ng kwarto, pula at makapal, hanggang sa maging madilim na lamang ang kulay nito sa dim light. Ang katawan ni Alex ay nanatiling nakabitin, ang ulo ay nakayuko na, walang buhay na bukas pa rin ang mga mata.

Tahimik lang si Elijah—walang hininga na mabilis, walang nanginginig na kamay. Inalis niya ang patalim nang dahan-dahan, saka inihagis nalang sa sahig. Tumingin siya sa katawan na nakasabit pa rin—walang pagsisisi sa mukha niya. Walang galit na natira. Walang kahit ano. Parang... Wala Lang talaga.

Tumalikod siya—walang tingin sa likod. Naglakad siya palayo sa kwarto..dumukot sa bulsa...may tinawagan para ipalinis ang kwartong Yun... Ang dugo sa kamay niya ay tumutulo pa rin sa sahig, pero hindi niya pinansin. Walang remorse. Walang pag-aalinlangan.

Kasi para sa kanya... tapos na.

Walang pwedeng makakagalaw kay Athena.

Walang pwedeng makakagalaw sa nag iisa niyang si athena.

At kung may susunod pa... gagawin niya ulit.

Walang pag-aalinlangan.

Walang awa.

Kasi si Athena... Para sa kanya, ang pinakamahalaga.

Athena pov

"Blue... nakatulog pala ako. Hindi mo man lang ako ginising.." sabi ko sa pusa na katabi ko na ngayon.

Nakahiga pa rin ako sa kama, Ang teddy bear mula kay Borgs ay yakap ko pa rin, inilalagay ko Siya sa gilid ng tiyan ko..at malaking tulong yun sa pakiramdam ko.. parang sandigan ko sa lahat ng takot at pagkalito.

Si Blue ay nakadapa sa tabi ko, ang Mataba niyang tiyan ay nakadikit sa tagiliran ko..

Maya-maya, bumukas ang pinto.

Bumungad si Elijah—bagong ligo, basa pa ang buhok niya, nagpupunas pa ng towel sa ulo.

Bigla akong naiilang. Tahimik lang akong nakikiramdam, ang mga mata ko'y sumusunod sa bawat galaw niya nang hindi ko namamalayan..

"Nagugutom ka ba?"Malambing niyang tanong..

Nakakapanibago.

"H-hindi... "sagot ko Kahit ang totoo Naman ay palagi akong gutom..,

Ilang na ilang akong napayuko, ang mga daliri ko'y naglalaro sa laylayan ng suot Kong oversized shirts niya. Hindi ko alam kung bakit bigla akong nahihiya sa kanya ngayon—siguro dahil sa nangyari...Yung paraan ng pagmamakaawa ko para Lang wag siyang umalis..

Parang siyang nag iba. O baka ako ang nagbago.

Umupo siya sa tabi ko—Awtomatikong umatras ako ng bahagya, ang likod ko'y sumagi sa headboard. Pero hinila niya ako pabalik—malakas pero hindi marahas—isinubsob ako sa dibdib niya.

Ang init ng katawan niya ay agad na bumalot sa akin. Ang amoy ng sabon, ng shampoo... lahat ay pamilyar na nakakalunod.

"T-teka Lang..." Pilit akong lumalayo... Ayokong mapalapit ulit dahil Baka panandalian Lang ang Lahat Ng Ito at aalis din siya mayamaya..

"Shh..." bulong niya sa buhok ko, ang kamay niya'y hinahaplos ang likod ko nang mahinahon.

"Hindi na ako aalis nang matagal ulit."

Hindi ako sumagot agad. Nakayakap lang Siya sakin, ang mukha ko'y nakasubsob sa dibdib niya. Ang luha ko'y tumulo ulit—hindi sa takot, kundi sa biglaang pag-asa na baka... baka totoo na itong sinasabi niya.

"Hindi na Kita iiwan ulit ng mag isa." Bulong niya..
At doon, sa yakap niya, sa init ng katawan niya, sa amoy niya na bumabalot sa akin... unti-unting nawala ang takot ko..at muli na Namang umasa...

Chapter 32

Kinabukasan, May dumating—apat na tao isang doctor na babae na mukhang matanda na mukhang mabait..

Dalawang nurse na parehong tahimik pero efficient, at isang midwife na may ngiti na nagpapakalma agad sa akin. Dala nila ang mga kahon—portable ultrasound machine na maliit pero high-tech, delivery bed na natutupi pero matibay, monitors para sa blood pressure at heartbeat, oxygen tank, incubator para sa baby kung premature, at maraming supplies: gloves, syringes, painkillers, vitamins, at iba pa.

Gumamit sila ng isang malaking kwarto sa bunker—yung dati'y storage lang, pero nilinisan ng mga tao ni Alessandro parang ginawang mini clinic. May curtain para sa privacy, may sink para sa hygiene, may emergency light at generator backup. Kompleto—parang totoong delivery room sa hospital, pero sa Loob ng bunker, lihim, safe mula sa labas.

Si Elijah ay nakatitig lang habang ginagawa nila 'to—walang salita, pero tumango siya kay Alessandro nang matapos.

"Salamat...." sabi niya..

"Wala Yun, Elijah..Maliit na bagay." Nakangising Sabi ni Alessandro sa kanya..

Umupo ako sa delivery bed—ang doktor na si Dra. Elena ay nag-check-up agad sa akin. Ultrasound sa maliit na machine—nakita ko nang malinaw ang baby ko sa unang pagkakataon.

Malakas ang heartbeat, malusog, lalaki pala. Napaluha ako—sa tuwa, sa gulat, sa lahat ng emosyon na sumabog sa dibdib ko..

"Healthy siya, Athena," sabi ni Dra. Elena, ngumiti nang malambot. "Malapit kanang manganak. Kailangan mo lang ng rest, tuloy ang vitamins, at monitoring.

Si Alessandro ay nakatayo sa gilid, nakangiti lang habang pinapanood ako.

Napatingin ako kay Elijah—nakaupo siya sa sulok, nakatingin sa ultrasound screen nang matagal. Titig na titig sa anak Namin doon...

Ang mga mata niya ay hindi na malamig. May lambot doon... At siguro pagmamahal..

Katulad Ng pangako nito Hindi na Nga Siya umalis... Lagi siyang andyan mag iisang linggo na..

Pero hindi rin talaga maiiwasan na umalis siya...

katulad ngayon, halos apat na oras siyang nawala. Pero pagbalik niya, may bitbit na siyang mga gamit ng anak namin.

Napatayo ako nang makitang may buhat-buhat siyang mga paper bag at iba pang gamit ng bata—mga kahon na may label pa ng mga sikat na brand para sa newborn, isang foldable crib na compact pero mukhang matibay, mga diaper pack, wipes, maliit na blanket na may cute na prints, at marami pang iba.

Name nalang talaga ang kulang.

Hindi ko naiwasang lumapit at kinuha ang hawak niyang paper bag. Binuksan ko 'yon nang dahan-dahan—may maliliit na damit pang newborn: onesies na may tiny socks attached, soft cotton bodysuits na may hood na may bear ears, booties na may little pom-poms, at isang maliit na cap na may "Mommy's Little Hero" embroidery.

"Wow... ang cute," mahina kong bulalas nang tingnan ko ang mga damit. Hindi ko mapigilan ang ngiti—kahit maliit lang, totoong tuwa 'yon.

"Blue... tignan mo oh..." sabi ko pa sa pusa na nakaupo sa kama, ipinakita ko ang mga damit. Si Blue ay tumingin lang, ang maliit na ulo ay nakatihaya na parang naiintindihan niya rin.

Maya-maya, lumapit si Elijah. Hindi pa rin kami masyadong nag-uusap—parang may invisible wall pa rin sa pagitan namin. Pero hinaplos niya ang tiyan ko—mahinahon, mainit ang palad niya sa ibabaw ng tela ng damit ko.

"Kumusta ang pakiramdam mo?" tanong niya, ang boses ay mababa at malambot, hindi na matigas tulad kanina.

"A-ayos lang naman..." sagot ko, ilang na ilang pa rin. Hindi ko alam kung paano magre-react sa lambing na 'to pagkatapos ng lahat.

Tapos katahimikan ulit.

Tahimik kaming nakatayo roon—ako, hawak pa rin ang paper bag ng mga damit, siya, nakatayo malapit pero hindi masyadong malapit. Ang mga gamit ng baby ay nakahiga sa kama, parang naghihintay na lang ng pagkakataon na gamitin.

Ang crib ay nakatiklop pa sa sulok, pero mukhang handa na rin.

"May pangalan kanabang naiisip?" tanong niya bigla, ang tingin ay nasa tiyan ko pa rin.

Natigilan ako. "W-wala pa... ."

Tumingin siya sa akin—matagal. Tapos bumuntong-hininga siya nang mahina.

"Ezekiel Raven..." Bigla niyang bigkas.. "Yun ang gusto Kong pangalan niya..."

"S-sige... Ezekiel Raven..."
Napatingin ako kay Elijah—ang mga mata niya'y nakatitig sa tiyan ko.

Hindi na siya ulit nagsalita agad, pero nakita ko ang maliit na pag-angat sa sulok ng labi niya—

"Ezekiel Raven..." ulit niya rin, parang sinusubukan ang tunog sa bibig niya. Tapos hinawakan niya ang kamay ko—mainit ang palad niya, mahigpit..

Hindi ko na mapigilan ang ngiti ko at mag komento "Maganda...tapos eze ang nickname niya," sabi ko.

Tumingin siya sa akin nang matagal— Tapos dahan-dahan niyang hinila ako palapit, niyakap nang mahigpit pero malambot, ang baba niya'y nasa ibabaw ng ulo ko.

Si Blue ay sumampa sa kama, lumapit sa tiyan ko at sinubsob ang maliit na ulo doon...

Napatawa ako nang mahina—sa gitna ng lahat ng takot at pagkalito, may ganitong sandali pa rin.

Siguro magiging Gwapo din siya... katulad ng daddy niya.

Napatingin ako kay Elijah...

Sana ang itsura lang ng ama niya ang makuha niya...

Yumakap siya sa akin, inamoy-amoy ang leeg ko nang malalim, parang hindi niya mapigilan ang sarili. Ang init ng hininga niya ay tumama sa balat ko, nagpapakilig at nagpapakaba nang sabay.

"Naligo ka na?" tanong niya, ang boses niya'y mababa at malambot, may halong pag-aalala na hindi niya madalas ipakita.
"Hindi pa..." nahihiyang sagot ko,
napayuko..

Nahihirapan na rin kasi talaga akong kumilos. Kahit pag suot ng panty, hirap na—ang tiyan ko'y malaki na, ang likod ko'y sumasakit sa bigat, at ang bawat galaw ay parang may pasanin na hindi ko na makakayanan mag-isa.

"Halika... papaliguan kita."

"Naku, wag na Elijah...!" nahihiyang pigil ko, ang mukha ko'y namumula nang husto. ..

"Nakakahiya..."

Ngumiti siya—

"It's okay. Nakita ko na naman 'yan."
Napayuko ako nang tuluyan, walang nagawa.

Nagpadala na lang ako sa kanya.
Dahan-dahan niyang hinila ako patayo, hinawakan ang baywang ko nang maingat para hindi ako madapa.

Inalis niya ang damit ko ng marahan.. Walang malisya sa galaw niya ngayon, walang gigil. Maingat lang, parang natatakot siyang masaktan ako o ang baby..

Pumasok kami sa banyo. Binuksan niya ang shower—mainit na tubig na agad na bumuhos nang tama ang temperatura.

Hinila niya ako sa ilalim, hinawakan ang likod ko para hindi ako madulas. Kinuha niya ang sabon, at hinimas nang mahinahon ang balikat ko, ang likod ko, ang tiyan ko. Walang madaling haplos, walang pagnanasa na nakakabahala.

Maayos lang, malambot,

Hinayaan niya akong tumayo nang matagal sa ilalim ng tubig, hinugasan ang buhok ko nang dahan-dahan, minamasahe ang anit ko nang mahinahon.

Hindi siya nagmamadali. Hindi siya nagsasalita. Pero ramdam ko ang pagbabago..

Pagkatapos, kinuha niya ang malaking towel, tinuyo ako nang buong-buo. Mula sa balikat pababa sa tiyan, sa mga hita, sa paa. Maingat na maingat,

Tapos... inakay niya ako pabalik sa kama. Binihisan, pinantyhan.

Tumingin siya sa akin nang matagal—walang salita muna.

Tapos... hinaplos ulit ang tiyan ko, umupo sa tabi ko at bahagyang yumuko sakto sa tiyan ko .

"Huwag mong pahihirapan ang mommy mo, Ezekiel..." bulong niyang nakangiti habang hinahaplos ang tiyan ko.

Chapter 33

Nagising ako sa gitna ng gabi dahil sa matinding sakit sa ibaba ng tiyan ko-parang may humihigpit at humihila nang sabay-sabay. Napahawak ako roon, humihingal, at bigla kong naramdaman ang mainit na dumaloy sa hita ko.

Tubig. Hindi ihi. Tubig ng panganganak.

"Elijah..." bulong ko, pero hindi ko na nagawang tawagin nang malakas. Si blue Naman ay nasa paanan ng kama, nakatayo na rin, naka-alert na parang naramdaman niya rin.

At nagngingiyaw siya ng malakas..

"Elijah..." tawag ko ulit, pero wala siya sa tabi ko. nasa labas siya, Pero sinabi niyang babalik siya agad.

At ang sakit ay lumalakas na.

Napahawak ako sa tiyan ko nang mahigpit, huminga nang malalim tulad ng itinuro ni Dra. Elena. "Breathe... breathe..." paulit-ulit ko sa sarili. Pero ang luha ko'y tumutulo na rin-takot, sakit, at kawalan ng kasama.

Maya-maya, bumukas ang pinto.

Si Elijah, halatang nag jogging Ito..

Bagong dating, pawisan pa ang noo.

Napatingin Siya sakin..

"Athena?"

"Manganganak na ako....." Natatakot Kong sagot dito, ang boses ko'y nanginginig sa sakit.

"Elijah... Ang sakit...."

Hindi na siya nagsalita. Mabilis niyang binuhat ako-maingat pero mabilis-hinawakan ang likod ko at ang tuhod ko, dinala ako patungo sa mini-hospital room na ginawa nila.

Agad Namang kumilos ang doctor at nurse Doon, buti Nalang Hindi pa sila nakakaalis..araw araw din sila rito sa utos naman ni Alessandro..para icheck ako..

Ang delivery bed ay inayos na, ang monitors ay nakakabit na agad sa akin nang maihiga ako.

"Elijah... hawakan mo 'ko..." bulong ko, ang kamay ko'y humawak nang mahigpit sa kanya.

Nakahawak din siya-hindi niya binawi kahit isang segundo ang Kamay niya. Ang mga mata niya nakatitig Lang sakin..

"Nandito Lang ako," sabi niya Nang paulit-ulit. "Hindi kita iiwan. Nandito ako, Athena."

Ang sakit ay lumalakas na-contraction bawat ilang minuto, mas malakas, mas matagal. Si Dra. Elena ay

nagbibigay ng instructions nang mahinahon: "Breathe with me... push when I say... good girl..."

Lumipas ang ilang minuto..basa Nang Luha at pawis ang mukha ko..

"Almost there, Athena... nakikita ko na ang ulo niya," sabi ni Dra. Elena. "One more big push..."

Humihingal ako, umiiyak, pero hinigpitan ko ang hawak kay Elijah, parang sa kamay niya doon ako kumukuha Nang lakas.

At sa huling malakas na push-sumigaw ako nang todo saka bumagsak ang likod sa kama, mayamaya -narinig ko ang unang iyak.

Malakas. Malinaw. Buhay.

Inilagay nila siya sa dibdib ko-mainit, basa, maliit pero buhay na buhay.

Si Elijah ay nakatayo sa tabi ko-hindi parin siya nagsalita. Pero ang mga mata niya... puno ng pagmamahal Hinawakan niya ang maliit na kamay ni Ezekiel..saka niya ako dinampian niya ako ng halik sa noo, tapos tingin ulit sa maliit na sanggol na nakapatong sa dibdib ko.

"Hi... anak," bulong niya.

"Daddy's here."

At sa mini-hospital room na yun sa Loob nang bunker-nangyari ang pinakamagandang bagay na hindi ko inexpect.

Nanganak ako.

Safe.

Kasama si Elijah.

Kasama ang team na nag-alaga sa akin.

At kasama si Ezekiel Raven.

Ang baby namin.

Ang anak namin.

At sa unang pagkakataon... hindi na ako natatakot.

Kasi nandito na siya.

Tinulungan ako ni Elijah mag-alaga ng bata... kahit minsan umaalis pa rin siya para gawin ang trabaho niya.

Araw-araw naman na siyang umuuwi ngayon-hindi na tulad noon na linggo o buwan ang pagkawala niya. Kapag umaga, siya ang nagpapalit ng diaper ni Ezekiel, siya ang nagpapatulog sa crib na binili niya mismo.

Kapag gabi, siya ang yumayakap na sakin, Hindi na ulit ako nag iisa-at unti unti na akong nasasanay sa kanya, si Blue sa paanan ng kama. Tahimik lang kaming magkakasama, walang maraming salita, pero ramdam ko ang init ng pamilya na unti-unting nabubuo..

At ngayon, habang nakatitig ako sa anak ko na natutulog sa crib-ang maliit na mukha niya'y parang kopya ni Elijah, ang mga mata na madilim at malalim, ang maliit na ngiti na lumalabas kahit natutulog-unti-unti ko nang natatanggap ang sitwasyon ko.

Dito siguro ako nababagay.

Dito ang lugar na ito.

Sa bunker na 'to, sa kwarto na 'to,

kasama si Elijah at si Ezekiel.

Lumipas ang apat na taon...

"Ezekiel!!!"

"Anak...! Asan na naman ba ang suot ang batang 'yun!!"

Tumunog ang cellphone ko-may cellphone na ako, bigay 'to dati pa ni Elijah para may contact kami tuwing umaalis siya.

At masyado siyang busy ngayon sa paghahanap sa kapatid niyang nawawala-si ellise, na bigla na lang nawala.

Hindi na siya umuuwi nang matagal tulad noon, pero kapag umalis siya, hindi na ako natatakot. Kasi alam ko... babalik siya.

May message galing kay Elijah:

"*Mhie, bukas pa ako makakauwi."*

Napabuntong-hininga ako-

Mayamaya nagulat ako sa biglaang pagyakap sakin..

Ramdam ko ang pagyakap sa akin ng anak ko sa hita ko-si Ezekiel, tatlong taon na, maliit pa rin pero ubod nang talino na.

Ang mga kamay niya'y nakahawak sa damit ko, ang ulo'y nakasubsob sa binti ko.

"Saan ka ba pumunta? Asan si Blue?" tanong ko rito, hinaplos ang buhok niya.

"Blue, come here na... ayaw ko na mag-play!" sigaw niya sa corridor.

Lumabas si Blue-ang laki na niya at ang taba-taba. Ang tanging kalaro ni Eze dito sa bunker.

Hindi na siya 'yung maliit na kuting na dati ngayon ay malaking pusa na, pero parang alam pa rin niya ang lahat ng nararamdaman ko.

"Mommy, sabihin mo kay Dad, play kami ni Kuya Helion!"

"No, anak," seryoso kong sabi, pakiramdam ko kasi may something doon sa batang si Helion. Anak siya nang kapatid ni Elijah na si elion..- kinakabahan ako tuwing isinasama ni Elijah yun rito, may kakaibang titig siya kay Ezekiel.

Parang... hindi ko maipaliwanag. Parang may iniisip siya na hindi niya sinasabi.

"Ayaw mo bang si blue nalang ang kalaro mo..." Tanong ko.

Tumingin si Eze sa akin-ang mga mata niya'y katulad ni Elijah, madilim at malalim.

"Pero bakit, Mommy? Masaya naman kami ni Kuya Helion....at saka si blue Hindi nga siya nag sasalita..."

Napatingin ako sa kanya-ang inosente niyang ngiti, ang maliit na kamay na hawak ang laruan..

At minsan natatakot ako... ayoko man aminin.

Iba din siya.

Isang beses nahuli ko siyang inihihiga si Blue sa sahig ng kwarto. Hawak niya ang maliit na knife na bigay daw ni Helion- nasa kamay niya na. Nakahiga si Blue nang patalikod, ang mga paa niya'y nakabuka nang bahagya, at ang tingin niya sa pusa ay... hindi galit, hindi rin malambot. Parang scientist na tinitingnan ang specimen.

Sabi daw ni helion kailangan daw buksan ang loob ng katawan ni Blue para malaman kung yung loob ba niya eh may nakatagong maliit pa na Blue...

Chapter 34

"Mommy...diba Yung tummy mo may baby din Diyan??" Tanong ni ezekiel, parang wala lang.

Marahan akong tumango at humaplos sa buhok niya, kasalukuyan kaming nasa kwarto.

"Mommy pwede ko bang operahan si Blue. Gusto ko lang malaman kung may baby din siya sa loob niya. Parang yung Mommy ni Kuya Helion. Sabi ni Kuya Helion, may laman daw na baby yung tummy ng Mommy niya...Sabi ko nga kahit ikaw mommy Meron din ehh"

Napalunok ako. Ang mga tuhod ko'y nanghihina na. Mabilis Kong itinago ang knife na nakapatong sa lamesa.

"Pero anak... lalaki naman si Blue," sabi ko, pilit na pinapakalma ang boses ko kahit halos hindi na ako makahinga.

"Lalaki ba siya, Mommy? Eh bakit ang taba at parang may laman ang tummy niya?"

"Busog kasi siya palagi..."

Agad kong niyakap si Ezekiel—mahigpit, parang gusto kong itago siya sa mundo na 'to. Ang maliit niyang katawan ay mainit sa dibdib ko, pero ang puso ko'y nanlamig na sa takot.

"Mommy, bakit hindi ka po sumasama sa amin ni Daddy pag umaalis kami?"

Hindi ako nakasagot. Pilit lang akong ngumiti rito.

"Ayaw ba ni Daddy makita ng mundo kung gaano kaganda ang Mommy ko?" nakangiting sabi niya, at kinatawa ko—kahit pilit, kahit masakit sa dibdib.

"Ikaw talaga, ang bata mo pa, bolero ka na."

"Totoo yun, Mommy. Sabi ni Daddy, napakaganda mo daw."

"Hmmm... halika na at kumain ka na."

Maya-maya, nakaramdam ako ng tunog na may paparating na hakbang—mukhang dumating na si Elijah.

"Eze..." boses ni Elijah 'yon. Napalingon kami—yung anak ko ay tumakbo sa kanya tuwang-tuwa.

"Daddy!!"

Sa likod ni Elijah, lumabas si Helion.

"Kuya!!!" sigaw ni Eze. Tipid lang na ngumiti si Helion, tapos tumingin sa akin.

"Good morning po, Tita."

Tumango lang ako. Lumapit si Elijah at dinampian ako ng halik sa noo.

"Pasensya na, Baka umalis parin ako bukas. Kasama sila dad pupuntahan namin yung kumuha kila

ellise...." bulong nito.

"Kilala niyo naba Kung sino ang kumuha?" Tanong ko pero ang mata ko hindi kay Elijah nakatingin, kundi doon sa dalawang bata..

Kinabahan ako nang buhatin ni Helion si Blue. Mabilis akong lumapit at kinuha ang pusa—maingat, parang takot na baka masaktan siya.

"Naku, helion Baka makalmot ka ni Blue," pagdadahilan ko, ang boses ko'y pilit na kalmado. Hinila ko si Blue palapit sa dibdib ko, hinimas ang likod niya nang paulit-ulit.

Si Helion ay tumingin lang sa akin—walang salita, pero may kakaibang titig na hindi ko gusto. Si Eze ay tumakbo ulit sa kanya, hawak ang laruan.

"Kuya, tara maglaro Tayo...!"

Tumingin si Helion kay Eze—ngumiti nang tipid. "Sige... pero wag Kang masyadong maingay ha. Baka magising si baby."

Napatingin siya sa tiyan ko—kinabahan ako.

"Athena.." tawag sakin ni Elijah..

Lumingon ako dito..

"Halika, hayaan mo ang Mga bata maglaro.."

Tumango ako pero Hindi binibitawan si Blue..

Pinagtimpla ko si elijah ng kape, at umupo sa tabi niya..habang binubuksan ang Inabot niyang pasalubong sakin.

Si blue nasa tabi ko Lang..

"Elijah..." simula ko.

"Huwag ka sanang magagalit pero si Helion... may something ba sa kanya?? Natatakot ako para kay Eze."

Tumingin siya sa akin—matagal.

"Wala, ganun lang talaga siya..," sabi niya, ang tono ay mababa pero matigas. "Kumusta, Hindi Paba nasakit..?" Tanong niya sa tiyan kong malaki na ang umbok, kabuwanan ko na..

Parang inililihis niya talaga ang topic..

Sa labas... naririnig ko pa rin ang tawa ni Eze at ang mahinang boses ni Helion.

"Let's play, Eze... secret game."

Napahawak ako sa braso ni Elijah nang mahigpit.

"Elijah... wag mong hayaang maglaro sila nang matagal. Please."

Tumingin siya sa akin—walang sagot agad.

Pero hinigpitan niya ang hawak sa kamay ko.

At sa katahimikan ng kwarto na yun.. ramdam ko ang takot na hindi na nawawala.

Kasi si Ezekiel... unti-unting nagiging katulad ng ama niya o ng lahi nila.

At si Helion... Kahit bata pa nakakakilabot Ito tumitig.. lalo na sa tiyan kong siyam na buwan na.. Yung tingin niya Parang curious.

“Athena…” mahinang sabi ni Elijah habang pinaharap niya ako sa kanya.
Mahigpit ang hawak niya sa magkabilang balikat ko—hindi masakit, pero mabigat.

“Si Helion mabait siya.”

Umiling ako agad. Ramdam ko ang panginginig sa katawan ko, pati ang bigat ng tiyan ko na tila mas lalong bumigat sa kaba.

“Hindi, Elijah,” mariin kong sagot, halos pabulong. “Natatakot ako sa kanya.”

Umigting ang panga ni Elijah. Kita ko ang bahagyang iritasyon sa mga mata niya—pero mas nangingibabaw ang pagpipigil.

“Bata lang siya, Athena.”

“Hindi normal ang titig niya,” putol ko. “Hindi normal ang mga tanong niya. At lalong hindi normal na ang isang bata… ganun tumingin sa tiyan ko.”

Napabuntong-hininga siya. Saglit niyang ipinikit ang mga mata, parang may pinipigil na emosyon.

“Si Helion ganyan na talaga siya simula bata,” sabi niya, mababa ang boses. “Tahimik. Mapagmasid. Pero Hindi ibig sabihin masama na siya.”

Napahawak ako sa kamay niya, halos manlambot.

“Please,” pakiusap ko. “Wag mo muna siyang dalhin dito. Para kay Ezekiel… para sa pinagbubuntis ko.”

Tumahimik siya.

“Fine… hindi na muna. Last na muna ’to.”

Tumango ako, pilit ngumiti kahit ramdam kong nanginginig ang mga tuhod ko.

“Salamat, Elijah.”

Naging maayos naman ang maghapon na ’yon—
o iyon ang pilit kong ipinaniwala sa sarili ko.
Normal. Tahimik. Walang kakaiba.
Kahit sa loob-loob ko, parang may nakamasid.

“Tita…”

“Ay!” napapitlag ako at agad na napalingon sa likod ko.

H-h-Helion.

“A-ano yun?” pilit kong tanong. “May kailangan ka ba?”

“Asan po si Blue?” diretso niyang tanong.
Nanikip ang dibdib ko.

“Naku, baka lumabas lang,” mabilis kong sagot.

“Alam mo naman ’yon, mahilig gumala.”

Hindi ko sinabi ang totoo—
na ikinulong ko si Blue sa isa sa mga kwarto ng bunker,
nakasarado, tahimik, ligtas.
Tumango lang siya.

Pero ang mga mata niya…
hindi tumigil.
Lumilibot ang tingin—
sa mga pader, sa sahig, sa hagdan,
Talagang hinahanap niya ang pusa ko.
Huminto ang tingin niya sa akin.
Saglit.
Matagal.

Ngumiti siya—banayad, magalang.
“Sabihin niyo po kay Blue…
babalik ako.”

At bago pa ako makasagot, tumalikod na siya.

Nanatili akong nakatayo—
hindi humihinga,
hindi gumagalaw.
Yung tiyan ko bahagyang sumakit.

Chapter 35

Kasalukuyan kaming nakaupo lang... si Elijah sa tabi ko, hinihimas ang tiyan ko nang marahan. Nakatingin Siya sa dalawang bata sa kabilang sulok ng kwarto kung saan naglalaro sina Eze at Helion.

Online games ulit ang pinaglalaruan nila—maliit na screen ng tablet, mga kulay at tunog na puno ng excitement. Si Eze ay tumatawa nang mahina tuwing mananalo siya, at si Helion... tahimik lang, tutok ang mga mata niya sa screen gigil na gigil Pumindot..

Pagabi na din. Bukas pa raw ihahatid ni Elijah si Helion isasabay nalang niya pag alis—mag-overnight daw muna ito sa amin ngayong gabi. Hindi ko na alam kung gusto ko 'yon o hindi. May something pa rin sa batang 'yon na hindi ko mapaliwanag—yung titig niya, yung paraan ng pagsasalita niya tungkol sa "pagbubukas" ng katawan.

"Mommy," sabi ni Eze bigla, hindi inaalis ang tingin sa tablet. "Sabi ni Kuya Helion... magdo-doctor daw siya pag laki."

Pilit akong ngumiti—kahit ang dibdib ko'y biglang sumikip.

"T-talaga? Wow, Helion... maganda 'yun..."

"Oo, Tita," sagot ni Helion nang walang pag-aalinlangan, ang boses ay kalmado pero may kakaibang tono na nakakakilabot.

"Mag-oopera na po ako ng tao. Mabubuksan ko na ang katawan... at makakakita ng tunay na puso."

Napalunok ako. Ang mga daliri ko'y kusang humigpit sa kamay ni Elijah sa tiyan ko. Ramdam ko ang init ng palad niya, pero hindi 'yon sapat para mawala ang lamig na kumalat sa likod ko.

"Alam mo ba, Eze," dagdag ni Helion, nakatingin pa rin sa screen pero ang boses ay parang sinasadyang marinig ko..

"hindi totoo na ang puso ay yung katulad sa mga drawing. Ang sabi ng Daddy ko... hindi daw ganun ang itsura nun."

Si Eze ay curious na tumingin kay Helion. "Eh anong itsura nun, Kuya?"

Agad kong pinutol.

"Kaya ganun ang itsura ng puso sa drawing, Helion," sabi ko, pilit na pinapakalma ang boses ko. "Kasi magkadugtong 'yon... at mas maganda tignan."

Hinigpitan ko pa ang hawak sa kamay ni Elijah. Ramdam ko ang pag-igting ng muscles niya sa braso, pero hindi siya gumalaw. Walang reaksyon sa mukha niya. Parang wala lang sa kanya ang usapan.

Si Helion ay tumingin sa akin—tipid na ngiti lang, walang salita. Tapos bumalik ang tingin sa tablet, parang walang nangyari.

Si Eze ay tumango lang. "Okay po, Mommy. Mas maganda nga tignan kapag magkadugtong."

Tahimik ulit ang kwarto—maliban sa tunog ng game sa tablet..

Pero sa loob ko... hindi tahimik.

Ang mga salita ni Helion ay paulit-ulit sa isip ko: "Mabubuksan ko na ang katawan... at makakakita ng puso."

Parang... may plano.

Napatingin ako kay Elijah—nakaupo pa rin siya sa tabi ko, ang kamay ay nasa tiyan ko pa rin, pero ang tingin niya ay parang iritable na ngayon.

Pero hindi siya nagsalita.

Siguro nasasaktan siya sa panghuhusga ko kay helion, dahil pamangkin niya ito.

Natatakot Lang Naman ako para kay Eze.

At si Elijah... bakit parang wala lang sa kanya?

Bakit wala siyang sinasabi kahit ano?

Bakit... parang hinahayaan niya?

Kinabukasan...

Maagang silang aalis—may pupuntahan sila Elijah doon sa pinaghihinalaan nilang kumuha kila Ellise, Ara, at Zamaria... yung tatlong babaeng nawawala. Hindi niya sinabi nang malinaw kung saan eksakto, pero ramdam ko ang urgency sa galaw niya kaninang umaga.

Masakit na ang tiyan ko—parang may humihigpit sa loob, parang may humihila pababa. Pero nawawala-wala din naman siguro dahil lang sa tensyon kahapon kay Helion. Hindi pa ako manganganak. Hindi pa. Paulit-ulit kong sinasabi sa sarili ko habang hinahaplos ang tiyan, habang pinipilit ang sarili na huminga nang malalim.

Hinalikan ako ni Elijah sa noo.

"Babalik agad ako..." bulong niya, tumango ako—pilit.

Si Blue... hinayaan ko nang makalabas paalis na rin si Helion. Pero nakatitig pa rin ang bata kay Blue nang lumabas ito. Yung titig na 'yon—hindi galit, hindi rin malambot. Parang... curious na may halong something na hindi ko maipaliwanag.

Nakaramdam ako ng inis. Ano bang ginawa ni Blue sa kanya?!

Umupo pa si Helion at hinimas ang ulo ni Blue.

"Blue..." aniya, ang boses ay kalmado pero may kakaibang tono. "Ang tanda mo na... malapit ka na sigurong mamatay."

"Helion!!!" sigaw ko—hindi ko napigilan. Bilang isang furmom, masakit 'yon. Parang sinaksak ang dibdib ko.

Si Blue ay humiga lang ang mga mata na laging inaantok, Kaya laging tulog. Nanatili lang siyang nakahiga sa harap ni Helion.

Tumingin si Helion sa akin—walang galit sa mukha, walang takot. Parang wala lang.

"Pero totoo naman, Tita," sabi niya, ang tono ay parang nagpapaliwanag lang.

"Sabi ni Daddy, kapag matanda na ang pusa o kahit sino, malapit nang mamatay. Kaya dapat... alamin natin kung ano ang nasa loob bago mawala."

Napalunok ako. Ang mga kamay ko'y nanginginig nang hawakan ko si Blue at hinila palapit sa akin.

"Huwag mong sabihin 'yon ulit," sabi ko, pilit na pinapakalma ang boses ko. "Huwag mong sabihin na malapit nang mamatay si Blue. Hindi ganun 'yon helion."

Tumingin siya sa akin—ang mga mata niya'y madilim, katulad ni Elijah, o Nang ama nito na si Elion at maging ang lolo nito...pero may kakaibang kuryosidad na nakakakilabot sa mga mata ni helion..

"Pero bakit po, Tita? Hindi ba mas maganda kung malalaman natin kung ano talaga ang nasa loob? Para maintindihan natin kung bakit siya ganun...at kung bakit may kamatayan na tinatawag."

Natigilan ako..

Napatingin ako sa pinto—kung Saan nakatayo Lang si Elijah roon. Parang wala Lang sa kanya..

Lumapit ako kay Helion—dahan-dahan, parang takot na baka bigla siyang gumalaw.

"Helion..." sabi ko, ang boses ay mahina pero matigas.

"Hindi lahat kailangang buksan para maintindihan.."

Tumingin siya sa akin—walang sagot agad. Tapos ngumiti siya nang tipid.

"Okay po, Tita. Sorry po kay Blue."

Pero sa mga mata niya... hindi ko sure kung totoo ang sorry na 'yon.

Hinila ko si Blue palapit sa dibdib ko, hinimas ang likod niya nang paulit-ulit.

"Blue... Wag mo akong iiwan ahh?" bulong ko sa pusa, kahit napakaimposible nun..itong Mga nakaraan Kasi pansin Kong tumatamblay siya...

Nagngiyaw lang siya nang mahina—parang sinasabing "okay lang."

Pero sa loob ko... hindi okay.

Alam kong may problema sa health niya Kaya siguro trip Ito ni helion.

Parang may something na lumalaki sa loob ng tiyan niya.

At natatakot ako.

Lalaki siya..

Napatingin ako sa pinto—palapit si elijah.. nakatingin sakin..

Napansin ang lungkot ko at napatingin Kay blue..

"Pag uwi ko.. dadalhin Natin siya sa vet .." Aniya saka ngumiti..tumango nalang ako at Hindi mapigilan ang mapaluha..

Chapter 36

Tahimik ang loob ng bunker... si Ezekiel naglalaro sa kabilang kwarto habang ako hinihimas si Blue sa balahibo.

Napapaisip ako.

Ang tagal ko nang kasama si Elijah pero kahit kelan hindi siya nag-open tungkol sa pamilya niya... as in wala. Mag-kwento man siya, recent lang-like kinasal yung kapatid niya, nawawala yung bunso nila-pero yung history ng pamilya niya, hindi ko man lang alam.

Hindi niya sinasabi kung paano sila lumaki, kung bakit ganito siya, kung bakit ganito ang buhay niya.

Parang may pader pa rin sa pagitan namin kahit magkayakap na kami sa gabi.

Parang... hindi niya ako pinapasok nang buo sa buhay niya.

"Blue... masakit ba 'yang nasa tiyan mo?" tanong ko rito, habang hinahaplos ang bukol sa tiyan niya. ..

Hindi siya nag-react, nakapikit lang, parang gumiginhawa siya sa haplos ko. Pero ramdam ko ang init doon-malaki na bukol na hindi nawawala parang habang tumatagal mas lalong lumalaki.

Napabuntong-hininga ako. Hindi ko na alam kung ano ang gagawin. Hindi ko na alam kung paano ko mapoprotektahan o magagamot si Blue...

Maya-maya, nag-prepare na ako ng tanghalian namin ni Ezekiel-simple lang, kanin at adobo na luto ko kaninang umaga. Tapos lumabas na ako at Tinawag ko siya.

"Eze! Kain na, baby!"

Walang sagot..

"Asan na ba 'yung batang 'yun?!" tanong ko sa sarili, lumakad ako papunta sa kabilang kwarto kung saan siya naglalaro kanina.

Walang tao.

Tahimik ang kwarto-laruan niya nakakalat sa sahig, tablet naka-on pa sa screen ng game, pero wala si Eze.

" Eze?" tawag ko ulit, ang boses ko'y tumaas nang bahagya. Lumakad ako sa corridor-walang ingay. Pumunta ako sa isa pang kwarto na dating kwarto ni ate maureen-walang tao. Sa mini-hospital room-walang tao. Sa storage-walang tao.

Bigla akong kinabahan. Ang tiyan ko ay sumakit ulit-hindi malakas, pero sapat para mapahawak ako roon.

"Ezekiel!" sigaw ko na ngayon, ang boses ay puno ng takot. Tumakbo ako sa hallway, tinawag ulit ang pangalan niya.

Walang sagot.

Si Blue ay sumunod sa akin, tumatakbo sa paa ko, ngiyaw nang mahina parang nag-aalala rin siya kahit hirap na..

Napatingin ako sa pinto ng bunker-naka-lock pa rin, pero may maliit na indicator na nagsasabing "open" mula sa loob. Hindi ko na alam kung ano ang nangyayari.

"Eze!" sigaw ko ulit, tumakbo ako sa pinakamalayong kwarto-yung dating ginamit na play area nila Eze at ni Helion...pinagbawalan ko na siya Doon..kinakabahan ako..nakarinig ako ng maliit na boses na tumatawa..

At doon... nakita ko siya.

Nagulat ako nang makita ko si Ezekiel sa sulok ng play area-nakaupo sa sahig, hawak ang isang malaking daga na halos kasinglaki ng braso niya. Hindi 'yung cute na pet rodent na nakikita sa cartoons... totoong daga, mabalahibo, kulay gray-brown, at ngayon ay walang buhay na nakahiga sa kandungan niya.

Duguan ang mga kamay niya-pula at makapal ang dugo na tumutulo pa rin sa sahig, bumubuo ng maliit na puddle sa ilalim ng daga. Ang maliit na tiyan ng hayop ay bukas na-hiwa nang maayos, parang sinadya, at nakikita ko ang loob nito: maliit na bituka, maliit na puso na natigil na sa pagtibok, at cotton-like fats na natatapon sa gilid.

Ang daga ay hindi na gumagalaw. Walang hininga. Walang tunog maliban sa mahinang drip ng dugo sa sahig.

"E-eze...anak Naman.." naiiyak Kong tawag dito, ang boses ko ay halos hindi lumabas. Ang mga tuhod ko'y biglang nanghina, pero pinilit kong lumapit.

Tumingin siya sa akin-ang mga mata niya ay walang takot, walang guilt. Parang wala lang.

"Mommy," sabi niya, ang boses ay kalmado na parang nagpapakita lang ng laruan.

"Tinignan ko lang kung may baby din sa loob niya katulad mo.. Sabi kasi ni Kuya Helion... kapag binuksan mo, makikita mo kung ano talaga 'yung nasa loob."

Napalunok ako. Ang luha ko ay tumutulo nang walang ingay. Lumapit ako nang dahan-dahan, kahit diring diri ako kinuha ko parin ang daga mula sa kandungan niya-mainit pa ang katawan nito, basa pa sa dugo. Inilagay ko sa sahig plastik nang mahinahon, kahit may panaka nakang pag kirot na sa tiyan ko.

"Ezekiel..." sabi ko, ang boses ay nanginginig. "Bakit mo Yun ginawa 'ha?" Pagalit na Sabi ko

Tumingin siya sa akin-ang mga mata niya ay katulad ni Elijah: madilim, malalim, walang emosyon na makikita sa ibabaw.

"Gusto ko lang malaman, Mommy," sagot niya, parang curious lang. "Parang ikaw Mommy. Gusto ko lang makita kung may laman din siya sa loob... parang baby."

Napahawak ako sa dibdib ko-ang luha ko ay hindi parin tumitigil. Lumapit ako sa kanya, niyakap siya nang mahigpit kahit duguan pa ang mga kamay niya.

"Hindi ganun yun, baby," bulong ko, pilit na pinapakalma ang sarili. "Hindi mo kailangang buksan ang mga bagay para maintindihan. Lalo na ang mga may buhay. Hindi mo kailangang saktan para malaman kung may laman ang loob nila."

Tumingin siya sa akin-walang sagot agad. Tapos ngumiti siya nang tipid.

"Okay po, Mommy. Sorry po."

Pero sa mga mata niya... hindi ko sure kung totoo ang sorry na 'yon.

Hinila ko siya palapit sa dibdib ko, hinimas ang buhok niya nang paulit-ulit. Ang dugo mula sa kamay niya ay dumikit sa damit ko, pero hindi ko inalis. Hinayaan ko lang.

"Promise mo si Mommy," sabi ko, ang boses ay mahina pero matigas. "Na Hindi mo ulit gagawin Yun ha? Huwag na mo na ulit bubuksan ang kahit ano... kahit hayop pa 'yan. Promise?"

Tumango siya-mabilis, walang pag-aalinlangan.

"Promise po."

Pero sa loob ko... alam ko.

Hindi na 'to basta pagkamausisa ng bata.

May something na lumalaki sa loob ni Eze.

Katulad ng ama niya o Nang pamilya nila..

At si Helion... parang binubuksan na ang daan para doon..

Napatayo ako, hawak ang kamay ni Helion, pero agad din napatigil.

"A-aray..." anas ko, biglang napahawak sa tiyan ko nang mahigpit.

Ang sakit ay parang kidlat na sumabog sa loob-matindi, matalim, at hindi na nawawala. Parang may humihila pababa, may humihigpit sa loob na hindi ko na makontrol.

Ang tuhod ko'y biglang nanghina, at agad akong napaupo sa sahig, ang likod ko'y sumagi sa pader.

Umiiyak na ako-hindi na mapigilan. Ang luha ko'y tumutulo nang sunod-sunod, ang hininga ko'y mabilis at mababaw.

"Elijah..." tawag ko kahit alam Kong wala Naman siya.., ang boses ko ay basag na basag, puno ng takot ng Makita ang dugo sa hita ko..

"Elijah...!"

Chapter 37

Napatingin ako sa hita ko—may naagos na dugo. Mainit, pula, dumadaloy nang mabilis sa sahig. Hindi ko na alam kung ano ang nangyayari—ang tiyan ko'y sumasakit nang todo, parang may sumasabog sa loob, at ang dugo... ang dugo ay hindi tumitigil.

"Mommy... bakit may dugo?" tanong ni Eze, ang boses ay walang emosyon.

Napalunok ako—ang takot ay sumabog sa dibdib ko. Hindi ko na alam kung paano huminga.

Ang sakit ay lumalakas na—contraction na naman, mas malakas kaysa kanina. Ramdam ko ang pag-igting sa loob ko, ang paghila pababa na parang may lalabas na.

Hindi pa.

Hindi pa dapat.

"Elijah..." bulong ko ulit, umiiyak nang malakas.

"Elijah... Asan kana..."

Pero wala siya.

"Eze..." sabi ko, ang boses ko'y halos mawala.

"Tawagan mo ang Daddy mo... please... tawagan mo sabihin mo ..."

Tumingin siya sa akin—walang takot sa mukha niya.

Napahawak ako sa tiyan ko nang mahigpit—ang sakit ay parang sumabog ulit. Ang dugo ay dumadaloy

pa rin, mainit at madami.
Hindi ko na alam kung ano ang gagawin.

Pinilit kong tumayo. Si Eze ay humawak sa kamay ko pero nakangiti pa rin.

"Mommy, lalabas na ang kapatid ko...?" tanong niya, ang boses ay puno ng excitement na parang hindi niya naiintindihan ang sakit na nararamdaman ko.

Tumango ako—pilit, walang lakas na magsalita. Ang luha ko'y tumutulo nang walang tigil, pero pinilit kong maglakad. Humawak ako sa pader, ang mga daliri ko'y nakakapit nang mahigpit sa concrete na malamig.

Ang bawat hakbang ay parang apoy sa ibaba ng tiyan ko—humihigpit, humihila, sumasakit nang todo. Napapahinto ako sa bawat ilang hakbang, humihinga nang malalim, pinipilit ang sarili na huwag sumuko.

Pero kailangan kong makarating sa kwarto. Kailangan kong makarating sa kama. Kailangan kong... mahintay si Elijah.

Umiiyak akong humiga sa kama—ang likod ko'y bumagsak sa mattress nang walang kontrol, ang mga kamay ko ay nakahawak pa rin sa tiyan ko. dugo ay dumadaloy pa rin sa hita ko, mainit at madami, bumubuo ng mantsa sa kumot.

Contraction na naman, mas malakas, mas matagal.

Si Eze ay nasa gilid lang, nakatayo, nakatingin sa akin.

"Mommy??" tawag niya, ang maliit na boses ay puno ng pag-aalala pero may curiosity pa rin.

Parang gusto kong sumigaw—sa sakit, sa takot, sa kawalan ng magagawa at tutulong.

"E-Eze... akina yung phone ko sa table, anak... dali..." hirap kong sabi, ang boses ay halos mawala sa sakit.

Ang kamay ko ay nanginginig habang itinuturo ang bedside table kung saan nakalagay ang cellphone na bigay ni Elijah.

Tumakbo si Eze—mabilis, walang pag-aalinlangan. Kinuha niya ang phone at ibinigay sa akin.

"Mommy, bakit may dugo? Masakit ba?" tanong niya, ang mga mata niya'y malaki na rin,

Hindi ako sumagot agad. Kinuha ko ang phone nang nanginginig ang kamay. Binuksan ko ang screen— Pilit kong hinanap ang number ni elijah kahit ang sakit ay kumakalat na sa gitnang bahagi ng katawan ko.

Ilang ring lang sumagot siya.

"Elijah... asan ka na ba?? Manganganak na ako... umuwi ka na... natatakot ako..." Umiiyak kong sabi dito..

"Pauwi na ako..." sagot niya—mabilis, pero may halong panic na narinig ko sa boses niya kahit sa linya lang.

Nalaglag ang phone sa gilid ko nang bumugso ang sobrang sakit— Napasigaw ako, ang mga kamay ko'y nakahawak nang mahigpit sa tiyan, ang dugo ay dumadaloy pa rin sa hita ko, mainit at madami.

"Elijah... bilisan mo..." hikbi ko, pero wala na siya sa linya.

Si Eze ay nakatayo pa rin sa harap ko, ang mga mata niya'y malaki, pero hindi siya umiiyak. Nakatingin lang siya sa akin, sa dugo sa sahig, sa tiyan ko na sumasakit nang todo.

"Mommy... lalabas na ba si baby?" tanong niya, ang boses ay curious pa rin, walang takot na makikita.

Hindi ako makasagot. parang lalabas na talaga.

Napahawak ulit ako sa tiyan ko nang mahigpit—ang contraction ay lumalakas na, parang may humihila pababa nang todo. Ang dugo ay hindi na tumitigil.

"Mommy... okay lang po 'yan... Pabalik na po si daddy..."

Sa gitna ng sakit... naramdaman ko ang pagdila ni Blue sa luhaan kong mukha.

Mainit ang dila niya, mahinahon, parang sinasabing. "*Nandito ako, Mommy... hindi ka mag-isa."* Kahit Hindi siya nag sasalita alam Yun ang gusto niya iparating, parang kumakalma ako. Nagkaroon ng lakas—maliit lang, pero sapat para hindi ako sumuko.

Inabot ko ang kumot sa tabi ko... hindi na talaga kaya. Pilit kong inalis ang panty ko nang nanginginig ang mga kamay—ang dugo ay dumadaloy pa rin, mainit at madami, pero hindi ko na pinansin. Si Eze ay nasa tabi ko na, pinupunasan ang luha ko at pawis ko gamit ang maliit na kamay niya.

"Mommy... kaya mo po 'yan," sabi niya, ang boses ay puno ng pag-asa. Si Blue ay andun pa rin, nakadikit sa ulunan ko, dinudilaan ang balat ko na parang binibigyan ako ng suporta sa kabila ng dinaramdam niyang sakit sa sariling tiyan.

At doon... kumagat ako sa kumot at umiri mag-isa.

Hirap na hirap—ang sakit ay parang apoy na sumasabog sa loob ko, parang may humihila nang todo pababa. Pero nilakasan ko ang loob ko. Umiri ulit nang umiri, paulit-ulit, hanggang sa makaramdam ako ng ginhawa...

at parang may dumulas.

Mayamaya..

Isang malakas na palahaw ng sanggol ang pumuno sa loob ng kwarto.

Malakas. Buhay.

Napatingin ako sa pagitan ng hita ko—may maliit na katawan na may dugo pa, umiiyak nang malakas, buhay na buhay.

Kuyom ang maliliit nitong Mga kamay..habang walang tigil sa pag iyak

Pinilit ko siyang maabot nanginginig pa ako—mainit, basa, maliit pero malakas ang iyak. Inilagay ko siya sa dibdib ko, hinayaang sumubsob ang maliit na mukha sa dibdib ko.

"Shh... baby... nandito na Mommy..." bulong ko, umiiyak Ito nang malakas, ako kahit pagod may tuwa na hindi ko na maitago.

Si Eze ay lumapit—ang mga mata niya'y malaki, puno ng gulat at pagkamangha.

Mommy...ang liit niya po.." sabi niya, hinawakan ang maliit na kamay ng kapatid niya.

Tumango ako, ang luha ko'y tumutulo sa mukha ng baby.

"Oo, eze... kapatid mo na 'to at katulad mo isa din siyang lalaki."

Chapter 38

Halos dalawang oras din bago dumating si Elijah pagkatapos kong manganak.

Dumiretso siya sa akin..

Napaiyak ulit ako nang makita siya, hindi sa galit lang... kundi sa sobrang pagod at takot na naramdaman ko habang mag-isa.

Sa likod niya, may doctor at dalawang nurse na mabilis na sumunod-binuhat niya ako patungo sa mini-hospital room na ginawa nila dati.

Doon nila ako inayos, nilinis at sinigurado na ligtas na ang baby.

Yung baby namin... nasa bisig niya. Maliit, mainit, umiiyak nang mahina pero buhay na buhay.

Hinawakan ni Elijah ang maliit na kamay nito habang ako ay nakahiga pa rin sa delivery bed, pagod na pagod pero hindi ko maalis ang tingin sa anak namin.

Galit ako kay Elijah kasi hindi siya nakarating agad. Hinayaan niya akong manganak mag-isa-sa kwarto, sa sakit, sa dugo, sa takot. .

Grabe na 'yung trauma ko sa kanya... pero hindi ko magawang kamuhian siya ng todo. Kasi nandito na siya. Kasi ama siya ng mga anak ko.

Pero pag katapos nun balik ulit sa dati ang buhay Namin..

Malapit ng mag aral si Ezekiel..Sana maisipan naman ni ellijah na ialis na kami dito.. bulong ko sa sarili.

Katulad ng dati..Paulit-ulit ang nangyayari... umaalis pa rin siya, naiiwan kami ng mga anak niya.

Lumipas ang isang buwan...

"Eze... pabantay muna si Elli ha... sampay ko lang 'tong nilabahan ko," utos ko kay Eze na naglalaro sa tablet.

Tumango siya nang walang reklamo- parang sanay na sa pagiging "kuya" kahit apat na taon pa lang siya.

Kinuha ko ang mga damit sa automatic washing machine at isinampay sa kabilang kwarto. Si Ellixar-ang pangalawang anak namin-na si ellijah ulit ang nagpangalan. Isinunod niya sa pangalan ng ama niya na lolo ng mga bata na si Tito Ace... Ellixar.

Nakarinig ako ng lagabog-parang may nalaglag o tumalon. Napasilip ako sa pasilyo... akala ko dumating na si Elijah, pero wala naman.

Lumabas ako ng sinasampayan ko..

Nadaanan ko ang kwarto namin ni Eze at baby ko.

Kinakabahan ako... parang may kakaiba.

Sumilip ako sa corridor at halos manlaki ang mga mata nang makitang may tatlong lalaki sa labas.

Mabilis akong tumakbo pabalik sa kwarto.

"Why po, Mommy...?" tanong ni Eze, ang boses ay puno ng pagkalito.

Inilock ko ang pinto... at pinatay ang ilaw. Kinarga ko si Ellixar at pumunta kami sa pinakasulok, niyakap si Eze nang mahigpit.

"Why po...?" Ulit nito.

"M-may tatlong lalaki sa labas, anak..." kabado kong sabi, ang boses ay nanginginig. Nanginginig ang kamay ko habang tinatawagan si Elijah-kaso walang sagot.

Nag-type ako ng message:

"*Uwi kana dhie... May mga taong nakapasok..."*

Send.

Si Ellixar nagising at umingit... agad kong sinalpak ang dede ko habang nakikiramdam.

Nakarinig kami ng boses mula sa labas.

"May nakatira dito pre... buksan natin ang bawat pinto at pag may babae, ilabas. Ibigay kay boss."

Sabi nung lalaki.

Napapaluha na ako-takot na takot. Ang mga kamay ko'y nanginginig habang yakap si Eze at si Ellixar. Si Blue ay nagtatago sa ilalim ng kama..

Hindi ko na alam kung paano ko haharapin 'to.

Hindi ko na alam kung kaya ko pa.

Pero hawak ko lang ang mga anak ko nang mahigpit.

Elijah... Umuwi ka na.

Please.

Bago pa sila makapasok.

Bago pa nila makita kami..

Please.

Bumalik ka na.

Agad.

Kasi hindi ko na kaya, natatakot na Naman ako..

At sa dilim ng kwarto na 'to-sa gitna ng takot, sa nag iingit na si Ellixar, sa mahinang hininga ni Eze-naghintay kami.

Naghintay kay Elijah.

Naghintay na dumating siya.

Naghintay na protektahan niya kami.

Kasi kung hindi...

Kung hindi siya dumating...

Hindi ko na alam kung ano ang mangyayari.

Nakarinig ako ng paglapit sa pinto... "Pre, may scanner, akina yung gamit..." sabi nung boses mula sa labas. Maya-maya, minuto lang, sabay kaming napasinghap ni Eze nang sumabog ang lock ng pinto-parang may ginamit silang gadget na malakas, na bumasag sa lock nang pinto.

Bumukas 'yon.

Pumasok ang unang lalaki-matangkad, naka-mask, hawak ang baril sa isang kamay at flashlight sa isa pa. Bumaling siya sa kasama niya sa likod. "Sabihin mo kay boss, may babae dito." Tumango ang isa at lumabas agad, naiwan kami at 'yung unang lalaki.

Halata sa mga mata niya ang pagiging manyakis-dumila pa sa labi habang tinitingnan ako mula ulo hanggang paa, tumigil sa dibdib ko kung saan si Ellixar ay dumedede pa rin. Napasiksik ako sa gilid, takot na takot, ang likod ko'y nakadikit sa pader na parang gusto kong lumubog doon.

Lumapit siya-at hinablot si Eze. Ibinato niya ang maliit na katawan ng anak ko sa gilid nang malakas. Tumama si Eze sa lamesa, ang ulo niya'y tumama sa gilid, at napahiyak nang mahina.

"Eze!!!!" gulat at takot na sigaw ko.

"Pakiusap... maawa ka!?" sigaw ko ulit, ang luha ko'y tumutulo nang sunod-sunod. "Kapapanganak ko pa lang..."

"Kaya nga makisama ka na lang kung ayaw mong patayin namin ang mga anak mo..." sabi nito, nakangisi, nakatitig sa dibdib ko na pilit kong itinatago dahil dumedede pa si Ellixar. Ang maliit na bibig ng baby ay nakadikit pa rin sa akin.

Maya-maya, parang naiinip na siya. "Ang tagal naman nilang sumunod," inis na galit nito. "Sakit na ng puson ko..." sabi pa niya na lalong kinatakot ako.

"*Elijah*..." mahina kong bulong, parang dasal na hindi na makakarating.

Humarap siya sa akin.

"Ganito na lang, miss... gusto kasi ng boss namin na mauna siya bago kami... Pwede bang lumuhod ka at ibuka mo 'yung bibi-"

Hindi niya natapos ang sasabihin.

May bumaon na mahabang kutsilyo sa ulo niya-tagos hanggang baba.

Napasigaw ako bigla-matinis, puno ng gulat at takot. Tumalsik ang dugo sa mukha at katawan ko, mainit at mabaho, dumadaloy sa dibdib ko habang si Ellixar ay umiiyak nang malakas sa bisig ko.

Ang lalaki ay natumba-walang tunog, walang laban. Ang kutsilyo ay nanatili sa ulo niya, ang dugo ay dumadaloy pa rin sa sahig.

At sa likod nito... nakatayo si Elijah.

Ang mga mata niya'y madilim, ang mukha ay walang emosyon maliban sa galit na hindi na niya itinago. Ang kamay niya ay may hawak na pugot na ulo na galing sa mga kasama nito...

Lalo akong namutla..

Hindi siya nagsalita agad.

Lumapit siya Kay eze...mabilis pero maingat. Inihagis ang ulo gumulong Kong Saan... Binuhat niya si Eze mula sa sahig, hinawakan ang maliit na katawan nang mahigpit. Tapos hinila ako patayo.

"Aalis na tayo," sabi niya, ang boses ay mababa pero puno ng utos.

Hindi ko na nagawang magsalita. Sumunod lang ako-nanginginig ang buong katawan ko, ang dugo ng lalaki ay nakadikit pa rin sa damit ko, sa mukha ko, sa buhok ko.

Si Eze ay nakatitig lang sa daddy niya-walang takot sa mukha niya, parang... normal lang may tuwa pa nga...

Si Blue ay tumakbo sa paa namin, sumunod nang walang ingay.

At sa corridor... nakita ko ang dalawa pang lalaki-patay na rin, duguan sa sahig, walang laban, parehong walang ulo..

Si Elijah... hindi na nagsalita.

Hinila niya kami palabas-pabalik sa tunnel, pabalik sa kotse na nakaantabay na sa labas.

Chapter 39

"Wow... Daddy, ang ganda po dito... Dito na po ba tayo titira??"tanong ni Eze kay Elijah, ang maliit na mukha niya'y puno ng pagkamangha habang tinitingnan ang bahay.

Maganda talaga ang bahay—may gate na mataas at solid, puting bakod na may bakal na spikes sa ibabaw, at sa paligid ay ilan-ilang bahay din na magkakatabi, may katapat pa kami sa kabilang kalsada. Hindi na ganun mag isa lang tulad doon sa lugar na yun...Halos limang taon akong nasa bunker... kaya kahit paano, nakahinga ako ng maluwag nang makita 'to. May liwanag na natural, may hangin na hindi galing sa vent, may tunog ng mga ibon at sasakyan sa malayo. Hindi na puro dilim at katahimikan.

Napatingin ako kay Elijah—nakatitig siya sa akin, ang mga mata niya'y madilim pa rin pero may lambot na sumisilip sa gilid. Maya-maya, lumapit siya at pinunasan niya ang mukha ko na madugo pa kahit nagpunas na ako kanina sa loob ng kotse. Ang dugo ng lalaki na 'yon ay nakadikit pa rin sa pisngi ko, sa leeg, sa damit—mainit at mabaho pa rin kahit na natuyo na.

Si Elijah... nakakatakot siya. Alam mong pag mahalaga ka sa kanya, proprotektahan ka niya sa paraan niya. Masakit at nakakasakal.

Napapaisip ako, ngayon kahit paano may nasisilip na akong pag asa..

Si Blue ay nag ngiyaw sa paa ko—ang malaki niyang tiyan ay mas lumaki pa, parang sasabog na talaga. Binitbit ni Elijah si Blue at ipinasok sa kotse nang maingat, inilagay sa passenger seat na may unan para kahit paano maibsan yung sakit kahit parang wala lang Ito kay blue...

Saka bumaling sa akin.

"Maligo ka muna. Duguan ka pa... mula sa dugo ng hayop na 'yon," sabi niya, ang boses ay mababa pero may concern na hindi niya madalas iparamdam.

"Tapos dadalhin na natin si Blue sa vet."

Tumango ako, nakangiti na dapat nung nakaraan pa 'to kasi si Elijah masyadong busy. Pero ngayon... ngayon lang talaga siya nagkaroon ng oras.

Pumasok kami sa bahay—malaki ang sala, may hagdan sa gitna, may kusina na maliwanag at may sariling dining area. Hindi ganun kaluho tulad ng mansion ng pamilya niya, pero... tahimik. Safe. May gate, may bakod, may mga kapitbahay na hindi masyadong malapit para magduda.

Iniwan ko si Eze sa sala kasama ang tablet niya—at si Ellixar na inilagay sa maliit na crib sa sofa. Si Elijah ay sumunod sa akin sa banyo sa second floor.

Binuksan niya ang shower—mainit na tubig agad, ang singaw ay bumalot sa kwarto. Hinila niya ang zipper ng damit ko, hinayaang mahulog ang tela na puno pa rin ng dugo at pawis. Hindi siya nagsalita nang marami, pero ang galaw niya ay maingat—hinugasan niya ang mukha ko muna, pinunasan ang dugo sa pisngi at leeg gamit ang sabon at tubig. Tapos ang katawan ko—hinimas ang balikat, ang likod, ang tiyan na ngayon ay flat na ulit pero may unting kulubot na mula sa panganganak.

Ganyan Siya tahimik Lang..

Hindi siya nagmadali. Parang... gusto niyang siguraduhin na malinis na talaga ako. Na wala nang bakas ng dugo ng lalaki na 'yon.

Pagkatapos, kinuha niya ang malaking towel at tinuyo ako nang buong-buo. Mula sa balikat pababa sa paa—maingat, walang malisya. Tapos inayos niya ang bagong damit na dala niya mula sa kotse—simple na loose shirt at shorts, pero malinis at komportable.

Tumingin siya sa akin—matagal. Saka nauna nang lumabas ng kwarto.

Napatingin ako sa salamin.

Ang dating Athena ay wala na.

Mahaba na ang buhok ko, umaabot na sa hita. Maputi o maputla dahil sa ilang taon ng pagkakakulong doon sa bunker—walang araw, walang liwanag, walang hangin na tunay.

Ang mukha nag matured na, pero may bilugan parin ang Mga mata.. Parang hindi na ako 'yung dalaga na kinuha niya noon at ginawang kanya.

Ina na ako ngayon.

Ina ng mga anak niyang ni sa panaginip ay hindi ko pinangarap.

At ngayon... nasa labas na ako.

Sa wakas.

Gusto kong tumakas. Mula sa kanya.
Gusto kong umalis kasama sina Eze at Elli.

Gusto kong bumalik kila Mommy at Daddy.

Kay Kuya Zeke at Kuya Zach. Gusto kong maramdaman ulit ang paghihigpit nila,

Okay lang kasi Ngayon alam ko na Kung bakit Nila ako hinihigpitan..

Miss ko na ang ingay ng bahay namin noon, ang amoy ng kusina ni Mommy, ang ingay ng mga kapatid ko. Gusto kong maramdaman ulit na ako parin ay tao...

Hindi isang ibon na nakakulong sa hawla.

Pero paano?

Si Kuya Zeke at Kuya Zach... hinahanap ba talaga nila ako? O baka hindi na nila ako matagpuan? Lalo na sa bunker ako itinago noon—Baka sumuko na sila sa paghahanap sa akin.

Baka iniisip na nila... patay na ako. O baka... baka hindi na nila ako kilala kapag nakita nila ako ngayon.

Ina na ako.

May dalawang anak.

At may singsing pa rin sa daliri ko na binigay niya—noong debut ko..

Gusto ko nang umuwi.

Pero paano?

Si Elijah... Alam Kong Araw-araw na uuwi..

May gate ang bahay na 'to... At kahit malambing siya ngayon, Parang ramdam ko pa rin ang hawla. Ramdam ko pa rin na kapag nagkamali ako, kapag sinubukan kong umalis... hindi na siya magiging mabait ulit at baka Ibalik niya ulit Kami Doon...

At si Eze at Elli... sila na ang pinakamalaking dahilan ko para magtiis. Ang dahilan ko para lumaban. Lalo na Kay Ezekiel, nakikita ko na sa kanya ang simula ng dilim na 'yon. Yung curiosity niya na

nakakatakot. Yung paraan niya ng pagsasalita tungkol sa "pagbubukas" ng mga bagay.

Hindi ko na kaya.

Hindi ko na gustong lumaki ang mga anak ko sa ganitong mundo niya..

Kaya... kailangan kong magplano.

Tahimik.

Maingat.

At si Blue... isasama ko siya. Hindi ko siya iiwan dito.

Bumaba na ako..

Nakita ko ang ina ni Elijah at ama nito na nilalaro ang mga apo nila.

Ang ina ni Elijah—si Tita almira—ay nakangiti nang malapad, ang ama nito—si Tito Ace—ay nakaupo sa sofa, nakatingin sa mga bata nang may lambot sa mata na hindi ko pa nakita noon.

"Iha... buti naman at inilabas ka na ni Elijah," sabi ni Tita almira nang makita ako.

Lumapit siya at hinila ako sa kusina, malayo kila Elijah at sa mga bata.

Tumingin siya sa akin... luhaan na. Tinitigan niya ako mabuti, parang pinag aaralan ang bawat detalye ng mukha ko—ang maputla kong balat, ang mahabang buhok, ang mga mata ko na hindi na kasingliwanag noon.

"Diyos ko, si Elijah talaga!!!" mahina niyang sabi, ang boses ay puno ng pait at awa.

"Okay ka lang ba, iha? Ang tagal din nating hindi nagkita... sinasaktan ka ba ni Elijah?"

Napaisip ako. Sinasaktan? Pisikal... hindi naman. Pero emotionally... palagi. Ang bawat pag-alis niya, ang bawat pangako na "babalik agad" na hindi natutupad, ang bawat gabing mag-isa ako kasama ang mga bata habang iniisip ko kung kelan siya uuwi... oo, sinasaktan niya ako. Paulit-ulit.

Napatango ako—mahinahon, walang salita. Nakita ko kung paano dumilim ang mata ni Tita almira. Pero maya-maya, may awa doon... at lungkot na hindi niya maitago.

"Pasensya ka na sa anak ko, Athena..." sabi niya, ang kamay niya'y humawak sa kamay ko nang mahigpit.

"Maski kaming ama niya hindi alam kung saan ka dinala... sila lang ng kapatid niyang si Elion ang nakakaalam."

Napalunok ako. Hindi ko na alam kung ano ang sasabihin ko. Ang mga luha ko ay bumalik, Hinawakan ko lang ang kamay niya pabalik.

"Salamat po, Tita..." bulong ko. "Salamat po... na nandito kayo.".

Ngumiti siya nang malungkot—kinuha niya ang maliit na box mula sa bag niya. Binuksan niya 'yon isang maliit na gold bracelet na may pendant na maliit na key.

"Sa'yo na ito," sabi niya. "Bigay sakin ng ama nila yan dati.. sayo ko gustong ibigay...Hindi ko naman sinusuot..."
Napatingin ako sa bracelet—simple pero maganda. Isinuot niya sa pulso ko nang dahan-dahan.

"Huwag kang matakot, iha," bulong niya. "Ganyan Lang sila pero mababait sila.."

"Po...?"

Ngumiti Ito..parang marami pang gustong ikwento pero Hindi na sinabi pa..dahil Lumapit na si Elijah..

Chapter 40

Athena's POV

Nasa vet na kami—maliit na clinic sa labas ng subdivision, tahimik at malamig ang hangin mula sa aircon. Si Blue ay nakahiga sa stainless table, ang malaking tiyan niya ay nakalantad na sa ultrasound probe na hinahawakan ng vet. Ang monitor ay nagpapakita ng grainy image: isang malaking masa sa loob ng tiyan niya, hindi regular ang hugis, hindi malinaw ang border.

Tumor.

Tumor na malala.

"Stage 4 lymphoma na po," sabi ng vet nang mahina, ang boses ay puno ng awa pero propesyonal pa rin.

"Kumakalat na po sa liver at spleen. May taning na lang po... mga dalawa hanggang apat na linggo kung hindi gagamutin nang agresibo.

Pero kahit chemotherapy, hindi na po sigurado. Sa edad niya, mahihirapan po siya sa treatment. Masakit po 'yon para sa kanya."

Tahimik ang Clinic. Si Elijah ay nakatayo sa gilid, walang emosyon sa mukha, walang salita, pero ang mga kamay niya'y nakakuyom sa gilid ng table.

Ako... umiiyak na hindi mapigilan. Ang luha ko'y tumutulo sa pisngi, sa kamay ko na nakahawak sa paa ni Blue. Hinimas ko siya nang paulit-ulit—ang balahibo niya ay malambot pa rin, mainit pa rin, pero ramdam ko na ang bigat ng katawan niya ay hindi na katulad ng dati.

"Doc... ano po ang option?" tanong ko, ang boses ko'y basag na basag.

Tumingin ang vet sa akin nang may awa.

"Option one: pain management lang po. Ibibigay namin ang gamot para hindi na siya masaktan. Hayaan niyo na lang siyang mamatay nang kusa... sa bahay, kasama niyo. Comfort care lang po. Walang sakit, walang hirap pa."

"Option two: aggressive treatment—chemo, surgery kung kaya pa. Pero... sa edad niya, 70-80% chance na hindi niya makakayanan. At kung makayanan man, hindi guaranteed na mawawala ang tumor. Mas magiging mahirap po ang mga araw niya."

Napatingin ako kay Blue—nakapikit pa rin siya, pero ramdam ko ang pagod niya. Ang tiyan niya'y malaki na, mainit, at ang bawat hininga niya ay parang hirap na.

"Elijah..." tawag ko, umiiyak nang malakas. Lumapit ako sa kanya, yumakap sa kanya at isinubsob ang mukha sa dibdib niya...

"Ano... ano ang gagawin ko?"

Tahimik siya. Walang emosyon sa mukha niya—Pero ang mga kamay niya... hinawakan niya ang likod ko

nang mahigpit, parang sinasabing nandito siya.

"Option two .." sabi niya sa wakas, ang boses ay mababa at walang pag-aalinlangan.

Parang tumigil ang oras.

"Elijah—"

"Chemo. Surgery kung kaya. Lahat ng kailangan subukan...Athena..."

Napatingin ako sa kanya, luha tumutulo pa rin.

"Pero... sabi ng doc... 70-80% hindi makakayanan. Masakit 'yon para sa kanya. Pagod na siya, Elijah. Nakikita mo naman."

"Oo. Nakikita ko." Hindi siya umiwas ng tingin kay Blue.

"Kaya nga. Kung may kahit kaunting chance—kahit ilang buwan na mas maayos siya, kahit ilang linggo na hindi siya hirap nang todo—ilalaban natin 'yon. Hindi natin siya bibigyan ng deadline ngayon pa lang. Hindi natin siya susukuan nang ganun-ganun...Lang Athena... "

Ang vet tumingin sa kanya nang may pag-aalinlangan.

"Sir... sa edad po ni Blue, high-grade 'to, stage 4 na. Karaniwan, sa CHOP protocol o katulad—50-75% lang ang nagre-respond nang maayos. Median survival 6-9 months kung successful. Pero sa senior cats, mas mataas ang risk ng side effects: pagbaba ng white blood cells, infection, vomiting, diarrhea, pagbaba ng appetite. Minsan hindi na makakain, mahihirapan talaga. At kung hindi mag-respond... mas maikli pa ang buhay niya kaysa sa comfort care."

Si Elijah hindi gumalaw.

"Alam ko ang risks. Pero kung may 20-30% chance na makita pa natin siyang umayos ulit, kumain nang marami ulit, matulog nang mahimbing m... Mas maigi 'yon. Hindi natin alam kung sino 'yung 20-30% na 'yon hangga't hindi natin sinusubukan."

Napahawak ako nang mahigpit sa braso niya.

"Elijah... please. Ayokong makita siyang nagdurusa pa lalo. Ayokong maging dahilan ako na mas mahaba ang sakit niya."

Tumingin siya sa akin—bumugtong hininga..

"Hindi mo siya pahihirapan. Comfort care... ibig sabihin, binibigyan natin siya ng deadline ngayon." Umiling siya... "At ayoko ng ganun, Sinasabi mo bang 'tapos na ang Lahat sa kanya' nang hindi Naman natin sinubukan lahat."

Tahimik ulit.

Si Blue huminga nang malalim, parang ramdam niya ang tensyon. Hinimas ko siya sa ulo.

"Blue... ano ba talaga ang gusto mo?"

Ang vet huminga nang malalim. "Kung aggressive po, kailangan mag-bloodwork ulit para makita kung kaya pa ng katawan niya ang first cycle.

Weekly or bi-weekly injections, oral meds sa bahay. Monitor natin closely: blood counts every week, para maiwasan ang infection.

Pero... kailangan niyo pong ihanda ang sarili niyo. Maaaring mag-vomit siya, maging weak, maging walang gana kumain. At kung hindi mag-respond sa first few weeks... maaaring kailangan nating i-reassess."

Tumingin ako kay Blue—nakapikit pa rin, pero parang may peace sa mukha niya kahit pagod. Tapos kay Elijah—

"Okay..." bulong ko, umiiyak pa rin. "Subukan natin. Pero... Ipangako mo sa akin, Elijah. Kung nakikita nating sobrang hirap na siya... kung hindi na kaya... titigil na tayo. Hindi natin siya pahihirapan hanggang dulo."

Tumango Lang siya,

Bitbit ko si Blue sa bisig ko habang nasa kotse kami pauwi. Ang bigat niya ngayon... hindi na 'yung dating bigat ng isang pusang malusog na tumatalon-talon sa bahay. Mas mabigat siya sa puso ko kaysa sa katawan.

Nakahiga siya sa kandungan ko, ulo niya nakasandal sa braso ko, mata closed, hininga mabagal at mababaw. Ang init ng katawan niya dumadampi pa rin sa balat ko, pero ramdam ko na ang lamig na unti-unting pumapasok.

Naiwan sina Eze at Ellixar sa lolo at lola nila.

Lumipas ang ilang araw. Sinubukan namin. Bloodwork ulit, first cycle ng chemo— Pero ang katawan ni Blue... hindi na kaya. Bumaba nang todo ang white blood cells niya, nagsuka siya nang paulit-ulit, tumanggi kumain kahit 'yung favorite niyang tuna. Nagiging weak siya araw-araw. Hanggang sa sinabi na ng vet na hindi na talaga nagre-respond.

"Advanced na po talaga. Hindi na po kaya ng katawan niya."

Kaya ngayon... nandito kami sa kwarto—sa maliit na sulok ng bahay na ginawa naming kama niya. May

heating pad sa ilalim, malambot na kumot, pero wala nang saysay. Naghihingalo na siya.

Nakaupo ako sa sahig sa tabi niya, hinahawakan ang ulo niya, hinahaplos ang tenga niya nang paulit-ulit.

"Blue... Blue..." bulong ko, luha tumutulo sa balahibo niya. "Alam ko naman... alam ko may katapusan ang lahat. Pero ang sakit talaga. Sobrang sakit."

Si Elijah nasa tabi ko rin. Nakaupo sa upuan, tahimik, nakatingin kay Blue. Sa kandungan niya ang bunso natin—

Tahimik si Elijah.

Bigla... tumigil ang hininga ni Blue sandali.

Napasigaw ako...humagulhol..

Tapos... huminga siya nang malalim, isa... dalawa... parang pinipilit.

At doon niya ako tiningnan.

Diretso sa mata ko.

Mga mata niya—dating matingkad na asul, ngayon maputla na.

Parang sinasabi niya sa huling tingin na "*Salamat sa lahat. Hanggang sa muli nating pagkikita...*"

Hindi ko na napigilan. Napasigaw ako, umiyak Ng umiyak ... Ang kakampi ko sa Lahat iniwan na ako ..

huminto na ang dibdib niya.

Walang hininga na.

Walang galaw.

Tahimik.

Si Elijah... dahan-dahang inilapag ang bunso Namin sa kama sa tabi, hiniga nang maayos. Tapos lumapit siya sa akin. Hinawakan niya ang balikat ko, hinila ako palapit sa kanya. Yakap niya mahigpit, pero walang salita pa rin.

"Si Blue...Elijah.." bulong ko ulit, paulit-ulit, habang nakasubsob sa dibdib ni Elijah.

Si Elijah hinimas lang ang likod ko, dahan-dahan.

Tapos tahimik Lang..

"Alam ko, para sa iba napaka OA ko kasi 'pusa lang naman' daw yan.. pero sa akin, hindi ko na inaalintana 'yung sasabihin nila. Si Elijah, kahit tahimik lang siya sa tabi ko, ramdam ko 'yung suporta niya—walang tawa, walang husga.

Yun lang sapat na.

Chapter 41

Athena's POV

Ibinalot ni Elijah si Blue sa malinis na puting tela— Hindi ko kaya tingnan nang diretso habang ginagawa niya 'yon.

Nakatingin lang ako sa sahig, luha pa rin tumutulo pero tahimik na.

Pumunta kami sa likod ng bahay, doon sa parte na may lupa, taniman ng halaman—yung may tamang laki na pwedeng gawing hardin na wala pang nakatanim...Hindi man Lang na enjoy ni blue ang lupa Doon..

Nag-hukay si Elijah nang malalim. Walang salita. Gamit ang pala, dahan-dahan pero matatag. Pawis sa noo niya, pero hindi siya tumigil hanggang sapat na ang lalim. Inilagay niya si blue doon, tiningnan ko siya sandali—nag lagay ng bulaklak sa labi niya..bago tinabunan ni Elijah..

Tinabunan niya ng lupa. hanggang magpantay ulit ang lupa. Tapos naglagay siya ng maliit na bato sa ibabaw bilang marker. Walang cross, walang pangalan.

Pero alam namin pareho kung sino yung nandun.

Tulala ako buong maghapon. Nakaupo sa sala, nakatingin sa walang laman na higaan ni Blue. Hindi ako makakain. Ang mga bata... si Elijah muna ang nag-aalaga.

Ako... parang wala sa sarili.

Lumipas ang ilang linggo..

Nakahanap ako ng pagkakataon. Isang gabi na wala si Elijah sa bahay—

"Dalian mo, Eze!!" sigaw ko kay Eze habang hinihila ko siya sa kanang kamay. Sa kaliwa ko, bitbit ko si Ellixar na umiiyak na dahil sa bilis ng hakbang ko.

"Mommy, bakit po tayo nagmamadali?" tanong ni eze, pero hindi ko sinagot. Hindi ko kayang sagutin na iiwan na namin ang daddy niya...

Umalis si Elijah kaninang hapon. Limang oras na siyang wala. Hindi ko alam kung saan Siya pumunta. Hindi ko na rin gusto malaman.

Basta... kailangan na naming umalis. Kailangan nang lumayo.

Kabado man, dumaan kami sa likod—sa maraming puno na parte ng subdivision. Hindi gubat, pero

mapuno. Maraming lote pa ring walang nakatira, mga bahay na half-built, madilim na madilim. Sa katapat namin may nakatira na..

Tahimik ang paligid, maliban sa huni ng mga kuliglig at sa hininga ko na mabilis na.

7 PM na. Pero tingin ko... ito na ang tamang oras.

"Mommy!! Wait po, antayin natin si Daddy!" sigaw ni Eze, pinipilit huminto.

"Hindi, Eze. Susunod na lang si Daddy ha," pang-uuto ko, pero ramdam ko ang pagsisinungaling sa boses ko. Hila-hila pa rin sila.

Bigla siyang bumitaw. Tumakbo si Eze pabalik sa direksyon ng bahay namin.

"Eze!!" hinabol ko siya, pero huli na. Saktong sinalubong siya ng ama niya—nakatayo na palang Doon at nakatanaw Samin..

Dumilim ang tingin ni Elijah nang makita ako. Walang salita muna. Pinapasok niya si Eze sa bahay..

Sumunod naman si Eze...

Rinig ko pa ang sumbong nito sa ama niya..
"Daddy si mommy, aalis daw po Kami.."

Naiiyak na ako.

Napaatras ako, karga pa rin si Ellixar na ngayon ay umiiyak na rin sa bisig ko.

Tumalikod ako.
Nagpumilit tumakbo. Dumaan sa mga daanan sa likod—mga bahay na may ilaw, mga bahay na walang ilaw. Madilim tapos maliwanag.

"Saklolo!! Tulungan niyo ako!!" sigaw ko nang malakas, pero walang lumabas. Walang pinto na nagbukas. Walang tao na tumingin sa bintana. Parang wala lang ako..may sisilip man pero magsasara ng Bintana .rinig ko pang sabi ..*away mag asawa yan wag makialam..*

Naririnig ko ang yabag sa likod ko. Mabilis. Matatag.

"Athena."

Boses niya. Malapit Lang siya.. para Lang kaming namamasyal nasa likod ko siya, kampanteng kampante na Di ako makakalayo..

Napahinto ako sa isang madilim na parte sa pagitan ng dalawang bakanteng lote. Humarap ako, nanginginig. Si Ellixar umiiyak pa rin.

Nasa harap ko na si Elijah. Walang emosyon pa rin sa mukha, pero ang mga mata niya... may galit doon. May sakit din. Hindi niya nagustuhan ang ginawa Kong pagtatangka.

"Huwag mo 'kong lapitan," sabi ko, boses basag.

"Huwag mo 'kong hawakan."
Hindi siya gumalaw. Tumingin lang siya sa akin, tapos kay Ellixar. Tapos bumalik sa akin.

"Bakit?" tanong niya, mababa pero matigas.

"Bakit ka aalis?"

"Dahil gusto ko Nang umuwi, gusto kong umuwi elijah...please hayaan mo nalang ako..!"

Umiiyak lang ako, takot ..pilit nag hahagilap Ng taong tutulong..muli bumalik ang tingin ko sa kanya..

Tahimik siya sandali. Tapos lumapit siya—dahan-dahan. Hinawakan niya ang braso ko, hindi mahigpit, pero hindi rin makapalag..

Tumingin ako kay Elijah. Dumilim talaga ang tingin niya—

"Athena," sabi niya ulit, boses mababa, kalmado. Sobrang kalmado na nakakakilabot. "Bakit ba gusto mong umuwi, andito ang pamilya mo...sabay tingin Kay Ellixar.."

Hindi ko na mapigilan ang pagluha, pero hindi na rin ako makapagsalita nang maayos.

"Kasi... kasi natatakot ako sa'yo."
Tahimik siya sandali.

"Natatakot ka sa akin," ulit niya, parang tinatry lang ang salita sa bibig. "Bakit?"

"Kasi isa kang baliw!" Sigaw ko Dito..

Napaatras ako, pero puno na yung nasa likod ko.

Napatawa Ito Ng Mahina.. at tumango..

"Pero hindi kita sinasaktan..diba" dagdag niya, boses pa rin pareho—walang galit, walang lambing.

"Hindi ko pa ginawa 'yon. Kahit kailan..
Pero baka gawin ko ngayon..," bulong Niya.

Tumingin siya sa akin nang matagal. Tapos tumingin kay Ellixar na ngayon ay humihikbi na lang..

Sabay ngiti.

"Athena.. umuwi na Tayo..," sabi niya, walang pag-aalinlangan sabay hawak sa kamay ko..

Hindi ako makapalag. Hindi ko kaya.

Pumatak ang luha ko nang todo.

"Elijah...."

"Shh...Huwag Kang matakot sakin Athena," sagot niya.

"Tinuturuan lang kitang tanggapin kung sino talaga ako. Kung hindi mo kaya... okay. Pero huwag kang aalis Dito kalang sakin."

"Dito kalang..."

Nadala niya ulit ako sa bahay—walang salita, walang galit, walang haplos. Hinila lang niya ako pabalik sa loob, hinintay na matulog ang mga bata, tapos umupo siya sa sala nang tahimik.

Ako... hindi ko na siya iniimik. Ni tumingin ay hindi na. Pinipilit ko ang sarili kong lumayo ang loob sa kanya—iniisip ko na psychopath siya, na walang nararamdaman na Hindi siya marunong magmahal ng tama..

Pero ang totoo... mahirap. Sobrang hirap. Sa tagal naming magkasama, sa lahat ng yakap niya, sa lahat ng pagbabantay niya sa amin kahit parang walang emosyon... minahal ko na rin siya. Hindi ko na mapigilan pa.

Lumipas ang ilang linggo. Inuwian niya ako ng kuting—itim naman ito, maliit, may puting tuldok sa dibdib.

"Napulot ko sa kalsada," sabi niya lang, inilagay sa kandungan ko.

Inalagaan namin.

Ito na ang gumagamit ng higaan ni Blue.

Madalas itong maglaro sa maliit na garden sa likod—doon mismo kung saan nakalibing si Blue. Parang alam niya kung saan ang lugar na may pinakamalungkot na alaala para sakin.
At parang... pinapayapa niya ako sa bawat haplos niya sa lupa.

Lumipas ang limang taon.

Sa loob ng maraming taon na 'yon, tuluyan ko na ngang minahal siya. Ngumingiti na ako sa kanya nang buo. Hinahawakan ko na ang kamay niya nang hindi natatakot. Natutunan kong tanggapin na hindi siya magiging tulad ng iba—

Ngayon, ika-27 kaarawan ko.

Bihis na bihis kami. Akala ko simpleng lakad lang ng pamilya—dinner sa labas, siguro cake sa bahay. Si Ellixar, apat na taon na, nakaupo sa backseat na may hawak na maliit na laruan. Si Ezekiel, siyam na, nakatingin sa labas ng bintana, excited. Ako sa harap, katabi ni Elijah na nagmamaneho. Malambing ko itong tanong,....

"Saan tayo pupunta, dhie?"

Tipid lang siyang ngumiti—

"Doon sa lugar na dapat noon pa kita dinala."

Napakunot ang noo ko.

"Saan??" tanong ko ulit, nakangiti pa rin kahit lumalaki na ang kaba sa dibdib ko. Umaasa ako sa isang bagay—siguro civil wedding sa munisipyo, simpleng seremonya lang na may kaunting bulaklak at cake..Matagal na kaming magkasama, pero hindi pa rin official sa papel. Parang kulang pa rin ang isang bagay... Kaya umaasa ako na Yun ang pa birthday niya sakin...

Hindi siya sumagot. Nagpatuloy lang sa pagmamaneho. Pamilyar na ang daan. Yung mga puno sa gilid, yung maliit na tulay, yung subdivision.. hanggang sa huminto kami sa harap ng isang malaking bahay. Yung terrace na Puno ng bulaklak na tanim ng mommy ko. Yung gate na puti, medyo kupas na pero pareho pa rin.

Naluluha akong tumingin kay Elijah.

"Ibabalik mo na ba ako sa 'min?" naiiyak kong sabi. Pero sa loob ko... hindi masaya. Hindi ako masaya.

At hindi ko alam kung bakit.

Chapter 42

"Anak!!! Athena!!" Hagulhol na iyak ng mommy ko, puting puti na ang buhok niya... Tumakbo ako palapit, niyakap ako nang mahigpit na parang ayoko na bumitaw ulit kahit kailan.

Kasabay nito, napaiyak din ang ama ko—yung matigas na ama ko na bihira magpakita ng luha, ngayon nanginginig ang balikat niya habang yakap ako.

"Mommy... Daddy..." bulong ko, luha ko rin tumutulo, Nang makabawi..

"Si Ezekiel po at Ellixar... mga apo niyo po, at si Elijah ang asawa ko.."

Lumapit ang dalawang bata—si Eze, siyam na taon na, at si Ellixar, apat. Gulat na gulat ang magulang ko. Hinawakan ni Mommy ang mukha ni Eze, tapos si Ellixar. Halos Hindi makapaniwala..

Si Elijah nasa gilid lang. Tahimik. Walang ekspresyon pa rin sa mukha. Pero alam ko—naramdaman niya ang tensyon sa hangin.

Napatingin ang ama ko kay Elijah. Alam kong galit na galit sila sa kanya. Matagal na nilang hinintay ang araw na ito.

"Antayin mo ang anak kong si Zeke," sabi ni Daddy, boses niya mababa pero halatang pinipigilan ang galit.

"Huwag kang aalis diyan."

Tumango lang si Elijah. Walang protesta. Walang depensa. Parang tanggap na niya ang parusa.

Kinakabahan ako nang todo. Parang may mangyayaring hindi maganda. Hindi ko alam kung paano sasabihin sa kanila na minahal ko na si Elijah nang buo. Na pinili ko siya kahit alam kong may parte siyang hindi "normal." Hindi Lang dahil may pamilya na kami. Minahal ko na talaga Siya..

Mayamaya, nagulat ako sa dami ng taong nakaitim na dumating. Mga tauhan ni Kuya Zeke—mga mukha na Hindi pamilyar, Pumasok si Kuya Zeke. Walang salita. Diretso sa harap ni Elijah.

Isang malakas na suntok ang binigay niya. Tumama sa panga ni Elijah. Napaatras siya nang kaunti, pero hindi lumaban. Tinanggap niya.

Nag-iyakan sina Eze at Ellixar. "Daddy!!" sigaw nila, tumatakbo palapit, pero hinawakan sila ng mga tauhan ni Kuya Zeke. Pinigilan. Hindi sila makalapit.

Hawak din ako ng isa sa tauhan niya—hindi mahigpit, pero sapat para hindi ako makagalaw.

"Tama na, Kuya Zeke!!!" umiyak kong sigaw.

"Kulang pa 'to, Athena! Dapat nga mamatay 'tong gagong 'to!!" sigaw ni Kuya Zeke, mukha niya pulá sa

galit.

"Dalhin niyo siya! Ibitin patiwarik! Bugbugin niyo hanggang hindi na makatayo!"

"Kuya!!!! Parang awa mo na!!" sigaw ko ulit, luha tumutulo nang todo.

"Huwag niyo siyang saktan! Please!"

"Tumigil ka, Athena!!!" sigaw niya pabalik. "Ang hayop na 'yan!! Kilala ko 'yan! Matagal ko nang kilala! At hindi ko matanggap na naloko niya ako! Hayup ka, Elijah! Nasayo lang pala ang kapatid ko!! Alam ba 'to ni Knight!!!"

Napatingin ako kay Elijah. Dumudugo na ang labi niya. May pasa na sa pisngi. Pero hindi siya lumaban. Hindi siya sumigaw. Hindi siya kumibo, parang tanggap na niya ang magiging parusa niya.

Tinitingnan lang niya ako—diretso sa mata.

Pero hindi okay sa akin.

"Mommy! Tulungan niyo si Daddy!!" iyak ni Eze, pinipilit makawala sa hawak.

Si Ellixar humihikbi na lang, natatakot na talaga.

Bigla akong nakawala sa hawak. Tumakbo ako palapit kay Elijah, itinakip ang sarili ko sa harap niya.

"Tama na!!!" sigaw ko sa lahat, Nakawala ako at tumakbo sa kanya..

Yumakap Dito..

"Athena..." rinig kong sabi ni Elijah, boses niya mababa, kalmado pa rin kahit dumudugo na ang labi at may pasa sa mukha.

"Tanggap ko na. Kung mamamatay ako handa Kong pag bayaran ang Lahat... okay lang ..sige na..Sorry Athena...."

Napahinto ang mundo ko.

"Elijah!!?" umiyak kong sigaw, boses ko basag na basag.

"Matagal na kitang napatawad! Matagal na!"

Umiling siya, dahan-dahan. "Hindi sapat ang kapatawaran mo. Hayaan mong harapin ko ang parusa ko."

"Bakit ba lagi mong sinasaktan ang damdamin ko?!" sigaw ko nang todo, inis na pinaghahampas ko ang dibdib niya paulit-ulit.

"Nakakainis ka! Bakit ba lagi kang umaalis?! Bakit ba lagi mo akong iniiwan?!"

Tahimik ang lahat sandali.

Si Kuya Zeke nanginginig sa galit. Si Daddy nakatitig lang, mukhang may malalim na iniisip. Si Mommy umiiyak pa rin.

"Athena... okay lang," bulong niya. "Hayaan mo sila.... tanggap ko ang parusa ko..."

"Hindi okay!" sigaw ko, tumingin sa kanya..

Tumingin ako kay Kuya Zeke. "Kuya...please Kuya!."

Tahimik ulit. Si Kuya Zeke tumingin kay Elijah—matagal. Tapos bumalik sa akin.

"Alam mo ba kung gaano kami nag-alala?" tanong niya, boses niya basag na rin. "Akala namin... patay ka na. Hindi Athena kailangan niyang magbayad..."

Tahimik ang lahat.

Kunin niyo na 'yan!!" utos ni Kuya Zeke, mukha niya walang awa. Lumapit ang mga tauhan niya—dalawa, tatlo—hinila si Elijah sumama Naman Siya..nauna pa sa van. Hindi siya nagpumiglas. Sumama lang siya nang tahimik, mata pa rin nakatingin sa akin.

"Elijah! Wag!! Kuya, parang awa mo na!!" sigaw ko, pinipilit makawala mula sa hawak ni Daddy na ngayon ay hinahawakan ako nang mahigpit.

"Ano'ng gagawin niyo sa kanya?! Saan niyo siya dadalhin?!"

Walang sumagot. Sinakay nila si Elijah sa itim na van na nakaparada sa gilid ng daan. Nakita ko siyang tumingin sa akin sa huling sandali—walang takot, walang galit. Parang... Handa talaga siya. Parang tanggap na niya ang lahat.

Tapos nagsara ang pinto. Umandar ang van. Nawala sa paningin ko.

Si Daddy tumingin sa akin, mukha niya malungkot pero matigas pa rin.

"Kailangan niya 'tong gawin, Athena. Kung mahal ka niya talaga... babalik siyang Buhay."

Si Kuya Zeke lumapit, tinitigan ako pati sina eze at elli. " kailangan niyang magbayad. Sa lahat ng taon na akala namin nawala ka... sa lahat ng sakit... kailangan niyang magbayad...Athena at Kung Mahal niya talaga kayo... Mababuhay Siya..."

Tumingin ako sa direksyon ng van na wala na.

"Pero... ano'ng gagawin niyo sa kanya? Saan niyo siya dadalhin?"

Tahimik si Kuya, tumango kila mommy at daddy tapos umalis na..

Umiiyak na Lumapit sakin ang mga anak ko..

"Mommy si daddy po.." Sabi ni Ellixar..

"Babalik siya," bulong ko, yakap sila nang mahigpit. Pero sa loob ko... kinakabahan ako nang todo. Ano'ng parusa 'yun? Ano'ng gagawin nila?

Hindi ko alam kung gaano katagal akong nakatayo sa labas namin, umiiyak. Pero alam ko... hihintayin ko siya. Kahit gaano katagal.

Araw man.

Linggo, buwan o taon.

Maghihintay ako.

Mag hihintay ulit ako sayo Elijah.

Chapter 43

Kumuyom ang kamao ko.

Titig na titig ako kay Kuya Zeke, na parang may apoy sa dibdib ko na hindi ko na makontrol.

Bakit ba siya lagi ang may hawak ng buhay ko? Si Mommy at Daddy nakaupo lang doon sa sofa, walang imik, parang estatwa. Si Kuya Zach nakatitig lang sa sahig, hindi man lang makatingin sa akin. Parang lahat sila sumuko na sa kanya.

Sa itaas ng kwarto, nandoon sina Ezekiel at Ellixar—mga anak namin ni Elijah.

Pinaakyat muna para kausapin ako. Ngayon, ang gusto nila ang mga anak ko sa side muna nila Elijah... Sila muna ang in-charge sa mga bata, sabi nila. Na Para bang tinanggalan nila ako ng karapatan.

"K-kuya..." Nanginginig ang boses ko. "D-dito na lang ako mag-aaral. Ayoko sa abroad...ayokong malayo sa mga anak ko"

Hindi siya kumurap. Malamig ang tingin niya.

"Hindi, Athena. Mag-aaral ka abroad. Kukuha ka ng Business Management. Tapos ang usapan.."

Umiling ako nang paulit-ulit. Tumulo ang luha ko sa sahig.

"Paano ang mga anak ko? Paano sila, Kuya?!"

"Okay lang sila, Athena," sagot niya nang walang emosyon.

"Aalagaan sila nang maayos. Ang gusto namin, ituloy mo ang naudlot mong pag-aaral."

"Mommy! Daddy!" Napatingin ako sa kanila, halos sumigaw na sa pagmamakaawa. Pero wala. Tahimik lang sila. Parang hindi nila ako kilala. Parang hindi nila ako anak.

Isang linggo na ang nakalipas. Isang linggong wala si Elijah. Hindi ko alam kung saan siya dinala. Bantay-sarado ako ng mga tauhan ni Kuya Zeke—24/7, kahit sa banyo may nagbabantay sa labas ng pinto.

27 na ako, pero parang bata pa rin ako sa paningin nila. Wala pa ring karapatan magdesisyon para sa sarili ko.

Ang gusto ko lang naman makita ang parent kong nasa maayos ... At makauwi ulit sa bahay namin ni Elijah. Yakapin ang mga anak ko. Matulog nang magkayakap kami.

Ibang iba sa gusto ko noon, siguro kasi may anak na ako parang first priority ko na sila..

"Bukas, aalis ka na. Naka-ready na ang lahat, Athena." Bigla siyang nagsalita ulit, parang wala lang.

"Huwag mo sana kaming bibiguin."

Tumitig ako sa kanya. Matagal. Parang sumusuko na..

"BS Psychology ang gusto kong kunin, Kuya..."

Katahimikan.

Matinding katahimikan na para bang sumisigaw sa tenga ko.

"Fine," sabi niya sa wakas pero malamig pa rin.

"Para sa'yo din 'to, Athena. Matuto ka na sa nakaraan."

Tumigil siya saglit. Tumingin sa akin nang diretso sa mata. At doon ko nakita—ang galit, ang sakit, ang desisyon na hindi na mababago.

"Hindi na babalik si Elijah."
Parang tumigil ang mundo.

"Pinapatay ko na siya."
Biglang sumabog ang luha ko. Hindi ko na napigilan. Napayukong umiiyak nalang..

Pero hinawakan niya ang mga kamay ko. Matigas. Malakas. Walang awa.

"Tapos na, Athena. Huwag mo na siyang iyakan, Patay na siya..."

Pinadala ako ni Kuya Zeke sa England. Walang choice. Walang pagtatalo, isang dorm, at isang pangako na "para sa kinabukasan mo 'to, Athena."

BS Psychology. Hindi Business Management.

Lumipas ang mga araw... linggo... buwan... at maging taon.

Nag-iisa ako sa apartment sa London. Umaga, klase. Hapon, library. Gabi, tahimik na kwarto na puno ng pictures ng mga bata sa phone ko. Nakakausap ko sila minsan sa video—dati lagi nila akong tinatanong Kung nasaan ang daddy nila? O Kung kelan ako uuwi... Hanggang sa mag sawa sila sa kakatanong at parang tinamad na rin silang kausapin ako sa phone...

Namuhay ako na parang dalaga ulit. Nagpa-party minsan kasama ang mga classmates. Nag-travel sa Scotland, Paris, kahit saan para makalimot. Pero kahit sa gitna ng mga tawa, may kulang. Laging may kulang.

Minsan, naiisip ko parin siya. Ano kaya ang nangyari sa kanya talaga? Buhay pa ba siya? O totoo nga ang sinabi ni Kuya?

Limang taon..

At ngayon...

Graduation day.

Nakatayo ako sa stage, cap and gown, hawak ang diploma ko. BS Psychology. Ngumingiti ako sa camera, pero sa loob, parang may lungkot pa rin.

“Gosh! You’re already so old, Athena! You should get married already!” pang-aasar ng friend kong si Mia habang nagse-selfie kami pagkatapos ng ceremony.

“I’m only 32, okay? What’s old about that?” nakangiti kong sagot, pero totoo—parang ang bilis ng panahon.

Pero hindi pa ako handa.

Hindi pa.

Kakagraduate lang namin. Balak kong ituloy ang doctorate, pero depende sa gusto ko talaga. Sa wakas, may kontrol na ako sa desisyon ko. At ang unang desisyon ko?

Balak ko munang umuwi sa Pilipinas.

Magtagal kahit isang taon lang.
Gusto kong makita ang mga anak ko nang harapan. Yakapin sila nang mahigpit..

Gusto kong makita ang puntod ng best friend kong si blue—kahit na walang Elijah doon.

Gusto kong harapin ang pamilya ko. Si Kuya Zeke. Si Mommy at Daddy. Lahat.
Pero sa loob-loob ko, natatakot ako.
Ano kaya ang nagbago sa limang taon?
Ano kaya ang hitsura ng mga bata ngayon?

Kasalukuyan..

Nakaupo ako sa seat 12A, window side.. Ang eroplano ay umakyat na sa himpapawid, at sa baba, unti-unting nawawala ang London skyline.

Hindi alam ng parents ko na uuwi ako. Hindi alam ni Kuya Zeke. Hindi alam nina Mommy at Daddy. Walang text, walang call, walang hint. Secret flight.

Gusto kong maramdaman ulit ang init ng Pilipinas. Para... marahil, maghanap ng sagot tungkol kay Elijah.

Sa buong flight, halos hindi ako nakatulog. Paulit-ulit kong tinitingnan ang pictures nina Eze at Elli sa phone ko. Mas matatanda na sila ngayon. Si Eze, 14 na Si Elli, 9 years old na. Ano kaya ang itsura nila kapag nakita nila ako? tatakbo ba sila para yakapin ako? O magtatago, dahil matagal na akong wala?

Pag-landing sa NAIA Terminal 3, ilang minuto Lang Hila hila ko ang maleta, habang naglalakad patungo sa arrival area.

Maraming tao. Mga pamilya na may hawak na "Welcome Home" signs. Mga bata na tumatalon sa excitement.

Pero sa gitna ng karamihan, parang tumigil ang oras nang makita ko siya

Hindi ako pwedeng magkamali. Si Elijah 'yun...!!

Limang taon na ang nakalipas, pero hindi ko siya malilimutan. Ang itsura niya—yung paraan ng pagtayo niya, yung pamilyar na outline ng balikat na madalas kong iyakan noon. Kahit sa gitna ng libu-libong tao sa NAIA arrival area, kahit sa ilalim ng malakas na ilaw at ingay ng mga tao, nakita ko siya. Sandali lang. Isang saglit.

Pero sapat para magising ang lahat ng natulog na emosyon sa dibdib ko.

Mabilis akong tumakbo. Hindi ko na inalintana ang mga taong nabangga ko, ang mga cart na halos matumba, ang sigaw ng security.

"Elijah!! Elijah!!" paulit-ulit kong sigaw, boses na halos nawawala sa ingay ng paligid.

Hinanap ko siya sa madaming tao—sa likod ng mga naghihintay na pamilya, sa gitna ng mga may hawak na balloons at welcome signs, sa dulo ng escalator.

Wala. Wala siya.

Baka namamalikmata lang ako.

Tumigil ako sa gitna ng karamihan, hinihingal. Pawis na tumutulo sa noo ko, luha na nagsisimula nang tumakas sa mata. Nakapaligid sa akin ang mga mukha—mga nanay na yumayakap sa anak, mga magkasintahan na naghahalikan, mga lolo't lola na may dala-dalang supot ng pasalubong.

Pero wala siya.

Parang multo lang na lumitaw para saktan ako ulit.

Chapter 44

"Where are you, Athena??"

"Ang bilis naman ng balita. Alam mo na agad na nakabalik na ako... Sagot ko habang nakaupo sa likod ng taxi, hawak ang phone nang mahigpit."
Ang boses ni Kuya Zeke sa kabilang linya, kalmado pero may halong pag-aalala—at galit na pinipigilan.

"Athena... dumiretso ka kila Mommy. Mahina na siya at gusto ka niyang makita.

"Okay, Kuya... Baka bukas punta ako doon."

Agad kong pinutol ang tawag. Hindi ko na hinintay ang susunod niyang sasabihin. Pumikit ako saglit, tumingin sa labas ng bintana. Ang mga ilaw ng EDSA at Cavite highway ay naglalaho sa dilim habang papalapit kami sa Gen Trias.

Dapat kila Tita Almira ako tumungo para sa anak Kong—si Eze at Elli—pero gusto ko munang puntahan 'yung bahay namin dati ni Elijah. Yung lugar kung saan Puno Ng dati Naming alaala.

"Sa Moonshine Subdivision po," sabi ko sa driver nang makita ko na ang exit.

Kinakabahan ako.

Sobrang lakas ng tibok ng puso ko na parang naririnig ko pa sa tenga.

Ilang oras pa—mga apat na oras ng byahe mula sa airport—nang huminto ang taxi sa tapat ng malaking gate.

Maayos pa rin ang subdivision. Walang nabago. Dumami Lang Yung tao..Yung mga puno sa gilid ng daan, yung streetlights na may soft yellow glow, yung malalaking bahay na tahimik.

Nakakatuwa na maayos pa rin. Parang hindi lumipas ang limang taon.

Nagbayad ako at bumaba. Hinila ko ang maleta ko patungo sa gate.

Locked, syempre. Paano ako makakapasok?

Naalala ko yung likod. Maliit lang ang bakod doon malapit sa hardin.

Naglakad ako patungo sa gilid ng subdivision, dumaan sa makitid na daanan sa pagitan ng mga bakod.

Dumilim na ang paligid, pero may liwanag pa mula sa buwan at ilang poste. Napangiti ako nang makita ko 'yung spot—yung maliit na bakod na hindi na gaanong mataas, may mga halaman na sumisilip na rin.

Nagbilang ako sa isip: isa... dalawa... tatlo.

Sabay hagis ng maleta ko sa loob. Tumama ito sa damo nang mahina.

Sumunod ako—hinawakan ko ang tuktok ng bakod, isinampa ang sarili pataas, at tumalon pababa. Medyo natumba ako sa damo, pero tumawa ako nang mahina.

Nagpagpag saglit..

Napatigil ako sa maliit na hardin sa likod-bahay—yung parte na pinaglibingan kay blue..

Puno na ngayon ng bulaklak. Hindi basta bulaklak—yung bulaklak mismo na isinama ko kay Blue noong nilibing siya dito. Lantana na bulaklak na pinitas ko Lang sa labas noon, Nakakapagtaka na ang lago-lago na ngayon. Parang may nag-aalaga nang maayos, parang hindi iniwan ng limang taon.

Naluluha akong nagpunas ng luha gamit ang likod ng kamay ko. Lumuhod ako sa damo, hinawakan ang isa sa mga bulaklak—Pumitas ako ng isa, dahan-dahan, parang takot na masira.

"Hi, Blue..." bulong ko sa malagong bulaklak.

"Ang lago mo na ah."

Namiss kita.

"Penge ako ng isa ha..." sabi ko ulit, sabay pitas ng isa pang bulaklak. Parang pakiusap sa hangin. Parang pakiusap kay Blue na sana naririnig niya pa rin ako kahit saan man siya ngayon.

Mayamaya, narinig ko ang mahinang yabag sa damo. Lumapit ang mga pusa—isang itim na may matingkad na buntot, dalawang puti na mukhang magkapatid, at isa... isa na kakulay na kakulay ni Blue. Parehong gray, parehong matingkad na asul na mata na parang sumasalamin ang langit. Tumigil siya sa harap ko, tinititigan ako nang diretso, parang kilala niya ako.

Napangiti ako, kahit may luha pa sa pisngi.

"Ang dami mo na palang tropa, Blue..."

Hinaplos ko muna sila at Tumayo na ako, hinawakan ang maleta, at naglakad patungo sa harap ng bahay na nakakapagtakang bukas.. Dahan-dahan kong itinulak. Walang alarm. Walang ingay.

Pagpasok ko sa loob, sinalubong ako ng pamilyar na amoy—amoy ng kahoy, ng dating pabango ni Elijah, ng bahay na puno ng alaala. Dim ang ilaw, pero sapat para makita ko ang sala. Yung sofa na dati naming pinagdadaanan ng mga kwentuhan ng mga bata. Yung family pictures sa wall—kami pa rin, kasama ang mga bata noong maliit pa sila.

Tumigil ako sa gitna. Luha na naman. Hindi ko alam kung bakit—sakit ba 'to, o saya na nandito pa na ako? Na hindi na aalis sa lugar na 'to.

Bigla akong napatingin sa hagdan. May liwanag sa itaas—maliit na ilaw mula sa kwarto namin dati. Parang may tao. Puso ko, tumigil saglit.

Sino 'yun?

Dahan-dahan akong umakyat, bawat hakbang parang may bigat. Pagdating sa pinto ng kwarto,

bahagyang nakabukas. Nakita ko ang anino sa loob.

At doon ko siya nakita ulit.

Si Elijah.

Tulog ito... nakadapa sa kama, ang mukha niya nakaharap sa pinto. Kahit sa mahinang liwanag na tumatagos mula sa buwan sa labas ng bintana, nakilala ko pa rin siya. Ang curve ng panga niya, ang bahagyang pagkukulot ng buhok sa batok—si Elijah pa rin 'yon.

Limang taon man ang lumipas, hindi nagbago ang mga detalye na minsan kong inaaral-aral tuwing natutulog siya sa tabi ko.

Dahan-dahan akong lumapit, parang takot na magising siya... o baka takot na magising ako sa panaginip na 'to.

Naka-kumot siya, natakip lang sa ibabang bahagi ng katawan. Lantad ang likod niya. At doon ko nakita. Dios ko.

Puno ng peklat. Hindi basta peklat—parang hampas ng latigo, paulit-ulit, tadtad sa balikat pababa sa likod. Mga guhit na pula at puti na naghiheal na pero hindi nawala ang bakas.

Parang mapa ng sakit na nakaukit sa balat niya. Napatakip ako sa bibig ko nang mahigpit, pinipigilan ang hikbi na gustong lumabas.

Nanginginig ang kamay ko habang dahan-dahang hinahawakan ko ang isa sa mga peklat—malamig ang daliri ko laban sa mainit na balat niya.

Pero bigla siyang gumalaw. Mabilis. Isang galaw lang—nahawakan niya ang kamay ko nang mahigpit..

Napaatras ako sa gulat, pero hindi niya binawi ang hawak. Sa halip, lumingon siya nang dahan-dahan.

At doon ko nakita nang malinaw ang mukha niya sa ilalim ng liwanag ng buwan.

May peklat din sa pisngi niya—isang mahabang hiwa, mula sa ilalim ng mata pababa sa panga. Parang hiniwa ng kutsilyo. Hindi malalim na sugat, pero sapat para mag-iwan ng permanenteng bakas.

Madilim ang tingin niya. Hindi galit... pero walang init. Walang pagkilala.

Parang tinitingnan niya ang estranghero.

"Who are you?"

Chapter 45

Binitawan niya ang kamay ko, pero nakatitig pa rin siya sa akin.

Walang emosyon sa mata niya—walang galit, walang lungkot, walang pagkilala. Parang tinitingnan niya lang ang isang larawan na hindi niya maalala kung saan niya nakita.

Parang ako ay estranghero na biglang sumulpot sa kwarto niya.

Mayamaya, tumayo siya. Tumingin Siya sa orasan sa bedside table. 9:17 PM.

Tahimik ang buong bahay, pero parang sumisigaw ang katahimikan sa pagitan namin.

"Maliligo na ako," sabi niya nang malamig.

"Dapat pag labas ko, wala ka na."
Parang sinaksak ako sa dibdib. Hindi ko na napigilan ang panginginig ng labi ko.

"E-Elijah..." tawag ko, boses na halos nawawala.

Huminto siya sa pintuan ng banyo, pero hindi tumingin sa akin. Nakatalikod lang, balikat na puno ng peklat na parang nagpapahiwatig ng lahat ng sakit na hindi niya naaalala.

Lumapit ako, Mabilis at niyakap siya mula sa likod—mahigpit, parang kung bibitawan ko, mawawala na siya nang tuluyan.

Inilagay ko ang pisngi ko sa likod niya, sa gitna ng mga peklat na malamig at magaspang.

"Ako 'to... si Athena...Yung Athena mo.." umiiyak kong sabi, boses na puno ng hikbi.

"Athena... ang asawa mo. Ang nanay ng mga anak natin. Elijah, please...Anong nangyari sayo?"

Tahimik siya saglit. Tapos, narinig ko ang mahinang bulong niya.

"Athena?"

Ulit niya sa pangalan ko.

"Athena... Athena..."

Parang hinahanap niya ito sa isip niya. Parang kinakalkal niya ang mga sulok ng utak niya para hanapin ang mukha na nauugnay sa pangalang 'yon.

Parang may lumalabas na imahe, pero malabo pa. Parang panaginip na hindi niya maabot.

Mayamaya, hinawakan niya ang kamay ko na nakayakap sa bewang niya. Hindi mahigpit, pero sapat para maramdaman ko ang init niya.

Tapos... binaklas niya ito. Dahan-dahan,
walang pag-aalinlangan.

"Leave," utos niya, boses na malamig at walang emosyon. Sabay pasok sa banyo.

Sinara niya ang pinto nang mahina, pero sa akin, parang malakas na tunog na sumara ang lahat ng pag-asa ko.

Agad akong napatakip sa bibig ko. Umiiyak na nakatingin sa pintuan ng banyo na pinasukan niya. Naririnig ko ang tunog ng tubig na tumutulo mula sa shower, pero parang malayo ito. Parang nasa ibang mundo na siya.

Napaupo ako sa sahig, likod sa dingding, yakap ang sarili ko. Luha ko, tumutulo nang walang tigil. Hindi ko alam kung galit ako, lungkot, o pareho. Limang taon akong naghintay na makita siya ulit.

Limang taon akong naniniwala na kapag nakita ko siya, babalik ang lahat— ang yakap, ang pamilyang binuo namin ng magkasama.

Pero ngayon... hindi niya ako kilala. O mas masakit pa—naaalala niya ang pangalan ko, pero hindi ang kahulugan nito sa buhay niya..

"Ako si Athena... Elijah..." paulit-ulit kong bulong sa sarili ko, parang sinusubukang ipaalala sa kanya kahit hindi niya naririnig.

Sa likod ng pinto, naririnig ko pa rin ang tubig. Parang siya rin, sinusubukang hugasan ang mga peklat... at siguro, ang mga alaala na hindi niya kayang balikan.

Hindi ko alam kung gaano katagal akong nakaupo doon. Pero alam ko—isang bagay lang ang sigurado.

Hindi ako aalis.

Hindi ngayong gabi. Hindi bukas. Hindi hanggang hindi niya ako naaalala ulit.
Dahil kahit limang taon na ang lumipas, Ako pa rin ang Athena niya. At siya pa rin ang Elijah ko.

Kahit saan pa siya ngayon sa isip niya.

Hindi man lang tumibok ang puso ko sa iba kahit nasa malayo ako, Kasi siya parin ang hinahanap nito..

"A-anong ginawa ni Kuya Zeke sa kanya!!"
Naluluha kong bulong sa sarili ko habang nakatulalang nakatayo parin sa gitna ng kwarto sa harap ng banyo. Naririnig ko pa rin ang tubig sa loob, parang walang katapusan na paghuhugas ng mga peklat na hindi naman nawawala.

Mayamaya, napagpasyahan kong bumaba. Dahan-dahan akong tumayo, pinunasan ang luha gamit ang manggas ko, at naglakad palabas ng kwarto. Tahimik ang hagdan, pero bawat hakbang ko parang may bigat. Pagdating sa baba, sa kusina, bigla akong napahinto.

May nagluluto.

Isang matandang babae, naka-apron, nakatayo sa harap ng stove. Naghahalo ng sabaw sa kaldero. Puti na ang buhok niya—Pero kilala ko pa rin siya.

Tita Almira.

Napalingon siya sa akin nang maramdaman ang presensya ko. Nanlaki ang mata niya.

"Athena!!? Athena, ikaw na ba 'yan!!"
Lumapit siya nang mabilis, kahit may hawak pang sandok.

"Athena, ikaw nga!!"
Yumakap ako sa kanya nang mahigpit.

"T-tita..."

Teka, nakita mo na ba ni Elijah?" tanong niya, boses na puno ng pag-aalala.
Tumango ako. Pero kasabay ng pagtango ko, tumulo ulit ang luha ko. Hindi ko na napigilan.

Nakita ko sa mata ni Tita Almira—malungkot. Sobrang lungkot. Parang may dinadala siyang bigat na hindi niya kayang ibahagi nang madali.

"Apat na taon... Apat na taon siyang nawala, Athena," sabi niya nang mahina, hinawakan ang pisngi ko.

Napalingon ako sa kanya.

"P-po?? Ano po bang nangyari??"
Bumuntong-hininga si Tita Almira. Inilagay niya ang kutsara sa gilid, hinila ako sa maliit na dining table, at umupo kami. Hinawakan niya ang kamay ko nang mahigpit.

"Bumalik siya nang ganyan na... pagkatapos ng apat na taon. Isang araw, bigla na lang siyang dumating dito sa bahay niya mismo—payat, sugatan, halos hindi na makapagsalita. Buti nalang pumunta ako Dito para silipin parin ang bahay niyo, buti nga nakabawi bawi na Siya ngayon at nagkalaman na ulit...

Walang sinabi kung saan siya galing o sino ang gumawa sa kanya. Pero nakita ko ang mga peklat sa likod niya, sa mukha... parang hinampas siya ng libu-libong beses. Hindi ko na tinanong agad. Natakot ako sa itsura niya."

Tumigil siya saglit, parang iniipon ang tapang.

"Pero pinakamalala... hindi niya na maalala ang mga anak niya. Si Ellixar at Ezekiel—hindi niya kilala. Tinitingnan niya sila na parang mga estranghero.

Pero kami... ang kapatid niya, ako, ang mga magulang niya... kilala niya kami. Naalala niya ang pangalan namin, ang mga kwento namin. Pero kayo... kayo tatlo—ikaw, Eze, at Elli—parang nabura sa isip niya."

Nanginginig na ang kamay ko sa kamay niya.

"Bakit... bakit kami lang? Bakit hindi kami kasama sa naaalala niya?"
Tumingin si Tita Almira sa akin nang diretso. May luha rin sa mata niya.

"Dahil sa trauma, anak. Ang doktor na nag-check sa kanya noon—sinabi niya, dissociative amnesia. Yung uri na selective. Ang utak niya, para protektahan siya mula sa sakit, binura ang mga alaala na pinaka-masakit... o pinaka-mahalaga sa kanya. At sa tingin ko... ikaw at ang mga bata, kayo ang pinaka konektado sa lahat ng nangyari sa kanya.

Pero minsan, kapag natutulog siya, tinatawag niya ang pangalan mo...

Tahimik ako saglit. Iniisip ko si Elijah sa itaas..

"Tita... paano natin siya matutulungan?
Paano natin siya maibabalik?"

Sasagot pa Sana si tita Almira Nang may magsalita sa likod ko..

"Bakit andito Ka pa? Diba Sabi ko umalis kana?

Chapter 46

"E-Elijah... ako 'to, ang asawa mo," mabilis kong kinuha ang picture frame sa side table—yung luma na, yung frame na may picture namin noong bago pa lang kami lipat dito. Nanginginig ang kamay ko habang ipinapakita sa kanya.

"Tignan mo..."
Sabay punas ng luha na walang tigil sa pagtulo. Humihinga ako nang mabilis, parang nauubusan na ng hangin. "Ako 'to..." sabay turo sa babaeng katabi niya sa larawan—nakangiti ako roon. "Ikaw 'to... tapos 'yung dala—"

Tumalikod siya. Hindi na ako pinakinggan. Parang hindi niya narinig ang kahit isang salita. Dumiretso siya sa gilid ng lababo, kinuha ang kalahating sako ng cat food na nakalagay doon, at lumabas nang walang salita.

Walang tingin pabalik. Walang paalam.
Naiwan ako roon, hawak pa rin ang picture frame, luha ko tumutulo sa salamin nito.

"Athena... ikaw na muna dito ha," sabi ni Tita Almira nang maramdaman niya ang biglaang katahimikan.

"May sakit din kasi ang asawa ko, si Tito Ace mo. Kailangan ko siyang puntahan sa ospital."

"S-sige po..." sagot ko nang mahina, kahit hindi ko na alam kung naririnig niya pa ako.

Pag-alis ni Tita Almira, tahimik na ang buong bahay. Pero alam ko kung saan siya pupunta. Sinundan ko si Elijah sa likod-bahay. Doon siya pumunta—sa hardin na puno ng bulaklak..

"Bukas, Elijah... gusto mo ba sunduin na natin 'yung mga bata?" tanong ko nang mahina, habang papalapit sa kanya.

Walang sagot.

Napansin ko ang limang lagayan sa damo—mga plato ng pusa. Isa-isa niyang nilagyan ng laman mula sa sako. Mabilis namang nagsilapitan ang mga pusa—isang itim, dalawang puti, at 'yung blue-gray na

kamukha ni Blue. Tahimik silang kumakain, parang routine na ginagawa niya araw-araw.

"Alam mo ba, Elijah... kung sino ang nakalibing dito?" tanong ko ulit, sabay turo sa gitna ng hardin—sa maliit na parte na natatakpan ng mga bulaklak na sobrang lago na. Doon namin inilibing si Blue noong namatay siya. Maliit na libingan, pero puno ng pagmamahal.

Walang sagot pa rin.

Tumigil siya sa paglalagay ng pagkain. Nakatingin lang sa mga pusa. Walang ekspresyon. Walang galaw.

"*A-anong ginawa ni Kuya Zeke sa'yo...?"* umiiyak kong bulong, awang-awa na nakatingin sa kanya. Hindi ko na napigilan. Lumapit ako, dahan-dahan, at niyakap siya mula sa likod nang mahigpit.

Inilagay ko ang pisngi ko sa likod niya, sa gitna ng mga peklat na parang naglalakihang sugat pa rin kahit naghilom na.

"Elijah... please... sabihin mo sa akin. Ano'ng ginawa niya? Bakit ganito ka na? Bakit hindi mo ako naaalala? Bakit hindi mo naaalala ang mga bata?" Hikbi ko, tumutulo sa likod niya..

Tahimik pa rin siya. Pero hindi niya ako itinulak. Hindi niya binaklas ang yakap ko. Nanatili lang siyang nakatayo..

Pero mayamaya, Naramdaman ko ang pag-alis niya sa yakap ko—dahan-dahan, walang galaw na malakas, pero sapat para maramdaman ko ang distansya.

Hindi niya ako itinulak; parang lang siyang nagdesisyon na tapos na ang sandaling 'yon. Naglakad siya papasok ng bahay nang walang salita, hakbang na mabigat pero tahimik.

Hindi ako sumuko. Sinundan ko siya. Bawat hakbang ko parang may bigat din, pero hindi ko na hinayaan ang takot na huminto ako.

Sa sala, humiga siya sa sofa. Nakapikit. Parang pagod na pagod na tao na walang lakas pang magsalita o mag-isip.

Ang liwanag mula sa maliit na lamp sa sulok ay tumatama sa mukha niya—sa peklat sa pisngi, sa mga linya ng pagod na hindi ko naaalala noon.

Lumapit ako nang dahan-dahan. Umupo sa gilid ng sofa, malapit sa ulo niya. Maingat kong itinaas ang ulo niya at inilagay sa hita ko.

Hinaplos ko ang buhok niya. Dahan-dahan, parang takot na masira ang sandali. Parang takot na paalisin niya ako at muling tumalikod.

"Athena..." mahina niyang usal.
Parang kinakalkal niya sa isip niya ang pangalan na 'yon. Paulit-ulit, parang mantra na hindi niya maintindihan kung bakit pamilyar.

"Athena... Athena..."

Hindi ko napigilan ang pagtulo ng luha ko ulit. Pero hindi ako umiyak nang malakas. Hinayaan ko lang na tumulo sa pisngi ko, habang patuloy ang haplos ko sa buhok niya.

"Oo... ako 'to," bulong ko.

"Si Athena. Yung asawa mo. Yung nanay nina Eze at Elli.."

Tahimik siya saglit. Pero hindi niya ako tinaboy. Hinayaan niya akong Manatili lang doon, nakapikit pa rin siya. Parang sa pagitan ng dilim ng isip niya at ng init ng haplos ko, may maliit na butas na lumalabas ang liwanag.

Mayamaya, narinig ko ulit ang boses niya—mas mahina pa sa dati.

"Bakit... masakit kapag naririnig ko 'yung pangalan mo?"

Napahinto ang haplos ko saglit. Tapos, hinawakan ko ulit ang buhok niya..

Hindi ako sumagot agad. Pero naramdaman ko—bahagyang pag-urong ng balikat niya. Parang pagod na pagod na siya sa paglaban sa sarili niyang isip.

"Athena..." ulit niya, parang sinusubok na iugnay ang pangalan sa mukha ko, sa haplos ko, sa init ng kamay ko.

Hindi ko na sinabi pa ang kahit ano. Hinayaan ko lang na manatili kami roon. Sa sofa. Sa katahimikan. Sa haplos na parang tulay pa rin kahit hindi pa niya maalala ang lahat.

Nag simula akong kumanta... mahina lang. Yung paborito kong kanta—

Habang hinahaplos ang buhok niya parang pinapatulog ko siya...

I *will leave my heart at the door*
I won't say a word
They've all been said before, you know

Habang hinahaplos ko pa rin ang buhok niya, lumuluha ako. Tahimik na luha, pero walang tigil. Parang bawat salita ng kanta ay tumatama sa dibdib ko..

So why don't we just play pretend
Like we're not scared of what is coming next
Or scared of having nothing left

Naramdaman ko ang bahagyang pag-urong ng ulo niya sa hita ko. Hindi siya gumalaw nang malakas, pero naroon 'yung maliit na reaksyon—

Look, don't get me wrong
I know there is no tomorrow
All I ask is

Hindi ko na napigilan ang hikbi ko nang marating ko 'yung chorus...

If this is my last night with you
Hold me like I'm more than just a friend
Give me a memory I can use
Take me by the hand while we do what lovers do

It matters how this ends
'Cause what if I never love again?

"Athena...ang Ganda ng Boses mo.." bulong niya habang nakapikit pa rin.

Parang sinaksak ako sa puso. Hindi 'yung malamig na pagbigkas ng pangalan niya kanina—may lambing na ngayon.

May sakit. May pamilyar na paraan ng pagbigkas niya. Parang may lumalabas na alaala, kahit maliit lang. Kahit sandali lang.

Hindi ko na kinaya. Yumuko ako at hinalikan siya paulit-ulit sa noo. Malambot, mainit, puno ng luha ko.

Dahil kahit ngayon, kahit sa ganitong paraan—nandito pa rin siya. At nandito pa rin ako.

Chapter 47

Nanatili ako roon magdamag.
Ganun lang. Nakahiga si Elijah sa hita ko, tahimik, parang bata na natatakot sa dilim. Hanggang sa tuluyang bumigat ang talukap ko... at nakatulog na rin ako.

Kinabukasan, malambot na kama ang sumalubong sa'kin pagkagising.

Kama?

Bigla akong napabalikwas.

"Binuhat niya ba ako papunta rito?" bulong ko sa sarili, habang iniikot ang paningin sa kwarto. Walang bakas niya. Walang Elijah.

Tumayo ako, at bumaba.

"Elijah?" tawag ko.

"Elijah??"

Katahimikan lang ang sumagot.

Naghintay ako nang halos isang oras. Wala pa rin.

Nagpasya akong maligo muna-kailangan kong mag-isip, kailangan kong maging maayos bago harapin si Kuya Zeke.

Balak kong tanungin siya ng lahat. Lahat ng sakit na pinagdaanan ni Elijah dahil sa kanya.

Halos dalawang oras ang byahe papunta sa bahay nila. Nalaman ko ang address sa pamamagitan ng pag-chat kay Zamaria, asawa ni Kuya, sa social media. Pagbaba ko ng taxi sa gate pa lang, sumigaw na ako.

"Kuya!!! Kuya Zeke!! Lumabas ka diyan!!

Lumabas si Zamaria, ngiti sa labi pero halatang nag-aalala.

"Pumasok ka, Athena. Kanina ka pa hinihintay ng kuy-"

Hindi ko siya pinansin. Dumiretso ako sa loob, dibdib na parang sasabog.
Naabutan ko si Kuya Zeke nakaupo sa sala, kasama ang triplets niyang mga binatilyo na tahimik lang na nakatingin sa'kin. Parang alam na nila kung bakit ako nandito.

"Kuya, mag-usap tayo!!" sigaw ko, boses na nanginig.

"About what?" tanong niya, kunot-noo pero kalmado. Sobrang kalmado na nakakainis.

"Si Elijah, Kuya!! Anong ginawa mo sa kanya?!" Hagulgol ko na, luha na tumutulo nang walang tigil.

Tumahimik siya. Matagal. Tapos tumayo siya nang dahan-dahan.

"Follow me, Athena."

Sumunod ako, hanggang sa opisina niya. Umupo siya sa swivel chair, ilang segundo lang ang katahimikan bago siya nagsalita..

"Si Elijah... ang pumili ng parusa niya, Athena."

"Anong parusa?!" sigaw ko ulit, hagulgol na ngayon at halos hindi na makahinga.

"Bakit mo ginawa 'yun, Kuya!!"
Tumingin siya sa'kin, mata na puno ng pagsisisi pero may pagmamahal din.

"Tinulungan pa siya ng kaibigan niyang si Alessandro at kapatid niyang si Elion para makatakas. Pero tumanggi siyang sumama. Gusto niyang pagbayaran lahat."

"Galit na galit ako noon, Athena.." sabi niya.

"Pero nang makita ko na mahal ka talaga niya..binigyan ko siya ng pagpipilian.."

Kumunot ang noo ko nakikinig lang Dito..

"Alam mo ba," patuloy niya,

"mas pinili niyang maghirap araw-araw? Latigo hanggang mawalan ng malay, araw araw na sugat, kesa mamatay ng tuluyan at iwan kang mag-isa at malungkot habang buhay?"

Parang sinaksak ako sa dibdib.

"Hindi siya takot mamatay," dagdag pa ni Kuya, "pero ayaw niyang malungkot ka habang buhay. Kaya 'yun ang pinili niya. Dalawang taon... araw-araw."

Dalawang taon..

Gigising para hagupitin.

Matutulog na puro sugat at hapdi.

Napatakip ako sa bibig at umiyak ng umiyak..

Mas gusto niya 'yun kaysa mawala siya sa'kin nang tuluyan.

Pagkatapos ng dalawang taon, pinalaya ko siya. Pero Hindi niya kinaya ang huling hagupit, na-comatose siya ng matagal. Pero nang magising... umalis na lang siya Nang walang paalam. Walang kahit ano.

Tumayo ako, nanginginig.

"Napakasama mo, Kuya!!! Bakit hindi n'yo na lang siya ikinulong? Bakit sinaktan n'yo pa siya ng ganun?!" Umiiyak Kong bulyaw Dito..

Tumingin lang siya sa'kin, walang sagot. Pero sa mata niya, kita ko 'yung sakit na pareho naming dinadala.

"Huwag niyo na kaming papakelaman pa, Kung ayaw mong tuluyan kitang kamuhian!"

Tumayo ako at tumakbo palabas..

Inuna ko munang puntahan sina Ezekiel at Ellixar. Dala ko ang madaming pasalubong-chocolates, toys, Parang peace offering sa sarili ko rin.

Nang marating ko ang malaking gate ng mansion, agad akong pinatuloy ni Tita Almira. Sa gilid, nakita ko si Tito Ace, nakaupo at tahimik na nagbabasa ng newspaper.

"Kumusta po, Tito Ace?" bati ko, pilit na ngiti.

"Okay naman na, Athena," sagot niya

"Sina Eze at Elli po?"

"Naku, ang mga batang 'yun, nasa gubat kasama sina kade, Spade at Helion. Naglalaro siguro," natatawang sabi ni Tita Almira.

"Elaine, tawagin mo nga ang mga pinsan mo sa gubat!"

"Sige po, Lola!" sagot ni Elaine at tumakbo agad palabas, parang excited na may misyon.

Tumingin si Tita Almira sa'kin, mata na puno ng pag-aalala pero may ngiti pa rin

"Kumusta ka, Athena? Lalo kang gumanda ah."

"O-okay Lang po ako...Salamat po..." nahihiya kong tugon, habang iniwasan ang tingin.

"Baka pumunta si Elijah sa kaibigan niya... pero tingin ko araw-araw naman siyang nauwi roon, madami siyang alaga Doon ehhh, dati wala Naman pakealam sa pusa yun ngayon parang lahat nalang ng makitang kuting na walang nag aalaga kinukuha at inuuwi.." dagdag pa niya nang mahina, parang hinuhulaan ang iniisip ko.

Hindi ako nakasagot. Biglang bumukas ang pinto.

Pumasok si Elion-kapatid ni Elijah. Masama ang tingin niya sa'kin. Parang sinaksak ako ng tingin na 'yun. Napayuko ako agad, hindi makayanan ang bigat nito.

Kasama niya ang asawa, tahimik lang. Tapos sa itaas, may bumaba... siguro 'yung kapatid nilang nawala dati. Si Ellise kaholding hand ang asawa nito..

Nagkatinginan kami.

Sandali lang.

Pero inisnob lang niya ako. Parang biglang nainis siya sa presensya ko. Hinila niya ang asawa niya pabalik sa itaas, walang salitang binigay.

Mayamaya, dumating na ang hinihintay ko.

Naluluha akong nakatingin sa kanila-sa mga anak namin ni Elijah. Si Ezekiel at Ellixar, mas matangkad na, mas kamukha na talaga niya, pero 'yung mga mata... puno ng galit at pagkalito na hindi ko maipaliwanag.

"E-eze... hindi mo ba ihahug si Mommy?" mahinang tanong ko, boses na nanginig.
Hindi siya sumagot. Nakatitig lang sa'kin, malamig.

Bumaling ako kay Ellixar

"Elli, ana-"

"Bakit po kayo nandito?" putol niya, boses na matigas na para bang madami siyang hinanakit na nakatago.

"Ellixar!" saway ni Tita Almira, pero huli na, tumalikod Ito at umakyat sa taas.

"Ayaw po namin sumama. Umalis na po kayo," sabi ni Eze nang walang emosyon, tapos tumalikod na rin. Sinundan siya ni Elli, walang tingin pabalik.

"Eze, anak...?" tawag ko pa, pero wala nang sagot. Parang sinuntok ako sa tiyan.

Naluha ako nang tuluyan. Hindi ko na napigilan. Bumaling ako sa mga dala ko-mga pasalubong na bigla na lang naging walang kwenta.

"T-Tita... babalik na lang po ulit ako bukas. Heto po 'yung mga pasalubong ko..."
.
"S-sige, iha..." malungkot na sagot ni Tita Almira, mata rin niyang namumula.
Alam niyang nasaktan ako, pero wala siyang magagawa.

Lumabas ako roon, dibdib na parang sasabog. Dalawang oras na byahe pauwi, pero parang wala akong nararamdaman maliban sa hapdi.

Nang makarating sa harap ng bahay namin, bukas ang ilaw sa sala. Mukhang nakauwi na siya.

Pagpasok ko...

Nagulat ako. Nandun si Alessandro, kasama niya... si Elijah.

Umiinom silang dalawa. Mga baso sa mesa, bote ng whiskey na halos kalahati na. Si Elijah nakaupo sa sofa, mukha na pagod pero gwapo pa rin-'yung tipong kahit nasaktan na at maraming peklat, kahit nawala na, parang walang nagbago mas lalong lumakas ang dating...

"Hi, Athena. Nakauwi ka na pala..." bati ni Alessandro nang mahina, may awkward na ngiti.

"O-oo..." sagot ko, Lumapit ako sa kanila, pero parang may invisible wall sa pagitan namin.

Tumingin si Elijah sa'kin. Sandali lang.

"Umupo ka dito sa tabi ko, Athena.." utos niya na agad kong sinunod, parang lahat ng pag iyak at sakit sa maghapon biglang naibsan..

Tumingin ulit si Elijah sa'kin. This time, hindi na niya iniwas ang tingin.

"Paano, aalis na ako, Athena... Alas nueve na rin. Hinihintay na ako ng asawa ko," sabi ni Alessandro, ngiting-ngiti pa rin kahit halatang may halong awkwardness sa hangin. Tumayo siya, kinuha ang jacket niya, at tumingin muna kay Elijah bago lumingon sa'kin.

"Ingat ka." Sabi ko..

Tumango siya, at lumabas na ng pinto.. at biglang naging tahimik ang buong sala.

Si Elijah... nakasandal lang sa sofa, nakapikit pa rin. Parang natutulog, pero alam kong gising siya. Hindi

ko na kinaya ang katahimikan. Tumayo ako para magliligpit sana ng mga baso at bote sa mesa..

Pero bago pa man ako makalayo ng isang hakbang...

Hinila niya ako.

Bigla, malakas, Hinawakan niya ang ulo ko gamit ang isang kamay, idinikit sa dibdib niya. Yung init ng katawan niya, yung tibok ng puso niya na parang tumitibok sa mismong tenga ko-lahat biglang bumalik. Yung amoy niya na matagal ko nang hinahanap hanap. Yung pakiramdam na parang....safe ako pag andyan siya..

"Bumalik ka na sa wakas, Athena," bulong niya,

"Akala ko tuluyan mo na akong tinalikuran... Hinihintay kita sa bawat gabi Doon sa kulungan na 'yun..."

Chapter 48

“Totoo ngang nakabalik ka na…”

Parang basag na bulong habang nakatitig sa mga mata ko—parang hindi siya makapaniwala, parang natatakot siyang kumurap—baka mawala ulit ako sa isang kisap-mata.

"Kagabi, noong nagising ako at Makita kang natutulog, tinititigan kita Athena...alam mo bang parang biglang nabuhay ulit lahat. Bawat segundo, bawat tibok ng puso ko—lahat bumalik. Parang puzzle na hinayaan kong mabulok sa dilim ng maraming taon… pero ngayon, sa harap mo, unti-unting nabubuo ulit."

Huminga siya nang malalim, parang kumukuha ng lakas para sabihin ang susunod.

Humiga siya at inunanan ang hita ko. Nakatitig siya sa kisame, doon lang yata niya kayang buuin nang buo ang lahat ng alaala.

“Bawat latigo na tumama sa katawan ko. Bawat bugbog na iniwan ng kamao ng mga tauhan ng Kuya mo. Araw-araw… hanggang sa mawalan na ako ng malay. Magigising ako sa loob ng dilim, sa loob ng kulungan na walang kahit anong liwanag. Pero kahit gano’n… wala akong pinagsisihan.”

Tumingin ulit siya sa’kin. Madilim pa rin ang mga mata niya, pero may lambot na unti-unting sumisilip sa gilid.

“Pero ang Kuya mo… hindi niya ako hinayaang mamatay. Lagi may doktor na pumupunta. Lagi may pain reliever pagkatapos ng bawat ‘session’ ng sakit....."

“Binibigyan ako ng gamot…”

bulong niya, habang hinahawakan ang kamay ko at idinidikit pa lalo sa dibdib niya.

“…pero bakit hindi pa rin nawawala ’yung sakit dito?”

"Lalo na nung sinabi ng Kuya mo na umalis ka na… at hindi ka na babalik pa. Hindi ako lumaban, Athena. Kahit alam kong kaya ko naman. dumating ang kapatid ko at si Alessandro… hindi ako sumama. Dahil gusto kong pagbayaran lahat. Lahat-lahat. Para matutunan mo akong tanggapin ng buo… para maging karapat dapat sayo.”

Ang boses niya ay malamig . Parang bawat salitang lumalabas sa bibig niya ay sugat na muling binubuksan.

“Gusto kong pagbayaran ang Lahat.. para kapag bumalik ka—kung sakaling babalik ka—hindi na dahil sa wala ka lang choice, Hindi dahil sa obligasyon Kasi may anak Tayo… kundi dahil tanggap mo na talaga ako. Kahit gaano ako kalala. Kahit gaano ako kasama. Kahit gaano kadami ang dugo na dumaan sa kamay ko noon.”

Tumingin siya sa’kin, diretso sa mata.
“Handa akong tanggapin kahit anong parusa pa Yan, basta mapanatili lang kitang akin, Athena.”

Tumigil siya. Tapos tumahimik na ulit.

Luhaan akong nakatingin sa kanya—siya nakaunan pa rin sa hita ko, at ako nakadungaw sa kanya habang pinupunasan ang mga luhang ayaw tumigil. Ang mga mata niya, kahit madilim pa rin, may init na unti-unting bumabalik..

“Hanggang ngayon ba?” tanong ko, basag na basag ang boses ko, puno ng pag-asa na halo-halong takot.

“Ako pa rin ba…sa kabila ng lahat ng nangyari? Sa lahat ng sugat? Sa lahat ng dugo at sakit na binayaran mo para sa akin? Ako pa rin ba ang nand’yan sa puso mo?”

"Wala namang nagbago, Athena.." sagot niya..walang pag-aalinlangan. Ang kamay niya ay humaplos sa pisngi ko, pinupunasan ang luha ko nang marahan, parang natatakot na masaktan pa ako kahit sa simpleng galaw, habang ang mga kamay ko nasa buhok niya humahaplos, sumusuklay sa malambot niyang buhok.

Naiiyak na yumuko ako. Hinawakan ko ang mukha niya—ang mga pilat sa gilid ng labi—tapos hinahalikan ko siya.

Malambot muna. Mahina. Parang pareho kaming natatakot na baka magising bigla ang lahat ng sakit na nakalipas.

Pero nang maramdaman ko ang init ng labi niya, ang pagtugon niya, ang paghigpit ng yakap niya sa batok ko… hindi ko na napigilan. Hinayaan ko ang halik na lumalim pa, na maging sagot sa lahat ng tanong ko, sa lahat ng taon na nawala.

At sa gitna ng halik na ’yun, maririnig ang mahinang hikbi ko—hindi sa sakit, kundi sa pagpapakawala ng matagal na piniling pasanin. Parang sa wakas... Natapos na talaga at Ngayon ang bago naming simula..

Na-miss ko ito.

Hinding-hindi ko na kaya pang maghintay pa ulit.

Kasi ang totoo, sa bawat segundo noon na wala siya, parang namatay ang kalahati ko.

Parang natira lang akong kalahating buhay—humihinga pa, pero walang kulay, walang init, walang dahilan para magising pa sa umaga.

At ngayon, sa piling niya, buhay na ulit ako—buo na ulit ako.

Hindi lang buhay… buhay na may puso na muling tumitibok nang buo, nang buong-buo, para sa kanya para sa mga anak namin at para sakin narin.

Kinabukasan…

Ramdam ko ang bigat ng braso niya sa bewang ko—mahigpit, mainit, parang takot pa ring humiwalay kahit sa pagtulog lang.

Hubad kami pareho sa ilalim ng kumot, balat sa balat, tibok ng puso ko laban sa tibok ng puso niya. Parang hindi na kami makakahinga pag naghiwalay pa Kami..

“Good morning…” bulong ko, sabay dampi ng labi ko sa labi niya—mahina, mabilis, pero sapat para maramdaman niya na nandito pa rin ako.

Ngumiti lang siya, walang salita. Sumiksik ulit sa leeg ko, sinisinghot ang amoy ko nang mahina, parang siya parin yung dati kong si Elijah..

“Sunduin na natin ’yung mga bata, Elijah…” sabi ko, habang hinahaplos ang likod niyang puno ng peklat..

“Sa susunod na lang…” sagot niya, boses pa rin mababa, matamlay parang tinatamad pa kumilos.

Napakunot ang noo ko.

“Bakit naman?”

“Dito muna tayo… Tayo lang muna, Athena. Bukas na lang natin sila sunduin.”

Yumakap ako pabalik—mas mahigpit pa sa dati. Parang sumasang-ayon na lang ako sa katahimikan niya, sa pangangailangan niyang maramdaman ako muli.

Maya-maya, nag-umpisang magpasukan ang mga alaga niya.

Matinis na ngiyaw ng mga pusa—lima sila, lumalapit sa kama, humihimas sa paa namin, parang nagrereklamo na bakit hindi pa kami tumatayo para pakainin sila.

Napatawa ako nang mahina. “Hindi ko alam na mahilig ka rin pala mag-alaga ng pusa…”

Tumango lang siya, bahagyang ngiti sa labi. “Kasi tulad ng kuting… parang ikaw, Athena. Nung una kitang nakita noon sa lugar na ’yun—Parang alam mong kaya mong lumaban kahit mukhang wala ka namang pag-asa.”

Sumiksik ako sa kanya, nakangiti, pero may kirot pa rin sa dibdib. Parang bawat salita niya ay paalala ng lahat ng nawala at lahat ng binayaran niya para makabalik.

Maya-maya, bahagya siyang umayos. Umupo nang dahan-dahan, hinila ang kumot hanggang baywang. Binuksan niya ang drawer sa tabi ng kama.

Kinuha niya ang isang maliit na box—simple lang, walang palamuti. Binuksan niya ’yun, at sa loob, isa pang red velvet box.

Kinuha niya ang kamay ko. Dahan-dahan..

Inilabas niya ang isang singsing. Isinuot niya sa daliri ko. Perpekto ang sukat, parang ginawa talaga para

sa’kin.

Ngumiti siya—

“Dapat noon pa ’to… Halos limang taon din ’yan naghihintay dito na masuot mo, Athena.”

Naluha akong tinitigan ang singsing. Ang liwanag na tumatama rito ay parang tumatama rin sa lahat ng sugat na natakpan ng panahon.

“Magpakasal na tayo…” sabi niya, boses na puno ng pangako, ng pagmamahal, ng pag-asa.

Hindi ako agad nakapagsalita. Hinawakan ko lang ang mukha niya, hinaplos ang pisngi niya.
Tumango ako—dahan-dahan, pero buo.
Tumango ulit ako, mas mabilis, mas sigurado.

Oo.

Yumakap siya sa’kin nang mahigpit—parang lahat ng taon na hinintay niya, lahat ng sakit na tiniis niya, lahat ng gabi na iniisip niya kung babalik pa ba ako—nawala sa isang yakap na ’yun.

At sa ilalim ng kumot, sa gitna ng mga ngiyaw ng mga pusa, sa liwanag ng umagang sumisilip sa kurtina…muli naming inangkin ang isa't isa... parang buong mundo, sa wakas, tumigil para sa amin muna.

Para sa second chance na hindi na namin bibitawan pa.

Kailanman.

Chapter 49

Kasalukuyan kaming nasa likod, sa maliit na hardin... Ngayon, puno ito ng mga bulaklak... Ako, nakaupo sa kanya—nakakandong, nakayakap sa leeg niya. Siya naman, mahigpit na nakayakap sa baywang ko, parang maghapon na kaming ganito.

Walang salita muna, puro haplos lang at tahimik na paghinga.

Tinatanong niya ako tungkol sa limang taon. Dahan-dahan, hindi pinipilit. Ano'ng ginawa ko? Sino ang kasama ko? Malungkot Rin ba? Natakot ba ako? Parang bawat sagot ko ay parang binubuksan niya ulit ang sugat niya mismo—pero kailangan niyang marinig, kailangan niyang malaman Kung ano ang nangyari Sakin sa nakalipas na taon..

Nagluto kami magkasama kaninang umaga—simple lang, adobo at kanin, pero parang pinakamasarap na pagkain sa buhay ko. Nagligo kami nang sabay, walang kahihiyan na natira...

"Ipapahatid ko na lang si Ezekiel at Ellixar kay Elion…" bulong niya habang nakayakap pa rin sa akin, labi niya sa tenga ko.

"Wag na tayong magbyahe."

"Pwede ba 'yun, Elijah…?"

Tumango siya, matatag.

"Dito na lang muna tayo. Gusto kong bawiin lahat ng nawalang taon… sa 'ting dalawa."

"Bakit hindi ka pa nakakabawi?" pabiro kong tanong, bahagyang natatawa.

Umiling siya, seryoso.

Tinapik ko siya sa pisngi.

“Nakakarami ka na nga!”

Humawak siya sa puson ko, dahan-dahan, parang may gustong sabihin na hindi niya masabi agad.

“Pwede pa naman, di ba?” tanong niya, boses na puno ng pag-asa.

Inirapan ko siya.

“Ano’ng tingin mo sa ’kin? Matanda na? 32 pa lang ako, kaya pa ng isa ’yan.”

“Ikaw nga, 42 na, ang hilig pa rin…”

“Namiss lang kita,” sagot niya, saka muling sumiksik sa leeg ko. Hinithit niya ang amoy ko nang mahina, parang kinukumpirma na hindi na ’to panaginip.
Ganun lang kami maghapon—yakap, kwentuhan, tawa, haplos, at tahimik na pag-amin na hindi na namin gustong matapos.

Kinabukasan, maaga pa lang, nasa sala na sila Elion kasama ang anak nitong si Helion. Tapos si Ezekiel at Ellixar, maging ’yung binatilyo ni Ellise—si Kade—nandito rin, may seryosong tingin na parang may binabantayan.

Nakakailang pa rin, pero pinilit kong balikan ang dati—ngiti, yakap, pagtawag sa pangalan na parang wala nang nangyari. Pero alam kong hindi ganoon kadali.

“Saan kayo pupunta?” sita ko nang palabas ang apat.

“Hindi na kami bata, Mom,” sagot ni Eze, agad na tumalikod. Sumunod naman si Ellixar sa kuya niya, walang salita.

Tumango lang si Kade at si Helion, saka sila lumabas nang walang pasabi Kong Saan sila pupunta.

Sa sala, naiwan si Elijah at Elion, nag-uusap.

Umupo ako sa tabi ni elijah..automatic naman na humawak siya sa bewang ko..

“Alam mo bang kating-kati akong patayin ang Kuya mo?” sabi ni Elion sa akin, boses na puno ng galit na matagal nang pinigilan.

“Kung hindi lang ako pinipigilan nila Alessandro at Elijah, patay na sana ’yun matagal na.”

Kinabahan ako kahit paano. Kuya ko pa rin ’yun. Napayuko na lang ako.

“Tama na, Elion?” saway ni Elijah sa kapatid.

“Tapos na ’yun,” dagdag niya, boses na kalmado pero matigas.

“Ikakasal na kami ni Athena.”

“Tsk.” Tumayo si Elion, lumabas nang walang paalam.

Napayuko ako. Bigla akong natakot na baka masira ulit ang lahat dahil sa akin.

“It’s okay,” sabi ni Elijah nang mapansin ang itsura ko. Hinawakan niya ang kamay ko, hinila pa ako lalo palapit sa kanya.

“Ganun lang talaga siya. Matagal na siyang galit, pero hindi sa ’yo. Sa akin. Sa lahat ng nangyari. Sa pagtanggap ko ng parusa at hindi paglaban...”

Yumakap ako sa kanya nang mahigpit.

Umaasa ako na unti-unti nang mabubuo ulit ang pamilya namin. Hindi perpekto. May galit pa rin, may sugat pa rin. Pero may pag-ibig na mas matibay kaysa dati.

SAMANTALA...

Nasa parke sila—Helion, Kade, Ellixar, at Ezekiel. Tahimik ang umaga, wala pang masyadong tao..

Si Ellixar nakaupo sa swing, sa tabi niya si Ezekiel na nakasandal sa chain,

“Aalis na ako next week…” sabi ni Helion nang walang emosyon, nakatingin sa malayo.

“Sa France na ako mag aaral.." dagdag niya ..

" So magdo-doktor ka talaga, Kuya Helion?” tanong ni Ellixar, boses na puno ng paghanga pero may halong lungkot dahil mahihiwalay na ang Kuya nila, Ito Kasi ang pinakamatanda sa grupo..

Tumango lang si Helion. Walang ngiti. Walang paliwanag.

“Ayoko dito, Elli,” bigla na lang sabi ni Eze sa kapatid niya, boses na mababa pero matigas.

“Mas gusto ko kay Lolo at Lola na lang tayo tumira.”

“Bakit naman, Kuya?” tanong ni Ellixar, napatingin sa kanya nang maigi.

Hindi sumagot si Eze. Tumingin lang siya sa lupa, parang doon lang niya kayang itago ang galit na matagal nang pinipigilan.

Sa gilid, tahimik si Kade—nakatingin sa dalawang batang babae pero yung isa naka bihis lalaki na naglalaro ng bola sa damuhan.

Bigla, lumipad ang bola papunta sa kanila. Tinapakan ito ni Ezekiel nang walang pasabi.

“Akina ’yang bola ko! Akin ’yan!” sigaw ng bata, tumatakbo palapit. Maliit siya, pero matapang ang boses.

“Ah, eto ba?” sabi ni Eze, sabay sipa ng bola kay Kade nang mahina.

Napangisi si Kade nang lumapit ang babae at pilit inaagaw ang bola.

“Akina! Sabi yan!”

Dinampot ni kade at binato kay Ellixar.
Napangisi rin si Ellixar, itinaas ang bola

“Ano ba? Akina yan, babangasan kita.”

Maya-maya, ibinato kay Helion.

Tinitigan ni Helion ang bola sa kamay niya. Ngumisi siya—at pinuna Ito..

“Babae ka pero nakadamit ka ng pang-lalaki.”

“Ano naman ngayon?! Akina yan!”

“Kunin mo sa ’kin kung kaya mo.”
Bigla, naglabas si Helion ng maliit na patalim mula sa bulsa—mabilis, walang pasabi. Sinaksak niya ang bola nang diretso. Sumabog ang hangin sa loob,
lumutang ang goma, at natulala ang bata.

“Ano, iiyak ka...sige iyak..” sabi ni Helion, nakangisi pa rin.

“Diba dapat pag tomboy, hindi umiiyak?”

"Zia.." tawag ng kalaro nito.
Pero Hindi Ito pinansin ni Zia..

“Gago ka ha!!” sigaw ni Zia, Malakas na binayagan niya si Helion.

Hindi yun inaasahan ni helion Kaya napaupo Siya sa sakit..tinitigan yung tomboy na batang babae na tumatakbo na palayo kasama yung kalaro nito habang tinatawanan siya ng mga pinsan niya.

Chapter 50

Makalipas ang tatlong buwan...

Hindi man katulad ng dati, sa tulong ni Elijah unti-unting nagiging okay na kami ng mga anak ko.

Ikinasal kami, simple lang tulad ng hiling ko pero lahat puro sa side ni Elijah ang saksi.

Wala ang mga kapatid ko pero andun sila Mom at dad...sila Lang ang pinayagan ng pamilya ni Elijah pumunta kasi sila Kuya Zeke Gulo lang ang mangyayari dahil nag banta ang kapatid ni Elijah na si Elion..

Ang mga anak ko rin ayaw talaga nila makita ang mga Tito at pinsan nila sa side ko... kahit nung nag-birthday ang triplets na pamangkin ko na anak ni Kuya zeke at invited kami, hindi kami makapunta dahil ayaw ng dalawang kong anak. Si Eze at si Ellixar parang may sariling mundo pagdating sa kanya—walang dahilan na sinasabi, pero kapag nababanggit ang pangalan ni Zeke, biglang tahimik sila o nagbabago ang pakikitungo. Hindi ko na pinipilit.

Nalaman ko na rin na may lahi silang psychopath nasa dugo... pero hindi na ako natatakot. Ang mga anak ko, kahit tahimik lang at parang may sariling mundo, masaya ako kasi buo na ulit kami.

Si Eze ay napakagwapo, Yung mukha niya kuhang kuha sa ama pero may pagkamasungit na, siguro Kasi binatilyo na siya.

Si Ellixar ay mas maingay, mas playful, pero kapag kasama ang kuya niya, parang laging sumusunod....Ang itsura niya Hati Kami ng ama niya.

At si Elijah... balik na sa dati niyang pinagkakaabalahan. Alam ko na rin na isa itong hired killer—nakakatakot sa una, pero tanggap ko na. Kasi kahit ganoon siya sa labas, sa bahay... iba. Sa amin, malambot siya. Sa amin, naririto siya...

"Ezekiel, Ellixar... baba na diyan, kakain na boys!"

Naunang bumaba si Ellixar— matangkad na para sa edad niyang 10, ang ngiti niya'y malapad habang tumatakbo pababa ng hagdan.

"What time uuwi si Dad, Mom?" tanong niya, umupo agad sa mesa at tumingin sa akin.

"Baka mamaya andito na ang Daddy niyo. Check-up ko din kasi ngayon, anak..."

Napatingin si Ellixar sa tiyan ko na hindi pa malaki.

"Sana girl na po, Mommy..."
Tumango ako, ngumiti nang mahina.

"Gusto ko din talaga ng girl..."
Bumaba na rin si Eze—nakasimangot ito, parang may dinadala sa isip.

"Kain na, anak," tawag ko.
Umupo naman siya—tahimik, walang ngiti..

"Ezekiel, may problema ba? May nabubully ba sa'yo sa school?"
"Wala, Mom..."

"Eh bakit ang daming putik kahapon ng uniform mo??"

Hindi siya sumagot.

Si Ellixar ang sumagot para sa kuya niya.
"Mom, yung pulubi na tomboy na bata binabato kami pag nadaan kami sa lugar niya."

Napakunot ang noo ko.

"Bakit naman niya gagawin 'yon??"

"Si Kuya Helion po ang may kasalanan, pati po kami nadamay."

"Sinong bata 'yun...?" tanong ko, ang boses ko'y biglang seryoso.

"Yung bansot, Mommy, na may green eyes... pero pulubi siya, Mommy."

Napaisip ako bigla.

Sige, akong bahala. Mamaya dadaan Kami doon ng daddy niyo.

Nakaalis na ang mga bata para pumasok ng dumating si Elijah..

Halos mapatalon ako sa gulat nang may pulang rose na lumitaw sa harap ko at yumakap sa likod ko.

"Ano ba, Elijah, kakagulat ka naman..." sabi ko, pero ang boses ko'y may halong tawa na hindi ko na maitago.

Ngumiti lang siya—

at hinalikan ako sa pisngi, tapos sa leeg, tapos sa balikat.

"Pumasok na ang mga bata?" tanong niya, hindi pa rin bumibitaw sa yakap.

Ang mga braso niya'y nakapulupot sa baywang ko, ang dibdib niya'y nakadikit sa likod ko, at ramdam ko ang tibok ng puso niya na mabilis pa rin kahit tahimik lang siya..

"Oo..." sagot ko, nakayakap din sa kanya. Para kaming tanga na akala mo ang tagal hindi nagkita, ehh tatlong araw lang naman siyang hindi nakauwi dahil sa mission niya.

Pero kahit tatlong araw lang 'yon, parang buwan para sa akin. Parang walang katapusan ang paghihintay tuwing wala siya.

"Sa kwarto tayo? O dito sa kitchen?" bulong niya sa tenga ko, ang hininga niya'y mainit at nakakakiliti.

Namula ako agad.

"M-may check-up ako ngayon, ikaw talaga!" namumula kong sabi sabay hampas ng mahina sa braso niyang nakapulupot pa rin..

.

"Ayaw mo?" tanong niya, ang tono'y may halong pang-aasar pero may lambing pa rin..

Umiling ako—pilit, pero totoo.

"Mamaya nalang pag-uwi..." sabi ko, ngumingiti nang tipid kahit nahihiya pa rin.

Hindi siya umimik. Bumitaw siya nang dahan-dahan, lumayo nang kaunti, parang batang nagtatampo, pero nakikita ko pa rin ang kislap sa mata niya.

Tumalikod siya at pumanhik na sa itaas—tahimik, walang salita, pero ramdam ko ang init ng titig niya bago siya mawala sa hagdan..

Sinamahan niya akong magpa-check-up—saglit lang naman. Si Elijah ay tahimik sa buong oras, hawak ang kamay ko, nakatingin sa screen ng ultrasound nang walang ekspresyon pero ramdam ko ang pag-igting sa kamay niya tuwing naririnig niya ang heartbeat ng baby namin.

"Healthy pa rin po," sabi ng OB, ngumiti siya nang tipid pero hindi siya sumagot. Basta tumango lang, hinila ako palabas pagkatapos ng appointment.

Nung pauwi na kami, napatingin ako sa paligid habang pumapasok na ang kotse ni Elijah sa subdivision.

Doon ko nakita 'yung sinasabi ni Elli.
Yung pulubi na tomboy na bata..

"Elijah Hinto mo muna ..." Kumunot ang noo ng asawa ko pero sumunod naman, bumaba ako..at Lumapit Doon sa bata, si Elijah naiwan sa kotse.

Yung bata parang siyang may inaabangan, Baka Sina elli at eze Kasi ganitong oras ang uwian nila—maputi pero marumi ang mukha at damit, green eyes na matalim, buhok na mahaba at magulo. May hawak siyang maliliit na bato, pero nang makita niya ako, bigla niyang binitawan.

Lumapit ako nang dahan-dahan.
"Hi..." sabi ko..

"Ako si Athena... Mommy nina Eze at Ellixar."

Tumingin siya sa akin—walang takot, pero may pag-iingat.

"A-ako po si... Zia," sabi niya, ang boses ay mahina pero matigas.

"Zia... Ikaw ba ang bumabato sa mga anak ko?"

Tahimik siya saglit. Tapos tumingin sa lupa.

"Kasi po sinira nila yung bola ko.."

Napalunok ako.

"Zia... Asan ang mama at papa mo..," tanong ko nang mahinahon.

"W-wala na po..."
Tumingin siya sa akin—ang green eyes ay parang may luha na parang pilit na hindi niya pinapatulo,

Nakaramdam ako ng awa..

"Ilang taon kana??"

"Sabi po nung Waldo Ganito na po ako...at malapit na po akong maging dalaga pero lalaki po ako.." Aniya Sabay pakita ang mga daliring maliliit ...

"Seven kana....pero babae Ka zia" Sabi ko nakangiti, tipid din itong ngumiti pero ng may makitang paparating nanlaki ang mga mata niya...

Napalingon ako, tatlong lalaking malalaki ang katawan ang parating, parang Hindi gagawa ng mabuti..nakangisi sila samin..

"P-pasensya na po.."dagdag na bulong ni Zia at mabilis na tumakbo palayo..

Papalapit Yung tatlo sakin ngising ngisi pero agad nawala ang ngisi nang bumaba ng kotse si Elijah...

Umiwas sila ng lakad bigla at nagtungo sila sa direksyon kong saan tumakbo yung Zia..

Chapter 51

THIRD POV

Zia!!

Sigaw ni Waldo. Nanginginig ang katawan ng bata nang huminto siya kahit ayaw niya. Dahil kapag magmatigas siya, siguradong mabubugbog na naman siya ni Waldo.

"Bata..." sabay hawak ng mahigpit sa balikat niya.

"Parang type ka ampunin nung babae... paampon ka. Tapos pag nakapasok ka na sa bahay nila, buksan mo ang lock ng bahay sa gabi... para makapasok kami."

Napalunok si Zia...at marahang tumango..

"Magaling... talagang maaasahan ka," sabi ni Waldo sabay tingin ng malaswa sa bata.

"Ilang taon pa... siguradong mas maraming pakinabang at pera ang madadala mo sa'min. Maraming parokyano ang magkakainteres sa'yo."

Sabi pa nito... na kinatakot ni Zia at kinaatras.

Maya-maya...

"Zia!" tawag ni Athena, hinabol ang bata.

"Yung bilin namin, Zia... galingan mo ang pag-arte ha," bulong ni Waldo sabay lakad palayo kasama ang dalawa pang lalaki.

Si Athena at Elijah ay nakalapit, pero si Elijah ay nakatitig lang sa tatlong lalaking palayo... masama ang tingin, parang may mangyayari na hindi maganda..

"Okay ka lang, Zia?" nag-aalalang tanong ni Athena.

"O-okay lang po ako..."

"Halika, sama ka sa'min. Doon ka na lang sa'min. Delikado para sa katulad mo na nasa labas... maraming masasamang tao na nagkalat...babae ka pa naman."

"L-lalaki po ako..." Pamimilit ni zia.. Yun ang gusto niya maging lalaki para makaiwas sa mga katulad ni Waldo pero babae talaga Siya pusong lalaki lang talaga.

Hindi na tumutol si Zia Nang hilain siya at isama nila Athena at Elijah pauwi sa bahay ng mga ito.

ATHENA POV

Ezekiel, Ellixar... siya si Zia. Ituring niyong kapatid niyo na siya, kaya maging mabait kayo sa kanya, sabi ko sa dalawang anak ko na nakatitig lang kay Zia.

Kasalukuyan kaming nagdi-dinner na... si Zia pinaliguan ko, binihisan. Damit niya pinabili ko pa kay Elijah kanina, at ngayon, babaeng-babae na siya.

Maganda siyang parang manika—green eyes Ito, malinis na buhok na kulot as in napakaganda ng pagkakakulot, Yung damit na binili ni Elijah simple pero magandang dress na pinkish, at maliit na sapatos na may ribbon. Kaya siguro natulala ang dalawa.

Napansin kong tinitigan siya nila Elli at Eze... hindi galit, pero may kakaibang titig na hindi ko mabasa. Parang curious, pero may halong something na hindi maganda.

"Mommy... pwede siya sa kwarto ko?" tanong ni Ezekiel na kinalaki ng mata ko.

Natawa naman si Elijah, napailing.

"Hindi pwede, Eze. Babae siya, hindi pwedeng ganun," sabi ko agad, ang boses ay seryoso pero mahinahon.

"Elijah, pagsabihan mo 'yan si Eze ha."
Tumingin si Elijah sa anak namin—walang galit sa mukha niya, pero matigas ang tingin.

"Eze," sabi niya, ang boses ay mababa pero may awtoridad.

"Babae si Zia. Hindi pwede na magkasama kayo sa iisang kwarto. May sarili kayong kwarto. Respeto 'yan. Naiintindihan mo ba?"

Tumango si Eze—mabagal, pero tumango. "Opo, Daddy..."

Si Ellixar naman ay tahimik lang, nakatingin pa rin kay Zia na parang hindi makapaniwala na may bagong member ng pamilya.

Zia ay nakayuko lang sa plato niya, hindi nagsasalita. Ang mga kamay niya'y nakakuyom sa lap, parang natatakot pa rin na baka itaboy siya.

Napatingin ako kay Elijah—ngumiti Lang Ito sakin..

THIRD POV

Lumakad si Zia palabas... hindi alam kung susundin ang utos ni Waldo. Mabait sa kanya si Athena—at ayaw niyang mapahamak ito. Hindi niya kaya. Hindi niya gustong gawing dahilan para masaktan ang bagong pamilya na unang nagparamdam sa kanya ng ligtas kahit saglit lang.

Napunta siya sa likod kung saan maraming pusa—mga strays cat na alaga ng pamilya..

Nakaupo siya sa maliit na bangko sa hardin, hinihimas ang mga pusa na lumalapit sa kanya.

"Hi..." aniya nang mahina, ngumingiti nang tipid habang hinahaplos ang isang kulay gray na pusa na may puting dibdib. "Ang lambot niyo..."

Mayamaya..

"Hoy, bansot!"

Napatayo si Zia at napalingon.

Nakatayo sina Ezekiel at Ellixar—parehong nakangisi, pero hindi 'yung ngiting mabait. May kakaibang liwanag sa mga mata nila na hindi niya gusto.

"Bukas andito si Kuya Helion," sabi ni Ezekiel, ang boses ay mababa pero puno ng pang-aasar.

"Pupunta siya dito. Kaya humanda ka."

Umirap si Zia—pilit na pinapakita ang tapang kahit nanginginig ang mga kamay niya sa likod.

"Ano naman!!" sagot niya..

Lumapit si Ezekiel—dahan-dahan, nakangisi pa rin. Napaatras si Zia, ang likod niya ay Lumapit sa pader ng likod ng bahay.

Naghagilap si zia ng pamalo sa paligid—at nakakita ng patpat na nakahiga sa damo. Kinuha niya 'yon, hinawakan nang mahigpit.

"Sige, ihahampas ko 'to sa'yo!!" Aniya..

"Sige nga, hampasin mo ako," sabi ni Eze, natatawa nang malakas.

Inis na inis si Zia na nakatitig dito..

Ihanda mo na bukas ang sarili mo. Pupunta si Kuya Helion at kade..." lumapit pa si Ezekiel.

Kaya sumigaw si Zia—matinis..

"Tita!!!"

"Sumbungera..." pang-asar pa ng dalawa bago pumasok sa loob, nagtawanan pa sila nang mahina habang naglalakad palayo.

Naiwan si Zia sa likod—nanginginig, nakahawak sa patpat... Ang mga pusa ay lumayo na rin, parang naramdaman ang tensyon.

Hindi niya alam kung ano ang gagawin.

Pero alam niya... kailangan niyang magdesisyon.

Kaya tumayo siya—lumapit sa inalis ang pagkakalock..

At naglakad siya pabalik sa loob.

Pagpasok niya, madilim na ang sala. Saktong pababa si Athena.

"Halika na, Zia... pasok ka na sa magiging kwarto mo."

"S-sige po..." nagguguilty niyang sabi, sabay yuko at umakyat na sa itaas kasama si Athena..

Nadaanan pa niya ang kwarto ng mag-asawa—nakabukas bahagya ang pinto. Agad siyang natakot nang makita ang madaming peklat sa likod ng asawa ni Athena.

Topless kasi ito at nakaupo na, ang tuwalya ay ipinupunas sa basang buhok.

Para siyang kinilabutan... pero hinayaan na lang niya at tumuloy na sa kwarto niya.

"Good night, Zia," sabi ni Athena at pinahiga na siya..

Pero hindi siya natulog.

Nakikiramdam siya sa pagdating ng grupo ni Waldo..

Tahimik ang bahay—walang ingay..

Nakahiga parin si Zia sa kama, ang mga kamay ay nakakuyom sa kumot. Ang bagong damit na binigay ni Tita Athena ay malambot sa balat niya—una siyang nakasuot ng ganito nang walang butas o mantsa. Pero sa isip niya... hindi pa rin siya mapakali.

Ang plano ni Waldo na nagawa na niya ay paulit-ulit sa utak niya: "*Buksan mo ang lock sa gabi... para makapasok kami."*

Pero ang bawat pag-iisip niya roon ay parang sinaksak sa dibdib. Si Tita Athena... mabait sa kanya. Binigyan siya ng pagkain, ng damit, ng kwarto..nagguguilty siya pero pag Hindi niya ginawa yun Baka patayin naman siya ni Waldo..

Chapter 52

Hindi ka pa ba matutulog? tanong ni Athena nang mapansin na nakaupo lang si Elijah sa gilid ng kama habang pinupunasan ang mahabang patalim. Nakakatakot tingnan ang eksena—ang talim ay kumikislap sa ilaw ng bedside lamp, at ang paraan ng pagkakahawak niya ay parang sanay na sanay. Pero ngayon, nakasanayan na niya iyon.

Hindi ito sumagot. Titig na titig lang sa patalim na hawak, parang may iniisip na hindi niya gustong sabihin nang malakas.

"Elijah... bakit?" tanong ulit ni Athena, ang boses ay mahina at puno ng pag-aalala.

Bigla siyang tumayo—topless pa rin, hindi man lang nagdamit. Diretso siyang palapit sa pinto, ang patalim ay nanatili sa kamay.

"Dito ka lang at huwag kang lalabas," bilin ni elijah sa kanya..

Kinabahan si Athena—ramdam niya ang biglaang pagbabago sa hangin ng kwarto. Pero marahan siyang tumango at umupo na rin, hinila ang kumot para takpan ang katawan. Hindi niya na tinanong kung bakit. Alam niya na kapag ganito si Elijah... may mangyayari.

Sumara ang pinto niya nang mahina, pero kasabay nito, bumukas ang pinto sa gilid—lumabas sina Ezekiel at Ellixar.
Si Ezekiel ay seryoso—walang ngiti, walang takot na makikita sa mukha. Si Ellixar naman ay nakangiti, parang gusto lang manood ng kung ano mang mangyayari.

Naunang lumapit si Elijah sa hagdan at sumilip—madilim ang buong kabahayan nila. Ang mga hakbang ay tahimik pero mabigat, parang hayop na naghahanda sa pangangaso.

Sa sala... may tatlong lalaki na naghahalungkat.

"Waldo... mukhang, mayaman talaga 'yung pamilya! Ang ganda ng mga gamit, puro high-tech!" sabi ni Bravo, habang binubuksan ang drawer ng side table.

"Sshh... manahimik ka at maghiwa-hiwalay tayo. Ikaw, Bruno, sa taas ka," utos ni Waldo

Umakyat si Bruno... pag-akyat, unang pinuntahan ang gilid na pinto. Akmang hahawakan niya pa lang ang doorknob nang biglang may humampas sa batok niya na kinawalan niya ng malay.

Sumunod na umakyat si Bravo—ganun din ang ginawa ni Elijah. Isang mabilis na galaw mula sa dilim. Natumba rin ito nang walang Malay..

Si Waldo ay nasa sala lang, naghahalungkat pa rin ng mga gamit nang mapatigil at mapatingin sa braso niyang may tumusok na injection sa gilid. Si Ezekiel ang may gawa nun—ngiting-ngiti..

Ang mga mata niya... walang takot, walang guilt. Parang normal lang na eksena para sa kanya.

Bumagsak si Waldo, nilagpasan lang Ito ni Ezekiel at umupo sa sofa kung nasaan si Ellixar na nakaupo na rin..

Mabilis na tinalian sila ni Elijah—kamay sa likod, paa, bibig natakpan ng duct tape na galing sa drawer. Dinala niya sila sa sala kung saan naghihintay ang dalawang anak na gising na gising: si Ellixar at Ezekiel. Pareho silang nakaupo sa sofa, walang takot sa mukha. Si Ellixar ay nakangiti pa nga, parang nanonood lang ng palabas, Si Eze ay seryoso..

Nung nagising ang tatlo—doon na pumuwesto si Elijah sa likod nila.

Una si Bruno—mabilis na hiwa sa lalamunan, dugo na bumuhos tulad ng gripo. Walang sigaw, walang laban. Natumba siya sa sahig, ang mga mata ay nanatiling bukas.

Sumunod si Bravo—pareho, mabagal na hiwa, pero idiniin pa ni Elijah para mas maramdaman. Ang dugo ay tumulo sa sahig, sa paa ni Ellixar. Pero hindi umiyak ang bata. Nakatingin lang siya, parang fascinated.

Huli si Waldo—hindi na siya nagmalaki. Umiiyak na siya sa ilalim ng tape, nanginginig. Pero hindi na rin nagtagal. Isang malakas na hiwa—tagos hanggang likod ng leeg. Natumba siya, duguan ang buong katawan, ang mga mata ay nanatiling nakatitig sa kisame.

Tahimik ulit ang sala.

Si Elijah ay tumayo—duguan ang buong katawan, ang patalim ay tumutulo pa rin. Walang emosyon sa mukha niya.

Lumapit si Elijah sa mga bata—duguan pa rin ang kamay.

"Tapos na," sabi niya, ang boses ay walang emosyon pa rin. "Safe na kayo."

Tumango si Eze—

Si Ellixar ay tumawa nang mahina. "Daddy... Ang galing!"

Ngumiti Lang si Elijah pero Isang pagkabasag ang nagpatigil sa mag-aama at sabay-sabay silang napalingon.

Si Zia 'yon.

Nasa baba din pala ito at nagtatago lang sa sulok, nasanggi nito ang vase..Kaya nabasag..

Nanlalaki ang mga mata niya habang nakatulala sa mag-aama—halos hindi makapaniwala na patay na ang grupo ni Waldo at ang pumatay ay ang asawa ng kumupkop sa kanya na si Tito Elijah.
Napaatras siya nang isang hakbang, nang Bigla niyang naramdaman ang pagyakap ni Tita Athena sa likod niya—mainit, mahigpit, parang gustong protektahan. Pero ang paningin niya ay unti-unting nanlalabo... ang mundo ay umiikot nang dahan-dahan, hanggang sa tuluyang nawalan siya ng malay.

Sa huling sandali bago siya mawalan ng malay, narinig niya pa ang mahinang bulong ni Athena sa tenga niya.
"Shh... okay lang, Zia. Wala kang nakita."
Tapos... dilim na.

ZIA POV..

Hindi ako nananaginip. Totoo ang nakita ko! Pinatay talaga nila ang grupo ni Waldo!

Marahan kong binuksan ang pinto at bumaba. Naabutan kong malinis na ang sala na kagabi ay puno ng dugo—walang bakas, walang amoy, walang mantsa. Parang hindi nangyari ang lahat. Parang panaginip lang talaga... pero alam ko, totoo 'yon.

Si Tita Athena ay nasa kusina, nagluluto na. Napatingin siya sa akin nang maramdaman ang presensya ko.

"Hi, Zia... good morning!" sabi niya, ngumiti nang malambot na parang walang nangyari kagabi.

"G-good morning po..."

Napatingin ako sa paligid. May napansin akong dalawang bag sa tabi ng sofa—mukhang gamit ng mga pinsan nina Eze at Elli.

"Andito ang mga pinsan nila Eze at Elli. Mababait naman sila, Zia," sabi ni Tita Athena na kinatango ko lang.

"Seven ka na, ihahabol kita sa enrollment para makapag-aral ka..."

Dahil doon, napangiti ako. "S-salamat po, Tit—"

"Mommy na lang," sabi niya na kinaluha ko sa saya. Ang salitang 'yon... Mommy... parang hindi ko pa narinig sa buhay ko nang ganito.

Maya-maya, may mga patakbong bumababa.

"Boys! Kain na..." aya ni Mommy Athena.

Agad akong tumulong sa kanya maghain.

'Yung apat—si Eze, si Ellixar, si Kade, at si Helion—napansin kong nananahimik bigla at nakatitig lang sa akin.

Tahimik ang lamesa... hanggang matapos mag-almusal.

Matapos tumulong kay Mommy Athena, patakbo na akong umakyat sa itaas, nagsara ng pinto at nag-lock.

Handa na sanang maligo nang bumukas bigla ang pinto. Pumasok sina Ezekiel na may hawak na tila duplicate key ng kwarto ko tapos sunod si Ellixar, Kade, at 'yung Helion na binayagan ko noong nakaraan.

"Ano 'yon!? Bakit! Lumabas nga kayo!"

"Tita!!" sigaw ko nang humakbang palapit Yung Helion—at halos manlaki ang mga mata ko nang makitang may hawak itong patalim.

"Wow, di ka na nakapanglalaki ngayon ah..."

"Ano naman!"

"Alis!!" inis na sabi ko.

Tumawa lang ang mga lalaki.

"10 years..." sabi ni Helion.

"Pagbalik ko... gagawin kitang babaeng-babae na talaga, Zia. Ipapakita at ipaparamdam kong babae ka."

Hindi ko alam kung bakit nangilabot ako dahil Doon..Gulong gulo ang bata ko pang isip sa pinagsasabi nito..

"Helion..." biglang lamig ang boses ni Kuya Ezekiel...," habang wala ka... pwede naman kami ang magtuturo maging babae siya..

Nagtawanan sila

"Mga baliw ba kayo?! Lumayo nga kayo!!" Inis na sigaw ko, naguguluhan ang mura kong isipan...Kung ano ba ang pinagsasabi nila..

Pero sa isip ko... oo, mga gwapo ang mga ito. Sigurado ako paglaki nila at maging ganap ng mga binata, gwapo talaga. Pero para sa akin... wala nang iba pang mas gagwapo pa sa paningin ko...

kundi ang sarili ko.

EPILOGUE

THIRD POV

“Mommy, labas lang po ako!” paalam ni Zia habang pasakay ng bike.

Eighteen na siya sa Sabado—

“Sige, Zia. Mag iingat ka ha..." sagot ni Athena, habang nasa sala at nakikipagkuwentuhan Kay ellise tungkol sa mga anak—ang paboritong pastime ng mga nanay.

“Ang hirap talaga pag puro lalaki, ‘no?” tanong ni Ellise, nakangisi..

“Grabe, oo. Buti na lang at nand’yan si Zia. Kahit paano, naranasan ko ring magkaanak ng babae.”

Natawa nang malakas si Ellise, halos matapon ang kape niya.

“Babae ba ‘yun? Eh lalaking-lalaki naman Manamit ipit na ipit ang dibdib!”

Sumabay na rin si Athena sa tawa, umiling-iling.

“Ewan ko na nga diyan sa batang ‘yan… Green eyes, ang ganda ng kulot ng buhok, ‘tapos ‘yung katawan— napaka-sexy. Pero mas gusto pa ring magsuot ng oversized t-shirt na pang-lalaki at cargo shorts.”

Naiiling ulit siya, parang nanghihinayang..

“Last time nga, gusto pa niyang magpagupit ng panglalaki. Ellise, binabawalan ko...Ang ganda-ganda ng buhok niya, tapos magpapagupit Ng ganun? Hindi pwede...”

Natawa si ellise..

“Eh paano sa debut niya sa Sabado?” nakangising tanong ni Ellise.

“Baka nakatuxedo pa ‘yan, ha. Black suit, bow tie, tapos lalakad siya sa stage na parang groom.”

Pareho silang tumawa..

“Naku, mababago pa ‘yan,” sabi ni ellise habang pinupunasan ang sulok ng mata.

“Dalaga na eh. Malay mo, biglang may magkagusto sa kanya… doon na siya magiging ‘babae’.”

“Sana nga,” sagot ni Athena, may halong pag-asa sa boses.

Maya-maya ay bumaba si Elijah kasama ang bunso Nilang si Elias..

“Saan kayo pupunta, dhie?” malambing na tanong ni Athena, biglang lumambot ang mukha.

“Kila Alessandro, Gusto mo sumama..?”

“Madami pa akong gagawin eh,” sagot niya habang nakangiti pa rin.

Yumuko si Elijah, saka inilapat ang mabilis pero mainit na halik sa labi niya.

“balik kami agad...mhie, I love you” bulong nito bago tuluyang lumabas.

"Bye, mommy.." wika naman ng bunso naming si Elias na mag sasampung Taong gulang palang..

Bumaling si Athena kay Ellise, nakangiti.

“Sina Ellixar at Ezekiel, malapit na ring umuwi..”

“Naku, baka mag-sabay-sabay pa silang mag-pinsan,” natatawang sabi ni Ellise.

“Pati ‘yung kade ko pauwi na rin. Parang reunion na naman ‘to sa bahay.”

Pareho silang napatingin sa pintuan kung saan umalis si Zia kanina.

“May binata at Dalaga na ako…” bulong ni Athena, parang hindi pa rin makapaniwala.

"Maiba Tayo Athena may susuutin naba si Zia?"

" Oo… meron na. Binilhan namin ni Elijah kahapon lang..teka eto oh...”sabay pakita ng picture ng gown sa cellphone niya..

Lumaki ang mata ni Ellise nang makita ang picture. Isang eleganteng off-shoulder gown sa kulay emerald green— eksakto sa green eyes ni Zia. May subtle shimmer ang tela, at ‘yung skirt, medyo flowy pero hindi sobrang ball gown. Classy. Feminine. Parang para talaga para kay Zia.

“Grabe… ang ganda!” sambit ni Ellise, may halong gulat. “Pero… sure ka bang susuotin ‘to ni Zia?”

"Oo, ayaw Ng pink ng bata na Yun..naghahanap nga Ng black gown pinagalitan ni Elijah..." Naiiling na Sabi ni Athena..

"Malapit na din ang debut si Elaine ko..bantay sarado ng daddy niyang si knight..Hindi makaporma ang mga manliligaw paano pa pag umuwi ang kuya kade niya dalawa na bantay niya..

SAMANTALA

“Hi, Sheryl…”

Hmp!!

“Suplada mo naman…”

“Pwede ba, Zia? Lumayo ka…”

Napapakamot sa ulo si Zia habang sumisimangot, pero halatang hindi naiinis talaga. Nakaupo pa rin

siya sa gilid ng kaibigan niya sa bench..

“Oi, Zia! Ano bang nagustuhan mo kay Sheryl eh di hamak na mas maganda ka dun..” sabi ni Nory, ang best friend niyang pusong-lalaki rin..

“Sshh…diba sabi ko pag tayo lang, ako si Zion,” bulong ni Zia, nakatingin sa paligid na parang baka may makarinig. Pero sa totoo lang, medyo namumula na ang pisngi niya.

Si Nory sumandal sa balikat niya, natatawa nang mahina.

“Zion o Zia, pareho pa ring bagay sa’yo ‘yung emerald green gown na binili ng parents mo. Debut mo na sa Sabado, bro."

"Oo nga ehh..tapos darating pa bukas ang mga Kuya ko.."

“ah, ‘yung mga first kiss mo…” pang-aasar pa ni Nory.

“Manahimik ka nga!! Kinikilabutan ako!” sigaw ni Zia habang binigyan ng Mahinang suntok ang braso ng kaibigan.

Maya-maya ay tumayo si Zia at naglakad patungo sa malaking puno ng mangga sa may parke.

Debut ko na sa Sabado…

Tapos pauwi pa sila Kuya Ezekiel at Kuya Ellixar.

Sa isipin palang na yun hindi ko na maiwasang kabahan.

Napailing siya sa sariling iniisip.

KINABUKASAN...

“M-mommy, pwede po bang hindi sumama magsundo??”

Nakaupo pa rin si Zia sa gilid ng kama, nakayakap sa unan, mukhang gustong-gusto nang magtago sa ilalim ng kumot. Si Athena naman, nakaupo sa tabi niya, hinahagod ang likod ng anak habang nakangiti pero may pag-aalala sa mata.

“Naku, Zia… sumama ka na. Bakit ba parang natatakot ka? Eh mababait naman ang mga kuya mo. Nakakatuwa nga at sabay-sabay silang uuwi—isang sunduan na lang.”

Napatingin si Zia sa Kay Athena gulat na gulat..

“A-ano po sila kuya Helion, Kuya Kade, Kuya Ezekiel, at Kuya Ellixar? Sabay-sabay pong uuwi??”

Tumango si Athena, lumalambot ang boses.

“Oo… debut mo diba sa Sabado? Kaya uuwi sila. Gusto nilang makita ka sa araw mo. Parang family reunion na agad bago pa man magsimula ang party mo....paano Zia Baba na ako antayin nalang Lang namin Ng daddy mo sa baba ha..”

Athena's POV

Nakakatuwang isipin na pagkatapos ng lahat ng hirap na pinagdaanan ko… may masaya akong pamilya ngayon.

Nakaupo ako sa sala, hawak ang kamay ng aking si Elijah Nandun din si elias..habang Hinihintay ang prinsesa naming si Zia..

Di man kami nabiyayaan ni Elijah ng anak na babae—sa katauhan ni Zia, naranasan kong magkaanak ng babae.

Oo, lalaking-lalaki siya sa pananamit, sa pag-uugali, sa tawag sa sarili na siya si “Zion” kapag kasama ang mga kaibigan.

Pero kapag nakikita ko ‘yung excitement sa mata niya… babae siya. Ang baby girl ko. Ang pinakamalaking biyaya na hindi ko inasahan.

Pero hindi lahat ng parte ng kwento namin ay puro saya.

Si Kuya Zeke… makalipas ang ilang taon, hindi pa rin talaga tanggap ng side nila Elijah.

Muntik nang mawala ang lalaking mahal ko dahil sa parusang ibinigay niya kay Elijah noon—‘yung galit, ‘yung parusa, ‘yung mga salitang parang kutsilyo na tumagos hanggang buto.

Hanggang ngayon, hindi pa rin kami nag-uusap. Parang may invisible wall pa rin sa pagitan namin.

Naiiyak ako minsan kapag iniisip ko ‘yun. Dahil kuya ko parin siya. Pero kahit may kulang pa rin.
Sa puso ko, tapos na.
Sapagkat sa kabila ng lahat ng hirap, nandito na kami. Masaya. Buo. At handa na para sa susunod na chapter ng buhay na mag kasama at nag mamahalan.

Tapos na ang kwento ng hirap, pagtitiis, at paghihintay..
Matagal ng nagsimula ang kwento ng saya para Samin ni Elijah..

The End.

SPECIAL CHAPTER!!!!

Nakaupo ako ngayon sa kama,

Kabado.

Sobrang kabado.

Halos mapatalon ako sa gulat nang biglang may kumatok sa pinto.

"Zia..." malambing na tawag ni Mommy Athena mula sa labas.

"P-po...?"

"Bumaba ka na at kakain na. Gutom na ang mga kuya mo."

"Sige po... susunod na po..." sagot ko, pero hindi agad gumalaw ang katawan ko.

Kakasundo lang namin kina Kuya Helion, Kuya Kade, Kuya Ezekiel, at Kuya Ellixar sa airport kanina.

nakakatakot yung titig nila, Hindi ko matagalan.

Tumayo ako nang dahan-dahan at napatingin sa salamin sa harap ng aparador. Pinagmasdan ko ang sarili ko nang matagal.

Curly hair na hinayaan kong Humaba hanggang balakang, green eyes na laging sinasabing "nakakamangha" ng mga tao, mestiza skin na medyo namumula kapag kahit maarawan Lang ako saglit.

Bumaba ang tingin ko sa katawan ko-sa partikular na dibdib ko na iniipit ko pa rin ng binder kahit nahihirapan na ako.

Kahit anong ipit ng binder, may dibdib talaga ako. Hindi na maitatanggi.
Maya-maya, hindi ko na kinaya. Itinaas ko ang t-shirt ko, hinubad ang binder nang dahan-dahan dahil sumasakit na talaga ang likod at tagiliran ko. Huminga ako nang malalim nang mailabas ko na ang dibdib ko.

Tinitigan ko ito sa salamin.

Ang ganda.

Tayong tayo at bilog na bilog.

Siguro kasi... dalaga na talaga ako.

Kinuha ko ang bra sa drawer, Ang totoo kapag lumalabas lang ako nag bbinder pero pag dito sa bahay Hindi ako nag bbra, pero ngayon kailangan ko itong suotin, tinitigan ko muna ito sa kamay ko. Simple lang-black..

Isinuot ko ito tapos ang t-shirt ko ulit.

Huminga ako nang malalim.

Hindi ko alam kung bakit bigla akong kinakabahan sa pagdating nila...

Nakatungo lang ako habang nag-uusap sina Daddy Elijah at Mommy Athena sa hapag. Tahimik ako, pero naririnig ko ang bawat salita.

"Si Ezekiel, Ellixar, Helion, Kade, at 'yung dalawa pang anak Nang Tito Elion mo-sina Spade at Exodus...Yung anak Ng Tito Alessandro mo si cael at cali sila ang makakasayaw mo sa debut mo, Zia," sabi ni Mommy Athena, halatang excited na excited. Mata niya kumikinang habang iniisip ang choreo.

"Ay, si Daddy mo pa pala..." dagdag niya, tumingin kay Daddy Elijah.

Tumango lang si Daddy, ngumiti nang tipid.

Ako? Yukong-yuko na. Parang biglang lumaki ang hapag, lumaki rin ang presensya ng mga kuya ko na nakaupo sa paligid. Si Kuya Ezekiel at Kuya Ellixar lalo na-diretso ang tingin nila sa akin kanina pa, parang pinag-aaralan nila kung ano na talaga ako ngayon.
Maya-maya, may nag-doorbell.
Para makaiwas lang sa titig nila, agad akong tumayo.

"Ako na po, Dad," sabi ko nang nakangiti, pinigilan na tumayo si Daddy.

Tumango lang siya at ngumiti ulit..

Naglakad ako palabas ng bahay, papunta sa gate. Nakangiti pa rin ako nang buksan ko 'yun. Pumasok ang kotse-siguro may bisita Ngayon si daddy..

Agad na pumasok ang kotse, tumalikod ako para isara Yung gate..

Nang maisara ko na at akmang lalakad na..

hindi ko inaasahan 'yung sumunod na nangyari..

Biglang may tumakip ng kamay sa bibig ko mula sa likod.

Isinandal ako sa likod ng kotse, nalalaki ang mga mata habang napatitig sa harap ko.

Si kuya helion!!

Napakakisig-matangkad, bagsak ang buhok na ang hot talaga tignan-pero may nakakatakot na ngisi sa labi niya.

"Hi, little doll..."

"Hmm!!"

Maya-maya, may lumapit pa.
Ngayon malinaw na kung sino sila.
Si Kuya Kade at Kuya Helion.
Binitawan na rin ako ni Kuya Helion. Inis kong tinignan siya.

"Inaano ko ba kayo?! Susumbong ko kayo kay Mom-"

Hindi ko na natuloy.

May yumakap sa likod ko-isang braso sa bewang ko, isa sa leeg ko.

"K-kuya Kade!"

"Shhhh..." bulong niya sa tenga ko, boses niya mababa at nakakakiliti. "Gusto lang namin malaman kung babae ka na ba, little doll..."

"O-oo, babae na ak-" pagdadahilan ko sana para tumigil na sila. Pero naputol 'yun nang lumapit si Kuya Helion.

Yumuko siya.

Kinilabutan ako nang ipatagilid ni Kuya Kade ang leeg ko-para lang maamoy ni Kuya Helion.

Kumuyom Yung Mga kamay ko..

Naramdaman ko ang mainit na hininga niya sa balat ko, malapit sa kwelyo.
Napasinghap ako. Puso ko tumitibok nang mabilis..

Ngumiti siya nang maloko pero may lambing sa mata. "Bakit ang bango bango mo ngayon, Zia?"

Tumawa si Kuya Kade nang mahina, pero hindi niya binitawan ang yakap niya.

"Little doll's growing up... pero wag kang mag-alala. sakin ka parin." Bulong ni Kuya kade..

Napangisi si helion sabay hila sa kamay ko at lagay sa likuran niya..

"Sayo?" Tanong niya bigla kay kade..biglang naging seryoso ang dalawa..

"doll...sabihin mo nga sa baliw na Ito Kung sino ang gusto mo..." bulong ni Kuya helion..

Inis na inis akong Pilit binabawi ang braso ko..

"Bitawan mo nga ako! Baka makita tayo ni Mommy!"

Sa likod ng kotse, sa dilim ng garahe, sa gitna ng dalawa-parang biglang naging maliit na mundo 'yung sandaling 'yun.

Dalaga na ako.

At kahit kinikilabutan pa rin ako sa salitang 'yun...

Biglang bumukas ang ilaw sa garahe nang buo.

“Zia? Sino ang dumating?” tanong ni Mommy Athena mula sa pinto ng bahay nakasunod sina Kuya Ezekiel at Ellixar Mariin na nakatitig.

Agad nila akong binitawan—pero hindi nang walang huling haplos. Si Kuya Kade, hinaplos pa ang

bewang ko. Si Kuya Helion, hinaplos ang buhok ko na agad Kong hinawi.

Natulala ako bigla sa gilid.

Seriously… bakit parang may something sa magpipinsan?

Mga psycho ba sila?!

Hindi naman siguro. Pero bakit ganun?

GUYZZZZ!!!!!

HAHAHAHA NGAYON PALANG SASABIHIN KO NA....FINAL NA HINDI ITO POLY? ANG HIRAP GAWIN NG POLY GUYZZZ HINDI KO KINAYA!!!! HHAHAHAH

PWEDE BANG TYPE SIYA NG APAT!! PERO SHEMPRE ISA LANG ANG MAKAKA BEDSCENES NIYA???

MAGPATAYAN NALANG SILA PARA KAY ZIA.. MGA POSSESSIVE DIN KASI!!!!

SHEMPRE .. ANG KAY HELION AY KAY HELION LANG!! GANERN!! THANKS

FINAL NA TO!!!